


MAY ISANG LALAKI RITO

NA MAKAPAGBUBUKAS NG ILAW

 Salamat kapatid. (Hayaan siyang umawit.) Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon. Makalangit naming Ama, kami po ay nagpapasalamat sa Iyo ngayong umaga sa Iyong kabutihang-loob at habag, sa pagbibigay Mo sa amin ng pribilehiyo na magkatipun-tipon muli rito, isang araw sa dakong ito ng dakilang Walang Hanggan, para sambahin Ang Siyang kaibig-ibig, ang Panginoong Jesus Cristo. Pinasasalamatan Ka namin dahil Siya ay pumarito sa lupa para—para tubusin kami mula sa—sa makasalanang buhay, at upang ibigay sa amin itong dakilang pamana na mayroon kami sa pamamagitan ng Kanyang katuwiran. At habang kami po, ngayong umaga, ay naririto bilang Kanyang mga embahador, para—para pagpira-pirasuhin ang Tinapay ng Buhay para sa naghihintay na kongregasyong ito, nawa ang Espiritu Santo ay bigyang-inspirasyon ang bawat Salita at ilagay ito sa mga puso ng mga tao, ayon sa aming mga pangangailangan. Amin po itong hinihiling sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Magsiupo na.

² Tunay na itinuturing ko ito, at isang dakilang pribilehiyo, muli ngayong umaga, na tumayo rito kasama ninyo. Ipagpaumanhin n'yo na wala na tayong iba pang lugar bukod dito, para mabigyang-lugar ang mga tao. Ang aming tabernakulo ay hindi masyadong malaki. At kami ay lubos na nagpapasalamat na maparito, sa buong kapistahang ito, mula—mula doon sa aming tahanan sa . . . sa Tucson. At ang panahon ay medyo masama, pero kami ay masayang maparito at magkaroon ng pagtitipon.

Ngayon, gusto kong ibalita na mamayang gabi ay magkakaroon ng gawain para sa pagpapagaling mamayang gabi, o isang pananalangin para sa mga maysakit. At sinabi ko kay Billy ngayun-ngayon lang. Sinabi niya, “Buweno, ano po ang gagawin n’yo?”

³ Sabi ko, “Buweno, mabuti pa siguro’y mamigay ka ng mga kard mamayang gabi, mga alas-sais y medya, para kung saan ang mga tao ay hindi . . .”

At, kita n’yo, talagang siksikan na rito sa loob, maaari nating malaman kung papaano sila mapapapasok sa loob, nang isa-isa, para matawag kayo ayon sa bilang ng inyong kard, at nang sa gayon hindi magkakaroon ng anumang pagsisiksikan. Maaari

natin silang tawagin, isa-isa, hayaan silang dumaan sa linya habang ipinapanalangin natin sila.

⁴ Kaya, kayo, kung kayo ay may sakit, o mayroon kayong mga mahal sa buhay na may sakit, at gusto ninyo silang madala, pumunta kayo nang mga alas-sais y medya, mga ganun, alas-siyete, at kumuha ng prayer card. Siya ay naroon sa pinto, o sa kung papaano man niya ipamimigay ang mga iyon, habang kayo ay nagsisipasok.

⁵ At, pagkatapos, ito marahil ang huling pagkakataon na makakabalik ako, sandali, dahil mayroon akong napakaraming nakatakdang mga gawain ngayon. Tuluy-tuloy, at nasa Estados Unidos pa rin hanggang ngayong tagsibol, bandang huli. Kaya, kami, baka makabalik kami muli nang medyo bandang hulihan na ngayong tag-araw.

Kung loloobin ng Panginoon, gusto ko sana, kung makukuha natin ang—ang lugar sa dako rito kung ito ay may aircon. Tatanungin ko sana si Billy. Gusto kong mangusap tungkol sa Pitong Trumpeta na iyon, magkaroon ng gawa... isang pagtitipon dito para sa Pitong Trumpeta, kung—kung loloobin ng Panginoon. Sapagkat, iyon, ang—ang Pitong Kapanahunan ng Iglesia, at ang Pitong Selyo, at ngayon ay ang Pitong Trumpeta. At kung maaari sanang makakuha ng panahon mga bandang Hunyo kung saan ang mga tao ay mayroong bakasyon, mabigyan natin sila ng panahon para sila ay makasama.

⁶ At ako ay nagagalak na makita rito si Kapatid na lalaking Shepherd ngayong umaga, mula sa ospital. Lumabas ako noong isang araw para makita siya. At Kapatid na babaeng Shepherd, hindi kita natawagan kahapon. Ang panaginip na iyon na ipinadala mo sa akin ay talagang napakainam. Iyong nakita, kung paano nga talaga, si Cristo na nasa isang—na nasa isang... na—nasa alapaap, na nakasakay sa puting kabayong ito, ngunit gayunman ay nakagapos, nakita mo. Ngunit, gayunpaman, bago iyon naglaho, ay nakita iyon ng inyong pamilya. Iyon, ang kapaliwanagan sa panaginip na iyon, ay iyon ngang nakita ng inyong pamilya ang Kanyang pagkilos sa mga huling araw na ito bago ito lumipas, kung ano Ito. Kaya, ito ay, iyon ay napaka-espirituwal, at isang napakagandang pagpapala sa inyo, sa pamilya ninyo. Ang pamilyang iyan ay nakalabas na sa isang malaking kapighatian, para makarating sa kung saan sila naroroon ngayon.

⁷ At ngayon tayo ay mayroong, isang maliit na bahaging malungkot, ngayong umaga. Magmula nang makilala ko rito... Ang isa sa ating minamahal na mga kaibigan, at—at mga pumaparito sa tabernakulong ito, ang pamilyang Coats; na, lahat sila ay mahal natin. Sila ay nagmula pa sa silangan, at, o nagmula pa sa Chicago, mga diyan banda. At si Kapatid na babaeng Billie Habib, at—at ang kanyang kapatid na babae,

si Armstrong, at lahat ng mga babae. Sila . . . sa palagay ko ay dating mga Nazarene, at pumarito na sa Panginoon, at sila ay lubos na minamahal na mga kaibigan natin.

At si Kapatid na lalaki at Kapatid na babaeng Coats, ang kanilang ama at ina, ay nasa daan na pauwi noong nakaraang araw, mula doon sa Kanluran, at isang tao ang dumulas sa kalsada at—at pumatay iyon kay Kapatid na babaeng Coats, kaagad-agad. At—at habang tinatawagan nila ako noon sa, doon—doon sa Tucson, at nabalitaan ko ang tungkol doon, ako ay nakaupo noon doon na may hawak na isang kahon ng kendi na kagagawa lang niya para sa akin, nakalapag sa ibabaw—sa ibabaw ng mesa. At hindi ninyo alam kung ano ang ipinadama niyon sa akin. Pero ako—naisip ko na, salamat sa Panginoon sa umagang ito, na hindi na siya nagdanas pa ng hirap. Siya ay tumatanda na, at hindi na siya dapat pang maghirap. At siya ay Umuwi na para makapiling ang Diyos.

⁸ Iniisip ko lang kanina, at kausap ang dalawa niyang anak na babae, ngayun-ngayon lang, sa loob ng silid doon. Si Kapatid na lalaking Coats ay nandito ngayong umaga; nabalian siya ng ilang tadyang. At tinawagan ko siya sa ospital at kung saan siya naospital, doon sa Missouri, at ang kanyang tadyang na bali na at mga ganung bagay, pero siya ay totoong may tunay na lakas ng loob, isang tunay na Cristiano; nalalaman na ang kanyang munting reyna ay hindi patay, siya ay buhay magpasawalang-hanggan, kasama ni Cristo, at magkakaroon ng panahon ng pagsasama-sama.

⁹ Sinabi ni Job, minsan, “Oh, ikubli Mo nawa ako sa libingan, at ingatan ako sa isang lihim na dako, hanggang sa ang Iyong poot ay makaraan.”

¹⁰ Napansin n’yo na ba na ang Diyos, sa kalikasan, ay ginagawa ang gayun ding bagay? Katulad ng dagta na nasa mga puno sa dako rito, na nakakapit sa mga dahon; at bago dumating ang panahon ng taglamig, ang poot na ibinuhos sa lupa . . . Kita n’yo, sa isang panahon noon ang lupa ay walang taglamig. At sa Milenyum ay hindi na kailanman magkakaroon pa ng taglamig, alam n’yo. Kaya ito ay ang poot sa lupa. Pagkatapos nang mangyari iyan . . . Kita n’yo, bago dumating ang poot, ang Diyos sa Kanyang kahabagan ay pinabababa agad ang dagtang iyan doon sa . . . sa ilalim ng lupa, patungo sa ugat ng punong iyon, at pinananatili ito roon hanggang sa ang poot ng taglamig ay lumipas, pagkatapos ay muli itong pinaaakyat muli, kita n’yo, sa tagsibol.

“Oh, ikubli Mo nawa ako sa sheol, at ingatan Mo nawa ako sa lihim na dako, hanggang sa ang Iyong poot ay makaraan.” Iyan ang ginawa Niya para sa ating kapatid na babae. Iyan ang ginagawa Niya para sa lahat ng Cristiano.

¹¹ Kapatid na Coats, pagpalain ka ng Diyos. Ako’y masayang-masayang malaman iyan, na ang Selyo ng Diyos ay tumatangan sa oras ng kabagabagan. Alam ko ang kanyang pinagdaraan, dahil ako man ay dumaan din sa isang kaparehong sitwasyon, maraming taon na ang nakalipas. Pero ako ay...Kailangan nating tumawid nang isa-isa patungo sa napakalaking ilog na ito; at, ako, at darating ang oras ko, isa sa mga araw na ito; at ang oras ninyo, isa sa mga araw na ito. Subalit tulad nang sinabi ni David, “Wala akong katatakutang kasamaan; sapagkat Ikaw ay sumasa akin. Ang Iyong pamalo at ang Iyong tungkod ay nagsisaliw sa akin.”

¹² Ngayon bilang paggunita kay Kapatid na babaeng Coats, ang minamahal nating kapatid na pumaroon na sa Diyos. Ako...Bilang isang munting paggunita sa kanya, ngayong umaga, nais kong tumayo ang kongregasyon sa isang saglit lang.

Iyuko natin ang ating mga ulo at isipin ang isa na minsan, ilang araw lang ang nakalipas, ay pumasok dito—dito sa tabernakulong ito, pumasok at lumabas sa kalagitnaan natin, kinamayan tayo, isang kaibig-ibig na Cristiano, na nasa lugar nang iyon ngayon na ipinakita sa akin ng Panginoon hindi pa katagalan, isang kabataang babae na muli, na naghihintay sa pagdating ng kanyang pamilya.

¹³ Aming Makalangit na Ama, pinasasalamatang Ka po namin sa mga alaala ni Kapatid na babaeng Coats. Talagang isang natatangi, at minamahal na kapatid! At ngayon ang sandali ay dumarating na kapag naipamuhay na namin ang aming panahon sa buhay, na siyang inilaan sa amin, dapat na kaming tumawid sa ilog. Pinasasalamatang Ka po namin na hindi na po niya kinailangang maghirap pa. Tiyak marahil na wala kahit ano pa mang bagay na laban sa kanya rito, na kailangan niyang danasin pa. Siya ay sadyang pumaroon lamang nang direktso sa mga bisig ng Diyos, sa isang iglap lang.

¹⁴ Ang kanyang asawa, ang kanyang mga anak, ay narito ngayong umaga, Panginoon, na muling nakatayo sa kani-kanilang lugar ng tungkulin. Labis Ka naming pinasasalamatang para sa ganyan kagiting na pananampalataya! “Ang Pananampalataya ng aming mga ama na nananatiling buhay pa rin, sa halip na bartolina, apoy, at espada.” Amin Kang pinasasalamatang sa lahat ng mga bagay na ito.

¹⁵ Pagpahingahin Mo po ang kanyang minamahal na kaluluwa, Panginoon. Siya po ay isa naming kapatid na babae. Ang dalamhati, ang mga luha ay pumapatak sa aming puso, dahil sa kanyang pagkawala, subalit sumisibol ang galak mula sa mga patak ng luha, na ipinapaalam sa amin na may kasiguruhan ng Iyong Salita na siya ay nabubuhay sa isang buhay na imortal na hindi na maaaring mamatay pa. At wala nang sakuna sa kung

saan siya naroroon ngayon, naghihintay na lamang doon sa mga darating pa pagkatapos upang makasama niya.

¹⁶ Pagpalain Mo po si Kapatid na lalaking Coats, at pagpalain Mo po silang mga babae at ang kanyang pamilya, Panginoon, at silang mga mahal sa buhay, at lahat ng nagmamahal sa kanya. At balang araw, Ama, kami ay nagtitiwala na amin siyang makakatagpo doon sa dakilang Kabilang Dako, kung saan walang sakit, lumbay, o kamatayan. Hanggang sa panahong iyon, panatilihin Mo po kaming malusog at walang sakit, na naglilingkod sa Iyo, at umaasang may pananabik sa pagdating ng araw na iyon. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo hinihiling namin ito. Amen.

¹⁷ Nawa ang dakilang Espiritu Santo na siyang nakikitungo sa atin dito sa tabernakulo, sa paghahayag ng Kanyang Salita, nawa ay Kanyang pagpahingahin ang kanyang magiting na kaluluwa sa kapayapaan hanggang sa muli nating makita siya.

¹⁸ Ngayon ay maalinsangan dito ngayong umaga, dahil sa ang mga katawan, alam n'yo na, sobrang init dahil nga sa katawan ng tao.

¹⁹ Ngayon, gusto naming ipabatid sa inyo ngayon. Kung minsan ang ating mga gawain dito, dahil sa mahaba, kapag sa—kapag sa umaga, ang dahilan nito ay . . . Hindi talaga tama na magdaos ng gawain nang ganoon kahaba, dahil, isang oras, isang oras at kalahati, o kung minsan ay dalawang oras. Pero ang ginagawa ko, ako ay nagpapa-teyp dito sa likod, kita n'yo, at ang teyp na ito ay nakakaabot sa buong mundo. At iyan ang aking . . . nagkakatipon tayo, nang napakatagal, sa umaga, ay—ay dahil sa ako ay pumaparito para gawin ang mga teyp na ito. Iyan ay para . . . ? . . . sila ay . . . Kita n'yo, makikita n'yo doon sa silid, ang—ang mga teyp na—na inirerekord na. Ngayon . . . At ang mga ito ay nakakaabot sa lahat ng dako sa buong mundo.

²⁰ Ngayon, malapit na, kung loloobin ng Panginoon, ngayong darating na, pagkaalis na pagkaalis ko rito . . . Aalis ako, kung loloobin ng Panginoon, bukas ng umaga, sa kung anong oras, pabalik sa Arizona, dahil mayroon akong pagpupulong na paparating. At pagkatapos ito ay sadyang magtutuluy-tuloy hanggang sa dakong Timog. At kayong mga taga-katimugan mula sa Georgia, at Mississippi, at Texas, at Alabama, pupunta kami mismo diyari, tuluy-tuloy hanggang sa Florida, kaagad.

²¹ Pupunta naman sa Phoenix mula rito, pagkatapos ay sa California, at babalik agad sa Dallas, at—at sakali ay bababaroon sa San Antonio, yata iyon sa palagay ko, at sa pagbalik ay doon naman sa Alabama, at Florida, at tuluy-tuloy doon. Kaya makikita namin kayong mga tao doon, kung loloobin ng Panginoon, agad-agad.

²² At saka patuloy ninyo kaming ipanalangin, at ipapaalam namin sa inyo kung kailan, kung kami . . . inilagay ngayon sa

puso namin ng Panginoon na magdaos ng—ng ilang araw dito, ngayong darating na tag-araw.

²³ Mayroon akong ilang mga pagtitipon na nakatakda. At marami sa inyo na nasa New York ang nakakaalam noong dumating ang pangitain, na nagsabi na ang mga pagtitipong iyon sa bansang Scandinavian. . . Natatandaan n'yo ba ang mga iyon na naitakda na roon? At pagkatapos, habang ako ay nasa New York noon, ay dumating ang pangitain, na ang bawat isa sa mga pagtitipong iyon ay makakansela, sa kung anong kadahilanan. At natatandaan ko na nasabi ko sa ilan sa inyo rito, noong kami ay nasa New York. Iyon nga mismo ang eksaktong nangyari, dahil gusto nilang lahat ng magkaparehong araw at hindi nila makuha ang gusaling iyon.

Kaya nga, kung magkagayon, maaaring mag-iwan iyon ng kaunting puwang doon sa Hunyo. Maaaring iyon ay kalooban ng Panginoon, iniisip ko, na marahil ay para bumalik mismo dito para doon sa Mga Trumpeta, bago mahuli ang lahat. Kita n'yo? Kaya nalalaman natin na ang lahat ay nagaganap nang sadyang tama. Kaya iyan ang nasa puso ko, kaya marahil ito ang nais Niya na gawin natin.

²⁴ Ngayon nakikita ko na kayo ay nagpapalitan ng upuan sa isa't isa, at—at doon sa mga pasilyo, at iba pa. Sana ay mayroon lang kaming lugar para mapaupuan.

At ngayon kapag tatalakayin na natin ang Mga Trumpeta na iyan, iyan ay. . . gusto namin na makuha ang himnasyo ng mataas na paaralan. Palagay ko iyon ay makapagpapaupo ng limampu't limang daan, at kung gayon magkakaroon din tayo ng pagkakataon, na ang lahat ay makaupo, maupo at makinig nang tahimik habang tayo ay—habang tayo ay nangangaral.

²⁵ O, ito, ang Mga Trumpeta, ang mga iyan ay labis, labis na mainam. Pinag-aaralan ko ito noong isang araw. Kita n'yo, doon sa Ikaanim na Selyo, ang lahat ng Pitong Trumpeta ay tutunog doon mismo sa Ikaanim na Selyo, kita n'yo, bago buksan ng Ikapitong Selyo ang Pagdating ni Cristo.

²⁶ At, ngayong gabi, mayroon akong napakahalagang Mensahe na gusto kong ipangusap bago muna ang—ang—ang gawaing ukol sa pagpapagaling. At kung kayo ay naririto, at mananatili pa, sige, sisikapin natin, kung maaari na tayo ay makapagsimula nang mas maaga, dahil magkakaroon ng hanay para sa pananalangin. Hindi ako mangangaral nang napakahaba, pero may gusto akong sabihin sa iglesya, mga ilang panahon na rin, at medyo balitaan kayo tungkol sa—sa—sa—sa. . . kung paanong tumatakbo ang mga bagay-bagay sa panahong ito, at sadyang kung saan ba tayo naroroon, at sa abot ng aking nalalaman sa pamamagitan ng Kasulatan.

²⁷ Ngayon, gusto ko kayong dumako kasama ko sa umagang ito, kung nais ninyong markahan o magkaroon ng tala ng kung saan

tayo bumabasa, sa Aklat ni Isaias. At gusto kong bumasa mula sa Isaias, ika-42 kabanata ng Isaias.

²⁸ Labis tayong nagagalak ngayong umaga, gayun din naman, na makasama natin ngayong nakaupo rito si Kapatid na lalaking Dauch. Habang inyong binubuklat . . . Alam n'yo, akala nila hindi na siya mabubuhay pa, dito sa Shreveport noong isang araw. At tunay na mayroon siyang pananampalataya. Siyanga, po, nalampasan na niya mismo iyon; ang Panginoon ay pinagpapala siya . . . ? . . . Kita n'yo, si Kapatid na Dauch ay siyamnapu't isang taong gulang na, at nagkaroon ng ganap na pagpalya ng puso; at atake sa puso, pangunahin dito. At ang mismong doktor ay nagsabi na wala na raw silang nakikitang anumang paraan para siya mabuhay pa. Si Kapatid na Dauch ay buhay pa, at ang doktor na iyon ay patay na. Kita n'yo? Dahil, siya . . . Kita n'yo, si Kapatid na Dauch ay nakaupo rito.

²⁹ At pagkatapos, isang—isang lalaking siyamnapu't isang taong gulang, na may pagpalya ng puso at atake sa puso. At doon, nang ako ay papunta na roon, nakita ko siyang dumarating at naglalakad sa kalye; nakita ko siya sa loob ng iglesia. At nagpunta ako at sinabi sa kanya noon, sa loob ng isang oxygen tent, “Sa Pangalan ng Panginoon, kakamayan kita sa . . . muli kitang makikita sa loob ng iglesia, at kakamayan ka sa may kalye.”

Noong mismong kasunod na gawain, heto na siya, nakaupo na naman mismo rito sa iglesia. At nagpunta ako doon sa Louisville, kung saan kami kumakain sa Blue Boar sa banda roon, para kumain, at hustong ako ay bumababa na sa aking kotse, papunta pa lang doon sa kalye, ay heto nang dumarating si Kapatid na Dauch na naglalakad doon sa kalye. Hayun na nga, sadyang eksakto talaga. At kung paano talaga siyang pinagpala ng Panginoon!

³⁰ Ngayon tayo ay mangungusap tungkol sa pagpapagaling, ngayong gabi, at mga bagay-bagay pa, at mayroon akong ilang tunay na mahahalagang bagay na sasabihin sa inyo ngayong gabi.

³¹ Pero ngayon, para magawa ko na ang mga pagte-teyp ngayon, kung gayon ay maghanda nang buksan ang mga iyon, gusto kong magsimulang bumasa mula sa Isaias ika-42 kabanata, at sa una hanggang ika-7 talata. At sa Mateo ika-4 na kabanata, simula, sa palagay ko, sa 15 at sa ika-16 na talata.

³² Ngayon, sa—sa ika-42 kabanata ng—ng Isaias, atin nang babasahin.

Narito ang aking lingkod, na aking inaalalayan; ang aking hinirang, na kinalulugdan ng aking kaluluwa; isinakaniya ko ang aking espiritu: siya'y maglalapat ng kahatulan sa mga Gentil.

Siya'y hindi hihiyaw, o maglalakas man ng tinig, o iparirinig man ang kaniyang tinig sa lansangan.

Ang gapok na tambo ay hindi niya babaliin, ni ang isang timsim na umuusok ay hindi niya papatayin: siya'y maglalapat ng kahatulan sa katotohanan.

Siya'y hindi manglulupaypay o maduduwag man, hanggang sa siya ay . . . maitatag niya ang kahatulan sa lupa: at ang mga pulo ay maghihintay sa kaniyang mga kautusan.

Ganito ang sabi . . . ng PANGINOON, na lumikha ng langit, at nagladlad ng mga yaon; siyang naglatag ng lupa, at ng nagsisilitaw rito; siyang nagbibigay ng hininga sa mga tao nito, at ng espiritu sa kanila na nagsisilakad dito:

Ako, ang PANGINOON, ay tumawag sa iyo sa katuwiran, at hahawak ng iyong kamay, at magiingat sa iyo, at ibibigay kita na pinakatipan sa bayan, na pinakaliwanag sa mga Gentil;

Upang magdilal ng mga bulag na mata, upang maglabas ng mga bilango sa bilangguan, at nilang nangauupo sa kadiliman mula sa bilangguan.

³³ Ngayon sa Ebanghelyo ni Mateo, sa ika-4 na kabanata, nais kong basahin ang katuparan ng propesiyang iyan na ibinigay ni Isaias. Sa ika-4 na kabanata ng Mateo, ako—sisimulan ko nang basahin. Kung maaari, umpisahan natin sa ika-12 talata sa halip na sa ika-15.

Nang marinig nga ni Jesus na si Juan ay dinakip, ay umuwi siya sa Galilea;

. . . pagkaiwan sa Nazaret, ay naparoon siya at tumahan sa Capernaum, na nasa tabi ng dagat, sa mga hangganan ng Zabulon at Neftali:

Upang maganap ang sinalita sa pamamagitan ng propeta Isaias, na nagsasabi,

Narito, ang lupa ni Zabulon, at ang lupa ni Neftali, sa gawing dagat, sa dako pa roon ng Jordan, Galilea ng Gentil;

Ang bayan . . . nalulugmok sa kadiliman, ay nakakita ng dakilang ilaw; at sa nangalulugmok sa mga pook at lilim ng kamatayan, ay lumiwanag sa kanila ang ilaw.

At mula noon ay nagpasimulang mangaral si Jesus, at magsabi, Mangagsisi kayo: sapagka't malapit na ang kaharian ng langit.

³⁴ Dagdagan nawa ng Panginoon ng Kanyang mga pagpapala ang pagkabasa ng Kanyang Salita! At ngayon, isang kakatwang munting paksa na aking narinig na ipinangusap ng isang tao,

na sinabi ito, pero nais kong kunin ito bilang isang paksa: *May Isang Lalaki Rito Na Makapagbubukas Ng Ilaw*. At ngayon tayo ay mangungusap tungkol sa paksa ng ilaw.

³⁵ Sinusundan nito ang tatlong paksa na kamakailan lamang ay ipinapangaral natin.

Ang isa sa mga ito, ay sa Tucson, o sa Phoenix, tungkol sa kung bakit si Jesus ay dumating sa pamamagitan ng Bethlehem. Iyan nga, Siya dapat talaga, dahil Siya ang Bethlehem. Bethlehem! Ang *B-e-t-h* ay “tahanan”; *e-l*, “Diyos”; ang *e-h-e-m* ay “tinapay,” tinapay. “Tahanan ng Tinapay ng Diyos.” At bawat Cristiano na isinilang kay Cristo ay isinilang sa Bethlehem, ang tahanan ng tinapay ng Diyos.

³⁶ Kung gayon, doon, isang pagtitipo kay David, na isang takas noon sa panahon ng kanyang pagkakatiwalag mula sa kanyang mga mamamayan. Siya ay pinatalsik. At ang Bethlehem ay nakubkob, at ang mga Filisteo ay nakakampamento sa paligid ng Bethlehem. At si David, isang takas, isang tipo ng iglesya ngayon, ni Cristo. Kita n’yo, si Cristo ay isang takas sa Kanyang Sariling iglesya ngayon. Ginawa nila . . . Ang isang takas ay isang tinanggihan. At si David ay tinanggihan, ganun pa man siya ay pinahiran para maging hari; ngunit pinahiran siya ng propeta.

³⁷ At nang panahong iyon, bilang isang—ising takas mula sa kanyang mga mamamayan, siya ay pumili ng maraming matatapang na mga Gentil. Ang isa sa kanila ay nakapatay ng walong daang lalaki, sa isang araw, sa pamamagitan ng isang sibat, o espada. At ang isa pa ay tumalon sa isang hukay at pumatay ng isang leon, sa isang araw na maniyebe. At—at sila ay nangunguha noon ng lentehas, na iyon ay beans o gisantes, o parang ganun, at—at lahat sila ay tumakas, at siya ay nanindigan at pumatay ng mga kalalakihan hanggang sa mapagod ang kanyang braso. Kanila ring pinatay ang mga higanteng iyon na kapatid ni Goliath.

Matatapang na lalaki, na nanatili kay David, dahil alam nila na siya ay darating na sa kapangyarihan. Alam nila, kahit ano pa ang sabihin ng iba. Na kay David ang pahid ng Diyos, at alam nila iyon. Sila ay mga Gentil. Kahit gaano pa siya ipagtabuyan ng mga iyon, alam pa rin nila na siya ay paparating sa kapangyarihan. At isang araw mayroong . . .

³⁸ Anong tipo ito ngayon, ni—ni Cristo, isang takas! Sasabihin n’yo, “Si Cristo, isang takas?” Ayon sa Biblia, na tayo . . . Ang Diyos ay buong giting na dinala tayo mula umpisa hanggang wakas ng Pitong Kapanahunan ng Iglesya na iyon. Itong iglesya ng Laodicea, si Cristo ay isang takas na nasa labas ng Kanyang iglesya, na tinanggihan, nagsisikap na makapasok na muli. Kita n’yo? Siya ay isang takas, sa Kanyang Sariling iglesya. At ang dahilan kaya Siya ay isang takas, ay sa dahilang Siya ang Salita,

at ayaw nilang papasukin ang Salita. Mga kredong ang tinanggap nila, sa halip.

³⁹ At ating napag-alaman, pagkatapos, na sa ganito kadakilang pakikipaglaban, ang mga matatayang na lalaking iyon na nakapaligid—nakapaligid kay David, ay mga Gentil.

⁴⁰ Kung inyong napansin kung papaano naitatag ang Bethlehem. Ayaw kong dumako sa paksang iyan, pero kung papaanong ang Bethlehem. . . Sa katunayan, si Rahab, ang patutot, ang kanyang anak na lalaki ang siyang nagtatag ng Bethlehem. Isa itong sentro ng triguhan noon, at maraming mainam na tubig doon. At itinatag nito ang naturang maliit na siyudad. At iyon ang pinakamaliit sa lahat ng mga siyudad, dahil sinabi ng propeta, “Mula sa. . . Bethlehem ng Judea, hindi ba’t ikaw ang pinakamaliit sa lahat ng mga pangunahing bayan ng Jerusalem. . . o Judea? Ngunit mula sa iyo ay lalabas ang isang Gobernador na mamamahala sa Aking bayan.” Magmumula sa maliit na iyon.

⁴¹ Si David, noong siya ay mapili roon. Ang mga dakila’t magagaling na mga kapatid na lalaki, nang pumaroon si propeta Samuel, upang magpahid, lahat sila ay nangakatayo roon. Mga dakila’t matatayang na lalaki, na para bang magiging, mukhang, mga mainam-pagmasdan na mga hari. Ngunit ang mismong pinaka tinanggihan ang siyang napili, si David, na sa kanya ibinuhos ang langis. Ang tinanggihan ng bayan ang siyang kay Cristo ay. . .

Ang mga tinanggihan ang pinipili ni Cristo, kita n’yo, ang mga tinanggihan.

⁴² Pagkatapos nasumpungan natin, na kasunod niyang dumating si Obed. At pagkatapos niya ay dumating naman si Boaz. At may dumating na isa pang Gentil, na siya ay dumating sa pamamagitan ni Ruth. At mula doon ay dumating si Jesse. At mula kay Jesse ay dumating si David. At sa isang maliit na sabsaban doon sa tabing burol ay isinilang ang Hari ng mga hari, si Jesus Cristo, ang Anak ni David, ang kanyang Anak sa espirituwal.

⁴³ Ngayon kung gayon, siya nga, si David mismo na isinilang sa bayang ito, siya ay kailangang pumaroon sa munting dakong ito. At ito ay tinatawag na Bethlehem, na ang ibig sabihin, “ang—ang tahanan ng tinapay ng Diyos.” At Siya ang Tahanan ng Tinapay ng Diyos.

⁴⁴ Si David, na nakahimlay doon sa burol noong araw na iyon, at siya ay tumingin sa ibaba at nakita ang mga Filisteo na nakakampamento sa palibot nang ganyan, ay marahil nakaramdam ng init at uhaw. Sabi niya, “Oh, kung ako lang ay makakakuha ng inumin sa balon na iyon, nang minsan pa!” Aba, ang pinakamaliit sa kanyang mga naisin ay isang utos na para sa kanyang, sa kanila na nagmamahal sa kanya.

45 Kaya ganoon din naman ngayon, ang pinakamaliit sa mga naisin ni Jesus, o kung paano ang tungkol sa Kanyang Salita, ay dapat na maging isang utos na sa atin na mga Gentil na nagmamahal sa Kanya. Sapagkat alam natin na Siya ay paparating sa kapangyarihan, gaano pa man Siya tinanggihan. Ang mga langit at lupa ay lilipas, subalit Ito ay maghahari pa rin ganun pa man kapag ang lahat ng langit at lupa ay nawala na. At alam natin na Siya ay darating sa kapangyarihan, dahil walang makapigil dito na maganap ito. [Tinapik ni Kapatid na Branham ang kanyang Biblia—Pat.] Ito ay si Cristo, ang Kanyang kapahayagan, at ito ay magaganap nang ayon sa sinasabi ng Salita na gayon, dahil Siya ang Salita. At ang pinakamaliit sa Kanyang mga utos doon, gaano man ito kaliit, kung ito ay “ang mabautismuhan muli,” o kahit ano man ito, gagawin natin iyon, ano’t ano man. Iyon ay Kanyang utos.

46 At ang pinakamaliit sa naisin ni David ay isang utos na sa mga Gentil na iyon, sapagkat, sila, ay isang tipo ng Gentil na Iglesia ngayon. Matatapang na lalaki! Kita n’yo, ang mga lalaking iyon na nanindigan para kay David ay mga Gentil, subalit, matatapang na lalaki. Sila ay mga walang takot. Ni hindi nga nila alam kung ano nga ba ang takot.

47 ’Yung isang lalaki ay kumuha ng espada at pumatay ng walong daang lalaki, at silang lahat ay nakapaligid sa kanya. Kahanga-hanga ang lalaking iyon! Ang isa sa kanila, isang . . .

Isa pang lalaki. May isang mandirigmang taga-Egipto na sumugod, na may mahabang sibat. Mayroon lang siyang isang tungkod sa kanyang kamay. Ginamit niya ang tungkod at napatilapon niya mula sa kamay nito ang sibat; kinuha ang sibat at pinatay ito, siya mismo. Kita n’yo?

48 Ang isa sa mga higanteng iyon ay may mga daliring labing-apat na pulgada ang haba, ganyan. Ngayon, ang labing-apat na pulgada, ang inyong daliri ay kasing haba lang ng inyong kamay, kung nakasara; buksan ninyo iyan, iyan ay magiging dalawampu at walong pulgadang kamay. At may hawak pang sibat! At tumalon mismo doon at pinatay ito. Kita n’yo? Bakit? Siya ay isang lalaking matapang, isang Gentil na nakatingin sa isang pinahiran na alam niya na paparating na sa kapangyarihan.

49 Napansin n’yo ba, sila na mga lubhang matatapang para kay David, nang sa wakas si David ay nakarating na sa kapangyarihan, ay ginawa niya silang tagapamahala sa mga bayan? Hindi ba’t ipinangako ni Jesus ang gayon ding bagay? Ang gayon ding bagay, ang gawin silang tagapamahala.

50 Pagkatapos, doon, nang ang naisin ni David ay ang magkaroon ng sariwang inumin. Marahil ay mayroon siyang luma’t mainit na nakaimbak lang na tubig doon, na kanyang iniinom. Ngunit nangyari na kanyang naisip ang sariwang tubig na iyon doon sa Bethlehem, ang tahanan ng tinapay ng Diyos. At

sinabi niya, “Kung ako lamang ay makakainom mula sa balon na iyon!” At ang mga lalaking iyon ay binunot ang kanilang espada at nakipaglaban sa labinlimang milya ng mga Filisteo, hindi dahil sa hiniling niya na gawin nila, kundi dahil sa alam nila na gusto niya iyon. At dinaanan nila silang mga Filisteo, nang tuluy-tuloy hanggang doon sa balon. Habang ang dalawa sa kanila ay nakikipaglaban, ang isa ay kumuha ng—kanyang timba ng tubig; at sila ay nakipaglaban para sila makabalik, nang tuluy-tuloy pabalik, at iniabot nila ito kay David. Talaga namang matatapatang!

⁵¹ Si David, ang maka-Diyos na lalaking iyon, ay nagsabi, “Huwag itulot ng Diyos na inumin ko ito mula sa mga kaibigan na inilagay ang kanilang buhay sa panganib.” At siya ay gumawa ng isang handog na inumin; ibinuhos ito sa lupa, para sa Panginoon. “Ibigay ito sa Panginoon. Siya ang Tanging karapat-dapat para diyan, hindi ako.” Inilagay nila . . .

⁵² Ang pinaka tipo ni Cristo Mismo, taglay ang Kanyang Sariling Walang Hanggang Buhay na nasa Kanya; ang Batong hinampas, ibinuhos ang Kanyang Buhay sa ibabaw ng lupa, bilang isang handog dahil sa kasalanan na para sa atin, para ang Salitang ito ay mabuhay.

⁵³ Oh, mga Gentil, gaya ng sinabi ko, sino ang bubunot ng espadang iyan kasama ko? Gusto Niya ng sariwang inumin, sa umagang ito, hindi itong lumang nakaimbak lang na mga kredo ng iglesya at mga ganung bagay na ating kinalolokohan. Gusto Niya ng tunay na pananampalataya sa Kanyang Salita, na sasampalataya sa bawat Salita Nito. Pumaroon tayo sa balon at magdala pabalik ng inumin, ng isang pamatid-uhaw; isang pagsamba na itinatag hindi sa mga kredo at denominasyon. Kundi isang tunay na pagsamba sa Espiritu, na kasama si Cristo sa ating kalagitnaan, ipinapamuhay ang Kanyang Buhay sa paraan na gusto Niya, sa ating kalagitnaan, na—na walang mga kredo at kung anu-ano pang mga bagay. Atin lamang—tanggapin lamang Siya sa ganoong paraan.

⁵⁴ Ngayon, ang kasunod ay kung papaano nakikitungo ang Diyos sa mga tao sa pamamagitan ng panaginip, noong panahon ni—ni Jose. Napansin n’yo ba? Ang panaginip ay pumapangalawa lamang. Ito ay isang pangalawang paraan ng pagkilos ng Diyos. Ang ibang tao ay maaaring magkaroon ng mga panaginip, wala namang ibig sabihin. Maaari kang kumain ng sobra-sobra at magkaroon ng mga bangungot. At ang panaginip ay isang pangalawang paraan. Kita n’yo? Pero bakit iingatan ng Diyos ang Sarili Niyang Anak sa pamamagitan ng pangalawang paraan? Siya ay nagpakita kay Jose. Ang kapakanan ng Kanyang Sariling Anak, ipinadala Niya sa pumapangalawang paraan. Naisip n’yo na ba ’yon? Dahil, walang propeta noon sa lupain. Kinailangan Niyang kumilos sa pamamagitan ng mga panaginip. At iyon ay hindi

isang panaginip na kailangan pang bigyan ng kapaliwanagan. Sinabi ng Anghel ng Panginoon, “Jose, huwag kang matakot na tanggapin si Maria na iyong asawa, dahil ang kanyang ipinaglilahi ay mula sa Banal na Espiritu.”

⁵⁵ Iyon ay isang di-pangkaraniwang bagay na mangyari nang gayon. Si Jose bilang isang taong matuwid, siya . . . Iyon ay hindi pangkaraniwan. Ang Diyos ay hindi pangkaraniwan. At ang mga hindi pangkaraniwan ay mahirap maunawaan. Kaya nga napakahirap maunawaan ang Katotohanan ngayon; Ito ay labis na hindi pangkaraniwan. Ang isang babae na magkaroon ng anak nang wala pang karanasan sa lalaki, iyan ay lubhang hindi pangkaraniwan.

Ngunit kung ikaw ay tapat at walang pagkukunwari, ang Diyos ay maaari pa ring magpakita sa iyo sa isang panaginip. Ipinapakita nito na ano man ang mayroon ka, kung ito man ay ang iyong talino, kung ikaw man ay kayang pumito, umawit, magpatotoo, o kung ano man ang kaya mong gawin, kung ang buo mong pagkatao ay ipinagkatiwala mo sa Diyos, maaari itong gamitin ng Diyos kung hahayaan mo lamang Siya na gawin iyon.

⁵⁶ Pagkatapos, noong sumunod na gabi rito, ipinangaral ni Kapatid na Neville ang paksa ng “pagtakas,” kung papaano na—na tumakas ang lalaki. At naisip ko na iyon ay kapansin-pansin.

At ngayong umaga ang Espiritu Santo ay tila gusto akong patalakayin ng paksa na may kaugnayan sa ilaw, ang kasunod mismo. Na magpatuloy, sa pasimula, kung papaanong ang buhay ni Cristo ay nagsimula sa sabsaban, ating babalikan muli ito sa ating paksa. At hindi niya alam iyon; hindi ko alam iyon; at heto iyon na naririto sa siya ring bagay. Kita n’yo, doon mismo, ang kasunod na bagay ay kung saan nagsimula na Siya sa Kanyang ministryo. At ngayong gabi ay mayroon tayong isang bagay na maaaring maiugnay mismo diyan, upang magpatuloy, ngayong gabi, kung loloobin ng Panginoon.

⁵⁷ Ngayon, dakilang Ilaw! “Ang mga Gentil na nalulugmok sa mga pook ng mga lilim ng kamatayan, dakilang Ilaw ang lumiwanag sa kanilang kalagitnaan. Sa Zabulon, at Neftali, doon sa . . . sa gawing Galilea ng mga Gentil, may dakilang Ilaw, nakita nila ang isang dakilang Ilaw.”

⁵⁸ Ngayon ang liwanag, ang unang beses na ang liwanag, atin itong makikita sa Biblia, ay matatagpuan sa Genesis 1:3. Iyon nga, ang binigkas na Salita ng Diyos ang gumawa ng liwanag. Sinabi ng Diyos, “Magkaroon ng liwanag,” Genesis 1:3, at nagkaroon ng liwanag.

⁵⁹ Ngayon tandaan, sa gayon, ang liwanag ay nagmumula sa pamamagitan ng binigkas na Salita ng Diyos. At ang liwanag ay ang pagpapatunay, o ang bagay na Kanyang sinalita, ay ang liwanag. Nang sumilay ang liwanag, ay ipinakita iyan. Sinabi ng Diyos, “Magkaroon ng liwanag.” Walang liwanag noon, at

sinabi Niya, “Magkaroon ng liwanag,” at nagkaroon ng liwanag. Iyan ay isang katibayan. Ang liwanag ay isang pagpapatunay ng Kanyang binigkas na Salita. Gayon ding bagay ngayon, isang pagpapatunay ng Kanyang binigkas na Salita.

⁶⁰ Ngayon kapag inyong nakita ang Kanyang Salita na pinatutunayan, o, sa ibang salita ay, ipinapakilala, napatunayan, iyan ay isang—ang Liwanag ng Kanyang binigkas na Salita. At, kung walang liwanag, walang ano man ang mabubuhay kung walang liwanag. Walang buhay sa ibabaw ng lupa ngayon kundi yaong dumarating sa pamamagitan ng—ng liwanag ng araw, sa buhay botanika, at iba pa. At walang Buhay na Walang Hanggan maliban sa Anak ng Diyos. Kita n’yo? Siya ang Liwanag.

⁶¹ Ngayon nasumpungan natin, ako ay naniniwala, habang tayo ay nag-aaral ngayon, at itong liwanag... “Ang lupa ay walang anyo.”

⁶² Ngayon, ang ilan sa mga tao ay nagtatalo ngayon sa ating mga paaralan, at kung ano-ano pa, tungkol sa pagiging napakaraming milyong taong gulang na ng daigdig, at sinisikap na tuligsain ang Biblia at sabihing Ito ay mali. Sila lamang talaga ay hindi kailanman nagbasa ng Biblia. Iyon lang. Dahil, ang Biblia ay hindi sinasabi sa atin kung ilang taon na ang daigdig. Ang sabi ng Biblia, “Nang pasimula ay nilikha ng Diyos ang mga langit at lupa.” Tuldok na! Kung kailan, kung papaano, iyan ay, hindi natin alam iyon. Ngayon, iyon ang una. At, iyon ay tuldok na, iyon na ang katapusan ng pangungusap na iyon.

⁶³ “Nang pasimula ay nilikha ng Diyos ang mga langit at lupa.” Ito ay maaaring isang daang milyon, o bilyon, o maging anuman iyon. At kung papaano Niya ito nagawa, Siya na ang nakakaalam nun, kita n’yo, hindi ako.

Subalit ang daigdig, buweno, “Ang lupa ay walang anyo, at walang laman; at ang tubig ay nasa ibabaw ng—ng lupa. At ang Diyos,” ang sabi, “ay kumilos sa ibabaw ng tubig.” At sabi, “Magkaroon ng liwanag.”

⁶⁴ Ngayon, naniniwala ako na ang araw, at iba pa, ay naroroon na noon, sa aking paniwala, ang buwan. Sa pagpapatuloy nito, sa Genesis 3, para ito ay maipaliwanag. . . Ngunit naniniwala ako, na ano man ang nandito na, na ang daigdig, atin itong gagamitin, at samakatwid. . . At ito ay dumating; mayroong hamog at ulap sa buong ibabaw ng lupa, na nagpapadilim dito. At sinabi ng Diyos, “Magkaroon ng liwanag,” at ang kadiliman ay naglaho, at nagkaroon ng walang-ulap na kalangitan.

⁶⁵ At naniniwala ako na iyan ang paraan ng Diyos sa paggawa ng mga bagay-bagay. Siya. . . sa Biblia, sinasabi ng kasunod na talata, sabi ng ika-4 na talata, “At Kanyang inihiwalay ang liwanag mula sa kadiliman. At ang liwanag ay Kanyang tinawag na ‘araw,’ at ang kadiliman ay Kanyang tinawag na ‘gabi.’” At

ang Salita ng Diyos ay laging inihihwalay ang Liwanag mula sa kadiliman. Kita n'yo? Ang Salita ang siyang gumagawa ng paghihiwalay, kita n'yo, ng Liwanag mula sa kadiliman.

⁶⁶ Ang Diyos ay laging ginagawa ang gayon ding bagay, kapag nakahanda na Siyang gamitin ang anumang bagay. Gaya nang inihanda Niyang gamitin ang matanda nang bituin na ito, o maging ano man ito noon, itong daigdig, kinailangan Niyang ihwalay ang liwanag mula sa kadiliman. Kapag nakahanda na Siyang umalis, upang gumamit ng—ng isang pangkat ng mga tao, kailangan Niyang ihwalay ang Liwanag mula sa kadiliman. Kapag Siya ay naghahanda nang gamitin ang isang indibidwal, Kanyang inihihwalay ang Liwanag mula sa kadiliman. Kita n'yo?

⁶⁷ Ang liwanag ay dumarating sa pamamagitan ng Diyos. At ang . . . Tandaan, ang liwanag ay dumating noon sa pamamagitan ng Kanyang binigkas na Salita. Sinabi ng Salita ng Diyos, “Magkaroon ng liwanag,” noong wala pang liwanag, at Kanyang isinugo ang liwanag upang ihwalay ang kadiliman mula sa liwanag.

⁶⁸ Ang Salita ng utos na ito ay pinaaliwalas ang kalangitan para ang araw ay sumikat. At ang Kanyang Salita ngayon ang siyang naghahawi ng lahat ng simoy ng kawalang pananampalataya.

⁶⁹ Ako ay nakikipag-usap, nagkaroon—nagkaroon, palagay ko, ng labing-isang panayam bago pa man ako nakarating sa pulpito kaninang umaga, doon. Napakahalaga . . .

⁷⁰ Noong isang araw isang munting kaibigan ko, si Jim Poole, ang kanyang maliit na anak na lalaki, akala nila nagkaroon siya ng atake sa puso, itinakbo nila siya sa ospital. Isa pala itong sakit na asthma, inilagay nito ang munting bata . . . Hindi siya . . . Ang kanyang maliit na puso ay patalun-talon, at humihinga, at—at siya ay sumisigaw at nahihirapan sa paghinga, at ang munting bata ay para bang mamamatay na, nang siya'y dalhin nila rito. At ako ay naghahanda na noon sa pagpunta sa ospital; dinala nila siya rito. At hinawakan ko ang kanyang maliit na kamay; sabi ko, “Ang may kagagawan nito, ay ang pagtama ng tigdas sa bata. At, ang tigdas, ang lagnat ay tumama sa munting bata. Bantayan n'yo siya. Sa loob ng ilang araw gusto ko siyang makitang muli. Siya ay mapupuno na ng tigdas.” At heto nga siya na punung-puno ng tigdas, nakita n'yo. Kita n'yo?

⁷¹ Ngayon, ano? Inihihwalay ng Diyos ang kadiliman mula sa liwanag, o ang liwanag mula sa kadiliman. At Kanyang inihihwalay ang kamatayan mula sa Buhay, at ginagawa Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Ang Kanyang Salita ang siyang laging nagdadala nito.

⁷² Ngayon, ang liwanag! Buweno, ngayon, ang binhi ay nasa lupa na. Ako ay naniniwala na naitanim na ng Diyos ang binhi.

At sadyang hangga't masisinagan ng araw ang binhing iyan, ito ay magsisimula nang tumubo. At iyan ang dahilan kaya ilang araw lang ang inabot para mailabas ang mga bagay na ito, dahil ang binhi ay nasa lupa na noon. Ang tanging kailangan lang nito ay ang liwanag.

⁷³ At ganyan din ang paraan ng Diyos ngayon. Ang Kanyang Binhi ay naririto na, ang Kanyang Salita. Ang tanging bagay lang na kailangan Nito ay ang Liwanag na tumatanglaw Dito. At Siya ang Liwanag na iyan, dahil Siya ay ang Salita. Ang Salita at ang Liwanag ay iisang bagay. Ang Buhay na naroon ay ang Liwanag ng Salita, kita n'yo, ay ang Buhay. Ang binhi ng buhay ay nakahimlay sa loob ng butil, at ang butil . . . ang buhay ay ang siyang nagpapasibol at naglalabas ng buhay mula sa butil na iyan. Sa ganyan ni Cristo, sa Salita, napakikilos ang Salita na gawin Nito kung ano talaga ang dapat na gawin Nito. Katulad lamang ng buhay na nasa butil ng trigo, o maging ano pa man ito; ginagawa nito ang trigo na gawin kung ano talaga ang dapat na gawin nito, dahil ito 'yung buhay na naroon sa loob. Lahat ng buhay!

⁷⁴ Kaya, ang Buhay ay tanging sa pamamagitan lamang ng Salita ng Diyos na nahayag. Ang Buhay ay dumarating lamang sa pamamagitan ng Salita ng Diyos na nahayag. Hangga't ito ay nasa Aklat lamang, katulad nito, ito ay maaari pa ring pag-alinlanganan. Ngunit kapag ito ay nahayag na, kung magkagayon ay nakikita mo na ang produkto ng kung ano ang sinabi Nito, bilang nahayag, kung ganoon iyan ay ang Liwanag na nasa—na nasa Salita. Kita n'yo? Iyan ang nagbibigay. . . Sinabi ng Salita ang gayon, at, kung ganoon, kapag ito ay nangyari, iyan ay ang Buhay sa Liwanag, ang Liwanag na nagdadala ng Buhay. Ang Liwanag ay nagdadala ng Buhay.

⁷⁵ Itanim ang trigo dito sa labas, ito ay mag-. . . at ilagay ito sa silong, takpan ang kabuuan nito, at ito ay—ito ay hindi makapaglalabas ng kahit ano, dahil hindi nito magagawa. Walang liwanag doon. Ngunit sa sandaling ang liwanag ay tumama na rito, kung gayon ito ay magbibigay ng buhay kung isa itong binhing may buhay.

Iyan ay ang gayon ding bagay dito sa Salita. Kita n'yo, ang Salita ay Diyos, at kapag ang Buhay ay tumama Rito, dinadala nito Ito . . . ang Liwanag ay tumama Rito, muli nitong binubuhay ang Salita. Ang bawat kapanahunan ay noon pa laging ganyan. Oh, lubos nating pinasasalamatan ang mga dakilang bagay na ito, kung papaanong ang Salita na nahahayag ay ang siyang Liwanag ng binigkas na Salita. Kita n'yo?

Sinabi ng Diyos, “Magkaroon ng liwanag.”

⁷⁶ Ngayon, ano kaya kung sinabi Niya lamang iyon at wala namang liwanag na dumating? Kung gayon hindi natin alam kung iyon ba'y totoo o hindi. Hindi natin alam kung Siya nga ba

ay talagang tama. Hindi natin alam kung Siya nga ba ay Diyos o hindi, dahil sinabi lang Niya, “Magkaroon nga,” at wala naman. Kita n’yo?

Kaya nga kapag ang Diyos ay nagsalita at nakita natin na gayon nga, kung ganoon iyan ang Liwanag na nagliliwanag, ang Katotohanan ng Salita. Kita n’yo? Mayroong Liwanag at Buhay.

⁷⁷ Ang lahat ng natural na buhay ay lumilitaw sa pamamagitan ng Kanyang binigkas na Salita. At ang araw ay ang Kanyang binigkas na Salita. Sinabi Niya na lumikha Siya ng isang malaking liwanag sa kalangitan, para sa araw, at isang mas maliit na liwanag para sa gabi. Kita n’yo? At ang lahat ng natural na buhay ay dapat na dumating sa pamamagitan ng binigkas na Salita ng Diyos. Ang isang bulaklak ay hindi tutubo hangga’t hindi ito natataglawan ng liwanag ng binigkas na Salita ng Diyos, dahil ang araw ay, ang s-u-n, ay ang binigkas na Salita ng Diyos, nang sabihin Niya, “Magkaroon ng liwanag.” Kita n’yo? Ito ay buhay na binigkas ng Diyos. At kahit gaano pang pagpipilit ng mga tao na—na sabihin ang *ganito*, *ganyan*, o ang *iba pa*, ito ay nananatiling gayon pa rin. Kailangan mong magkaroon ng araw na iyan, kaya ang buhay, na natural, ay maaari lamang dumating sa pamamagitan ng binigkas na Salita ng Diyos.

⁷⁸ At ang espirituwal na Buhay, ang Walang Hanggang Buhay, ay maaari lamang dumating sa pamamagitan ng binigkas ng Diyos na Salita ng Buhay. Ang Buhay ay ang S-o-n sa panahong ito. Sa Kanya ay Liwanag, at sa Kanya ay walang kadiliman; at Siya ang binigkas na Liwanag ng Diyos. Tama ba? [Sinabing kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ang binigkas na Salita ng Diyos, dahil, “Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos.” At Ito ay Diyos magpakailanman. Kita n’yo?

At nangangailangan ng Liwanag ng Diyos para tamaan ang Salita, upang bigyang-buhay Ito. *Narito* ang kung ano ang Kanyang sinabi [Tinapik ni Kapatid na Branham ang kanyang Biblia—Pat.], ngayon hayaan ninyong ang Liwanag ay magliwanag! Amen! Hayaang suminag ang Liwanag, at dadalhin ng Liwanag ang bawat Salita sa tamang posisyon Nito, sa kapanahunan nito. Amen! Oh! Nakita ninyo, kapag ito ay dumating na sa panahon!

⁷⁹ Kung minsan ang binhing iyan ay nakahimlay sa ilalim ng lupa, na natutulog, sa buong kahabaan ng—ng taglamig, katulad ng binhi, ng trigo ng taglamig na itanim sa lupa. Ngunit kapag ang araw na iyan ay naging sadyang tama lang, oh, ito ay tiyak na mabubuhay. Kita n’yo? At hindi ito maaaring mabuhay nang wala ang araw.

At ang Diyos ay gumawa ng mga pangako para sa bawat kapanahunan at bawat araw. At kapag ang Liwanag ay naging

tama lang, at binigyang-liwanag iyan, ito ay maglalabas ng siyang katulad ng kung ano ang sinabi ng Salita, dahil Siya ang Liwanag at ang Buhay.

⁸⁰ Ang Salita ng Diyos ay dumarating lamang sa pamamagitan ng Biblia. Ang Biblia ng Diyos ay ang—ang nilimbag na anyo ng Anak ng Diyos, dahil sinabi ng Biblia na Ito ay ang kapahayagan ni Jesus Cristo. Ito ay ang Diyos na inihahayag ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ni Cristo, at si Cristo ay ang Salita. At nangangailangan ng Liwanag ng Diyos upang magliwanag sa Salita na iyan, upang patotohanan Ito, upang patunayan na ang Diyos ay nagbibigkas pa rin ng Buhay, ng Walang Hanggang Buhay. Siya ay nagbibigkas ng natural na liwanag, nagdadala ng buhay. Ang Buhay ay dumarating lamang sa pamamagitan ng Liwanag, ang Salita na nahayag, o nagkatawang-tao. Kung kailan ang lahat ng mga pangako ay nagawa na, sa Biblia, ay nahayag na, ay noong si Jesus Cristo, ang Salita, ay nagkatawang-tao sa kalagitnaan natin. Ang Diyos ay laging kumikilos sa pamamagitan ng tao. Ang tao ay nasasakop ng Diyos.

⁸¹ Ngayon, kung medyo maging mainit nang kaunti dito sa loob para sa inyo, maaari ninyong hatakin pababa ang mga bintana, o kung ano man ang gusto ninyo, babaan ang init ng pugon. Maaaring ang dyanitor ay babaan nang kaunti ang init ng pugon. Nakikita ko na marami ang naiinitan. At mainit din ang tumayo rito, kaya—kaya alalahanin iyan. Ako naman ay natutuwa na mainit sa halip na malamig, dahil ako—gusto ko ng mainit. Ako . . . Ang mainit ay laging may dalang liwanag, buhay, nangangailangan ng apoy.

⁸² Pansinin ninyo ngayon, “nagkatawang-tao.” Kapag ang Salita ay nagkatawang-tao, Ito ay nahahayag. Katulad ng, kunin ninyo ang Salita at ilagay Ito sa tamang posisyon at sa tamang uri ng lupa, Ito ay mabubuhay. Ang—ang binhi ay magbubunga ng uri nito. At ang Salita, na naidala sa tamang uri ng puso, ay ihahayag ang Sarili Nito. Ilalabas Nito ang liwanag. Ito ay sisibol sa ibabaw nito. Hayan.

⁸³ Walang natural, walang natural o espirituwal, ang maaaring mabuhay nang wala ang Liwanag ng Diyos. Ang Buhay ay maaari lamang dumating kung gayon sa pamamagitan ng Liwanag. Walang natural o walang espirituwal ang maaaring mabuhay na wala ang Liwanag ng Diyos. Isipin n’yo iyan. Hayan. Subalit kapag Siya ay nagsusugo sa atin ng Liwanag, kita n’yo, at ginagawa ang lahat ng mga bagay na ito, at pagkatapos atin Itong tinatanggihan; ngayon iyan ang nakakaawang bahagi, ay kapag ang Liwanag ay tinanggihan kapag ito ay isinugo sa atin.

⁸⁴ Ngayon maiisip n’yo ba ang isang tao ngayon na magsasabi, “Sadyang itinatanggi kong sabihin na may ganyang bagay na gaya ng araw. Hindi ako naniniwala na mayroong araw”? At siya

ay tatakbong pababa doon sa silong, at—at isasara ang lahat ng mga pintuan, at mananatili doon sa kadiliman, at sabi, “Walang ganyang bagay na gaya ng araw. Walang ganyang bagay na gaya ng liwanag.” Inyong malalaman, agad-agad, na mayroong mali sa pag-iisip ng taong iyan. Kita n’yo? May bagay na mali, kapag siya ay tumakbo pabalik doon sa madilim na silong at tumangging tanggapin ang benepisyo ng liwanag na ibinigay ng Diyos. May bagay na mali sa kanya. Ayaw niya ng mainit nitong mga sinag. Ayaw niya ng ibinibigay nitong sustansyang pangkalusugan. Ayaw niya ng liwanag nito, upang doon ay lumakad. Mas gugustuhin pa niya ang maupo sa kadiliman. Ipinapakita nito, sa pag-iisip, na may bagay na mali, sa natural, sa lalaking iyon.

⁸⁵ At ito ay sinasabi ko na may buong pagmamahal at respeto. Gayon nga na may bagay na mali sa espirituwal ng isang tao na tatakbo pabalik sa kanyang mga denominasyon ng kredo at tatangging tingnan ang Liwanag ng Biblia gayong ito ay nagliliwanag na sa mismong harapan niya. May bagay na mali sa kanya. Kita n’yo, bumabalik sa kanyang mga kredo at mga anyo, at isinasara ang pinto at sinasabi, “Walang ganyang bagay na tulad Niyan. Ang mga araw ng mga himala ay lumipas na. Walang ganyang bagay na gaya ng Banal na pagpapagaling, walang ganitong mga bagay-bagay. Iyan ay para lang noon sa isang apostol.” Ang taong ito ay espirituwal na baliw. Kita n’yo? May bagay na mali sa kanya. Siya—siya—ibinaba na niya ang mga kurtina at tinanggihan na ang Espiritu Santo na maaari sanang lumukob sa kanya. Kung magagawa lang niyang . . .

“Kung kayo’y mananatili sa Akin, at ang Mga Salita Ko’y mananatili sa inyo, kung gayon, ang Liwanag na tumatanglaw sa Salitang ito, hingin ninyo ang anumang inyong nais.” Kita n’yo? Kita n’yo?

⁸⁶ May bagay na mali, na tatanggihan niya ang bukal na kaloob ng Diyos na siyang ibinigay ng Diyos sa atin upang sa pamamagitan niyon ay mabuhay tayo, ang Kanyang Salita. “Ang taong matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya.”

“At hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salita,” hindi sa bahagi lang ng Salita, “bawat Salita na lumalabas sa bibig ng Diyos.” At kapag ang isang tao ay basta na lang Iyan tatanggihan, may bagay na mali sa taong iyon; may bagay na mali sa kanyang karanasan, na kanyang ipinapahayag na iniibig niya ang Diyos at pagkatapos ay tinatanggihan ang Diyos. May bagay na naging mali sa naturang tao. Alam natin iyan, nang walang bahid ng pag-aalinlangan. Kanya Itong tatanggihan, tatakbo sa dakong ito, at sasabihin, “Ngayon ako lang naman . . . ayaw kong malaman ang anumang bagay tungkol Dito. Huwag mo na akong sabihan pa ng anumang bagay tungkol

sa mga Bagay na ito. Ako, ako ay walang pinaniniwalaan tungkol Dito. Ikaw, kahit ano pa ang sabihin mo!”

⁸⁷ Isang lalaki ang nagsabi, hindi pa katagalan. Na siyang tinutukoy ko sa inyo. Sabi niya, “Wala akong pakialam kung magagawa mong makapagdala ng limampu na may kanser, at makapagdala ng limampung doktor para patunayan ang mga iyon, hindi ako naniniwala. Wala akong pakialam maski bumuhay ka pa ng patay, sa mismong harapan ko, hindi ko iyon paniniwalaan.” Kita n’yo, may bagay na mali sa taong iyan. Mayroon—mayroon—mayroon nga. At—at, gayunman, ang lalaking iyon ay isang ministro, kita n’yo, kita n’yo, naturingan pa namang isang ministro.

Pero dahil lamang sa ang organisasyong iyon ay hindi naniniwala sa—sa mga kapangyarihan ng Diyos, hindi naniniwala na (ang Salita) ay nangangahulugan Ito ng kung ano lang talaga ang sinabi Nito, ang naturang lalaki ay tumatakbo sa silong na ito, sa luma na, amagin, marumi, mabasurang silong ng isang organisasyon, at tinatanggihan ang mainit at nagbibigay-Buhay na mga sinag ng Espiritu Santo, si Jesus Cristo, na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kung gayon may bagay na mali sa taong iyon. Kita n’yo?

Mas gugustuhin pa niyang tumira diyan sa amag, sa kadiliman, at iba pa, kaysa mabuhay sa Liwanag ng Diyos at ng Biblia na nagsabi, na, “Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din ninyo. Higit pa nga kaysa rito ang gagawin ninyo, sapagkat Ako ay paroroon sa Aking Ama.” May bagay na mali sa taong iyan. Walang duda, talaga, na may bagay na mali.

⁸⁸ At sa inyong mga tao na nakikinig dito, sa buong mundo, saan man kayo naroroon. May bagay na mali sa inyong karanasan, kung inyong sasabihin na iniibig ninyo ang Diyos at tinatanggihan ang Kanyang Salita. Mayroon talaga. Inyong tinatanggihan ang mismong...Hindi nakapagtataka na ang mga bagay ay hindi magawa, ang iglesya ay nasa gayong kondisyon nito, at ang mga bagay ay hindi magawa gaya ng ipinangako ng Diyos, ay dahil sa ni ayaw ninyong tanggapin ang Salita o lumakad sa Liwanag. Sinabi ng Biblia, “Tayo ay lumakad sa Liwanag, na tulad Niya na nasa Liwanag, pagkatapos ay ang Dugo ni Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, ay lilinisin tayo mula sa lahat ng kasalanan.” Ang kasalanan ay ang “hindi pagsampalataya.”

⁸⁹ Kung ganoon kung tayo ay lumalakad sa Liwanag na bigay ng Diyos sa panahon na ito, kung gayon ginagamit ng Diyos ang Salitang iyan na ipinagkaloob sa panahong ito at pinatutunayan Ito.

Katulad lamang ng ginawa Niya noon sa Genesis 1:3, sabi, “Magkaroon ng liwanag,” at ang liwanag ay dumating. Ang

Salita Niya ay naipahayag, at ang liwanag ay sumunod Dito, at hinawi ang ulap. At ang kadiliman ay napunta sa isang sulok, at ang liwanag ay nagliwanag sa kabilang dako.

⁹⁰ Ganyan ang ginagawa ng Diyos ngayon. Isinusugo Niya ang Kanyang Salita para sa panahong ito, at ang Espiritu Santo ay dumarating at binubuhay ang Salitang iyon. At ang kadiliman ay pumaparoon sa kanilang mga kredo at mga denominasyon, subalit ang Liwanag ay nagliliwanag dahil ito ay ang Salita ng Diyos na binibigyang-katibayan na ang Kanyang Salita ay totoo. Ngayon, walang bagay na gawa-gawa lang tungkol diyan, iyan ay sadyang tunay na ayon sa Kasulatan. Buweno.

⁹¹ Ngayon, nakita natin na ang—ang mga lalaking pantas, ang mga lalaking pantas ng Unang Panahon, ay sinundan ang materyal na ibinigay ng Diyos. Kanilang sinunod ang Salita ng Diyos, patungo sa Liwanag, dahil ang Salita ang siyang nagdala ng Buhay. Ngayon sasabihin n’yo, “Papaano sila nagsisunod?” Buweno, sila ay, parang tipong, mga mago, sa pagkakaunawa natin.

⁹² At pagkatapos ating nakita na si Balaam, ang propeta, doon sa Mga Bilang 24:17, si Balaam ay para bang isang mago siya mismo. Siya ay isang propeta, talaga, at nagproposiya siya rito at sinabi na isang Tala ang lilitaw mula kay Jacob.

At nang ang mga lalaking pantas na ito ay makita na ang Salita ng Diyos ay nagsabi na isang Tala ang lilitaw mula kay Jacob, sinundan nila iyang munting tanda na ibinigay ng Diyos patungo sa pinanggagalingan ng Liwanag na Walang Hanggan.

Gayon din naman ang mga matatalinong tao ngayon, na hindi nabulag ng mga kredo, ay susundan ang ibinigay ng Diyos, na binigkas na Salita hanggang sa makita nila ang kapuspusan ng Kapangyarihan ng Diyos na namumukadkad sa panahong ito. Sila, nakikita nila ito, at alam nila na ito ay naririto sa Kasulatan. Ipinangako ito ng Diyos para sa panahong ito.

⁹³ Kahit gaano pa man karami ang mga obserbatoryo, gaano man karami ang iba pang mga bagay, ang sinabi sa mga lalaking pantas, “Aba, kayo ay mga wala na sa katinuan ninyo!” Dalawang taon silang naglakbay. Sila ay dumaan sa maraming mga bansa, at sinasabi ng mga ito, “Saan kayo patungo?”

⁹⁴ “Oh, nakita namin ang Kanyang Tala sa Silangan, at kami ay naparito upang sambahin Siya.”

At nang sila ay bumagtas na ng Jerusalem, ang denominasyonal na punong-tanggapan, ay walang maibigay na kasagutan ang mga ito. Sila ay nagparoo’t parito sa mga lansangan, na sumisigaw ng, “Nasaan Siya, ang isinilang na Hari ng mga Judio?” Walang alam ang mga ito kahit na ano tungkol dito.

Kaya, sinangguni nila ang Salita, para malaman nila. Sila ay nagsusunod, alam nila na ang Talang iyon ay ginagabayan sila patungo sa Walang Hanggang Liwanag. “Gabayan Mo kami sa Iyong sakdal na Liwanag.” At ang Salita ang siyang pumapatnubay sa iyo patungo sa Liwanag, at ang Liwanag ang siyang nagpapatunay sa Salita. Pansinin, sila ay mga lalaking pantas.

⁹⁵ At ang mga matatalinong tao ngayon, hindi ma-... “Ang karunungan ng sanlibutang ito ay kamangmangan sa Diyos.” Ang lahat ng inyong mga siyentipiko, at kayong mga tao na umaasa sa kung anong dakilang kaalaman, o kung anong iba pang bagay, na magsasabi sa inyo kung papaano hahatiin ang isang atom; hindi ka nito mabibigyan ng Buhay. Walang ibang makapagbibigay sa inyo ng Buhay kung hindi ang binigkas na Salita ng Diyos. Iyon lamang ang tanging bagay kung saan ang Buhay ay maaaring dumating, ay sa pamamagitan ng Kanyang binigkas na Salita.

⁹⁶ At iyan ay ayos lang, ang malaman kung papaano hahatiin ang isang atom. Sana hindi na lang nila natuklasan pa iyon. Pero kung sila . . . Kailangan nilang gawin iyon, dahil itong daigdig ay nakabitin ngayon . . . Ito ay dapat na mangyari, upang pasabugin ang mga malalaking butas na ito sa lupa, para palabasin ang kumukulong putik na iyon at pagbaguhing-sibol muli ang daigdig na ito, upang gumawa ng isang bagong daigdig; kung saan ang mga matuwid ay lalakad sa ibabaw ng abo ng mga masasama, kung saan ang kasalanan ay malilimitan na. Ang lahat ng bagay ay may paraan upang baguhing muli ang sarili nito. At ang tao, na pinagkalooban upang mabuhay sa ibabaw ng lupang ito, sa pamamagitan ng kanyang sariling karunungan, na pinili ang punongkahoy ng kaalaman kaysa sa punongkahoy ng buhay, kanyang sisirain ang daigdig na ipinagkaloob ng Diyos sa kanya na panahanan. Ngunit silang mga nananatili pa sa Punongkahoy ng Buhay, ay paroroon sa isang bagong kalangitan at isang bagong lupa, kung saan wala nang karamdaman o kamatayan. Liwanag! Liwanag, Panginoon, isugo Mo po sa amin ang Liwanag.

⁹⁷ Ang Mga Anghel ng Diyos noon ang nagpakita ng liwanag sa itaas ng burol, upang patnubayan ang mga pastor patungo sa Walang Hanggang Liwanag. Kita n’yo, ito ay dumarating lamang sa pamamagitan ng Liwanag. Ang Buhay ay maaari lamang dumating sa pamamagitan ng Liwanag. Ang mga pastor, gusto nilang malaman. Alam n’yo, kapag ang isang hari ay isinilang, sila ay may mga pag-aawitan, malalaking kasayahan, kapag ang hari ay isinilang. Ngayon, Siya ay sobrang lihim ang pagkakasilang, at isinilang sa isang kwadra, sa isang—isang sabsaban kung saan kumakain ang mga baka at mga kabayo, ngunit ganun pa man Siya ay isang Hari. At ang—ang Mga

Anghel ay bumaba at inawit ang mga himno sa mga pastol na iyon, sa Liwanag.

Ang Mga Anghel, sila mismo, ay mga liwanag na nagpakita na taglay ang Salita ng Diyos. Taglay nila ang Salita ng Diyos, at sinabi sa mga iyon, “Sa araw na ito, sa bayan ni David, sa Bethlehem, ay isinilang ang Cristo na Tagapagligtas.” Ang Mga Anghel ay taglay ang Salita, at ang Salita ay dumating sa pamamagitan ng Liwanag, upang pumatnubay. At kanilang sinunod ang Salita ng Mga Anghel, tungo sa Walang Hanggang Liwanag. Natagpuan nila ang Sanggol doon, na nababalot ng lampin, gaya ng sinabi ng Mga Iyon. Sapagkat, nakita ninyo, ang Buhay ay dumaring lamang sa pamamagitan ng Liwanag.

⁹⁸ Pansinin, Siya ang Salita na ginawang Liwanag, o naging Liwanag. Ang Salita sa henerasyong iyon, Siya ang Salitang Liwanag sa henerasyon na iyon, dahil ang mga propeta ng sinaunang panahon, ay nangusap patungkol sa Kanya, at heto Siya na dumating at pinatunayan na Siya ang Liwanag ng binigkas na Salita ng Diyos. Kita n’yo? Ang lahat ng sinabi ng mga—mga propeta, ay natupad sa Kanya, kita n’yo, ang mga propeta sa dako rito na taglay ang Salita.

Katulad ng Diyos noon sa pasimula, nang Kanyang sabihin, “Magkaroon ng liwanag,” at ang liwanag ay dumating.

Ngayon ang propeta ay nagsabi, “Isang birhen ang maglilihi, manganganak ng isang Lalaki. Kanilang tatawagin ang Kanyang Pangalan na Emmanuel, dahil Ito’y magiging ang Diyos na sumasa atin.” Ngayon, sinalita na nila Ito, ang Salita ay naipahayag na; ngunit Siya ang Liwanag. Ano nga ba Siya? Ang katuparan. Aleluya! Siya ang katuparan ng Salitang iyon. Siya ang kapahayagan ng Salitang iyon.

⁹⁹ Gayon din naman ngayon, ang Salita ng Diyos ay natupad na sa panahong ito! Iyan ang Liwanag. Ito ay ang Diyos na inihahayag ang Kanyang Sarili. Siya ang Ilaw ng sanlibutan.

¹⁰⁰ At nang ang mga propeta, na kinasihan ng Espiritu Santo, ay nagsabi, “Sa atin ay ipinanganak ang Isang Bata, sa atin ay ibinigay ang isang—isang Anak na Lalaki, o isang Bata ang ibinigay; at ang Kanyang Pangalan ay tatawaging “Tagapayo, Prinsipe ng Kapayapaan, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama,”” hayan nga iyon. Ano nga ba Siya? Ang Liwanag na nagsakatuparan ng Salitang iyon, amen, ang Liwanag na nagsakatuparan ng Salitang iyon.

¹⁰¹ Sa Mateo, doon sa San Mateo sa ika-28 kabanata, ating makikita. At nang si Jesus ay bumangon mula sa mga patay, Siya rin ang Liwanag ng binigkas na Salita ni David, na nagsabing, “Hindi Ko iiwan ang Kanyang kaluluwa sa sheol; ni hindi man titiisin na ang Aking Banal ay makakita ng kabulukan.” Ang kamatayan ay nasa kadiliman. Ngunit sinira Niya ang mga selyo ng kamatayan, at lumakad dito, at bumalik palabas na muli.

Siya ang Liwanag, ang pinatunayang Salita, na ang mga patay ay maaaring mabuhay matapos silang mamatay. Siya nga.

¹⁰² Noong Araw ng Pentecostes, iyon ang Liwanag na nagpakita nang dumating ang Banal na Espiritu.

Sinabi ni Isaias, sa ika-28 kabanata ng Isaias, sinabi ni Isaias na, sa, “Utos at utos; bilin at bilin; dito ay kaunti, at doon ay kaunti.” “Panghawakang mainam ang mabuti.” “Sapagkat sa pamamagitan ng may ibang pangungusap at sa pamamagitan ng ibang mga wika Ako ay magsasalita sa bayang ito. At ito ang kapahingahan, ito ang Sabbath na siyang ipagkakaloob Ko. . . At ang lahat ng mga ito ay hindi nila pakikinggan; nagsilakad palayo, iniling ang kanilang mga ulo.”

At noong Araw ng Pentecostes, nang ang Banal na Espiritu ay bumaba sa mga taong iyon, at sila ay kumilos na tila mga lasing na kalalakihan at kababaihan, na mga pasuray-suray dahil sa bisa ng Espiritu Santo. At sila naman ay nagsilakad palayo at iniiling-iling ang kanilang mga ulo, at nagsabi, “Ang mga taong ito ay mga lasing, mga lipos ng bagong alak,” at kung ano pa. Tunay na Iyon ang Liwanag, ang Salita na siyang iprinopesiya, na nahayag.

¹⁰³ Gayon din naman sa bawat kapanahunan, ang Salita na nahayag, na Nabuhay, ay ang siyang Liwanag ng kapanahunang iyon, doon ang Salita ay nahayag. Katulad lamang noon sa Genesis 1, nang sabihin ng Diyos, “Magkaroon ng liwanag,” at nagkaroon ng liwanag. Nang sabihin ng Diyos na magkakaroon ng isang Anak na Lalaki; at nagkaroon nga ng Anak na Lalaki.

¹⁰⁴ Nang magsalita ang Diyos, sa Joel 2:28, “Mangyayari sa mga huling araw, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman; ang inyong mga anak na lalaki at mga anak na babae ay magsasalita ng propesiya; sa Aking mga tagapaglingkod na babae at lingkod na babae ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu; ang inyong mga kabataang lalaki ay makakakita ng mga pangitain; ang inyong matatanda ay managinip ng mga panaginip.” At ang lahat ng mga bagay na ito na Kanyang ipinangako, nang Ito, ang Banal na Espiritu ay bumaba, ay ang siyang Liwanag na nasa Salita na iyon. Nang ang Salita ay mahayag, samakatwid Ito ay naging Liwanag.

Siya ang Liwanag. Siya ang Liwanag na dapat nating sundan. Siya ang tanging Liwanag. Ang Mga Anghel ay nakatagpo ng Liwanag, at sinundan Ito patungo sa Kanya.

¹⁰⁵ Ngayon, sa lahat ng mga kapanahunan, ang Diyos ay nagtakda ng hustong dami ng Kanyang Salita para sa bawat kapanahunan. Ang Diyos ay laging nagsusugo ng isang tao na maaaring lukuban ng Salitang iyan at maipakita ang Liwanag Nito. Na, bawat kapanahunan, ginagawa nito ang gayon ding bagay, laging ginagawa iyan.

106 Siya ang katuparan, katulad ng sinabi ko, ng lahat ng mga Makalangit, na mga banal na kapangyarihan ng mga propeta. Sila ay mga maliliit na diyos. Kapag ang Salita ng Diyos ay dumating sa isang tao, sinabi ni Jesus, Mismo, na siya ay isang diyos. Alam n'yo iyan. Sabi Niya, “Kung sinabi ng inyong kautusan, at ang inyong mga magulang noon doon, ay tinawag sila, na mga dinatnan ng Salita ng Diyos, tinawag silang mga ‘diyos,’ papaano ninyo Ako tutuligsain, na sinasabi, nang sabihin Kong, ‘Ako ang Anak ng Diyos na iyon?’” Kita n'yo?

Gayong, ang pinaka Diyos Mismo, na Siyang bumigkas ng Salita sa pamamagitan ng mga propeta, Siya ang kapahayagan ng binigkas na Salitang iyon. At kung ang propeta ay tinatawag na isang diyos, dahil siya ang kapahayagan ng Salita ng isa pang propeta, paano ninyo Siya tutuligsain kung Siya ay ang siya ring bagay? Siya ang Anak ng Diyos, dahil tatawagin Siyang Anak ng Diyos.

107 Siya ang matagal nang ipinangakong Mesiyas na hinihintay ng sanlibutan. Siya ang ipinangakong Mesiyas na nahayag.

108 Masdan n'yo Siya nang Siya ay tumayo roon. Sabi Niya, “Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, kung gayon ay tuligsain ninyo Ako.” Kita n'yo? “Subalit kung hindi ninyo Ako masampalatayanan, sampalatayanan ninyo ang mga gawa na Aking ginagawa. Ang mga ito ang nagpapatotoo kung Sino Ako. Ang mga ito ang nagsasabi sa inyo kung Sino Ako.”

Nakita ninyo, ang bulag, na madilim na panahong iyon na kanilang kinabubuhayan, hindi nila Ito makita. Sadyang hindi nila maunawaan. “Papaanong magiging Siya Iyon? Papaanong Siya’y magiging kung anong Anak ng Diyos, gayong Siya’y ipinanganak dito mismo sa Bethlehem?” Kung alam lang nila, na sinabi ng Salita na Ito ay darating sa ganoong paraan. “Aba, ang Kanyang ama, na si Jose, ay isang karpintero. Ang Kanyang ina, aba, ang paniwala talaga ng aming mga kapatiran ay isinilang Siyang isang anak sa labas.” Kita n'yo? Pero ganun pa man iyan ang sinabi ng Salita ng Diyos.

109 Sabi Niya, “Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, dahil iniisip ninyo na sa Mga Ito ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ang Mga Ito ang Mismong nagpapatotoo kung Sino Ako. Ang Mga Ito Mismo ang nagpapatotoo sa Akin, itong Mga Banal na Kasulatan.” Kung gayon ay ano nga Siya? Ang Liwanag ng Diyos. Hindi nakapagtataka na sinabi Niya, “Ako ang Ilaw ng sanlibutan.”

110 Hindi lamang na sinabi Niya, “Ako ang Ilaw,” ngunit sinabi Niya, “Kayo ang Ilaw.” Kung ang Kanyang Salita ay nasa inyo, na nagpapatotoo sa Sarili Nito, kung gayon kayo ay Ilaw ng sanlibutan. Pansinin, ating nakita, ang Ilaw ng bawat kapanahunan ay nahayag nang gayon pa rin naman.

111 Kung gayon ay nais kong itanong, gaya . . . bago lumipas ang ating oras. Bakit, bakit kung gayon na sila ay . . . kanila nga itong tinanggihan? Papaano nila ito magagawa, gayong ang . . . Ang mismong Biblia nila, na kanilang binabasa, ay nahahayag na noon sa harapan nila. Ngayon pag-aralan nang mabuti ngayon.

112 Ngayon alalahanin, ako ay nangungusap sa maraming mga tao sa sandaling ito, nakita n'yo. Hindi lang apat o limang daan ang naririto, kundi ako—ako ay nangungusap sa libu-libong dami.

113 Tumigil muna tayo sandali. Itigil ang inyong teyp rekorder at magtanong. Bakit ang mga taong relihiyoso, mabubuting tao . . . Bakit mag-aalinlangan si Jose? Kita n'yo? Bakit si Jo- . . . ? Dahil hindi niya kailanman sinaliksik ang Kasulatan.

Bakit nagduda ang mga saserdote? Ang isang dahilan kung bakit hindi sila . . . alam nila iyon. Ipinahayag itong mabuti ni Nicodemo. Sabi niya, “Guro, nalalaman naming Ikaw ay isang guro na mula sa Diyos. Walang tao na makagagawa ng ginagawa Mo maliban na ang Diyos ay sumasa kanya. Nalalaman namin iyan.” Subalit ano nga ba iyon? Ang kanilang mga tradisyon ay pinigilan silang gawin iyon.

114 Kung ganoon bakit sila, nila tinanggihan ang Mesiyas? Ay da- . . . Bakit nila tinanggihan ang Liwanag na iyon? Heto ang Salita na alam nilang mangyayari, ngunit nang mahayag na ang Salita upang ipakita na ang Salita ng Diyos ay natupad, ihambing n'yo iyan sa panahon ngayon. Kita n'yo? Noong doon, na nakasulat sa Salita, na magaganap iyan, kung gayon bakit tinanggihan ito ng mga lalaking iyon; mga guro pa naman? Dahil sila ay nabubuhay sa nakasisilaw na ningning ng ibang liwanag. Iyon nga. Sila ay nabubuhay sa nakasisilaw na ningning.

Iyan ang kanilang ginagawa sa panahong ito. Sila ay nabubuhay . . .

Ang dahilan kaya nila ito tinanggihan ay sa kadahilanang sila ay nabubuhay sa isang nakasisilaw na ningning ng ibang liwanag. Kita n'yo? Ngayon, sila ay nabubuhay sa nakasisilaw na ningning ng kung ano ang sinabi noon ni Moises, ayon sa kanila. Sila ay nabubuhay sa isang nakasisilaw na ningning ng kung ano ang nadaanan na (ng ibang kapanahunan).

At iyan ang mismong dahilan ngayon na ang Mensaheng ito, na, ang “Si Jesus Cristo ay siya pa rin,” ay tinanggihan, ay dahil ang mga tao ay nabubuhay sa mga nakasisilaw na ningning ng ibang kapanahunan. Ang gayon ding dahilan, na kanilang tatanggihan Ito. Ngayon mapapansin natin.

115 At sinabi ng Webster, na, “Ang isang nakasisilaw na ningning ay parang isang huwad na liwanag. Ang isang nakasisilaw na ningning ay isang huwad na liwanag; ganoon din ang bagay na may nakasisilaw na ningning.”

Katulad ng—katulad ng isang malikmata sa daan. Bumiyahe kayo sa daan, marami sa inyo na nagmamaneho ng mga sasakyan, at tumingin kayo sa unahan ninyo. Kapag nakita ninyo ang araw doon sa lupa, nagsisinag ito ng isang liwanag, at katulad ng isang malikmata, para bang may tubig sa buong daan. Ngunit, kapag nakarating na kayo doon, wala naman palang kahit ano doon. Ito ay isang huwad lamang, malikmata, ang nakasisilaw na ningning ng isang totoong liwanag.

Iyan ang ginagawa ngayon ng diablo, ang pagpapakita ng isang malikmata sa mga tao, isang Council of Churches, isang grupo ng mga denominasyon, na labas din naman na isang huwad. Dahil, ito ay sa dahilang mayroong isang tunay na Liwanag na nagliliwanag. Kung iyang tunay na Liwanag ay nagliliwanag, ang isang malikmata ay hindi maaaring mapunta doon. Ang tunay na Liwanag ay nagliliwanag. At iyan ay . . . Sila ay nabubuhay sa nakasisilaw na ningning ng ibang kapanahunan, ng ibang bagay, dahil ito ay tumama at nakalampas na.

Ngayon, ang isang nakasisilaw na ningning, ang malikmatang ito ay huwad. Ito ay isang nakasisilaw na ningning ng araw.

¹¹⁶ At ganyan nga, kanilang ginawa ang gayon ding bagay, isang huwad na nakasisilaw na ningning ng tunay na Liwanag.

¹¹⁷ Ngayon, ito ay nagpapatunay na Siya ang tunay na Liwanag. Siya ang Liwanag. Bakit nila nalaman na Siya ang Liwanag? Papaano ninyo malalaman na Siya ang Liwanag? Dahil ang Salita na ipinangako ay nahayag sa pamamagitan Niya, kaya Siya ang Liwanag ng binigkas na Salitang iyon. Amen! Oh, iyan ay halos makapagpapasigaw sa akin, na isang pentecostal na Baptist. Pansinin, isipin ninyo ito!

¹¹⁸ Isang nakasisilaw na ningning, kita n'yo, nabubuhay sa isang nakasisilaw na ningning! Subalit kapag ang tunay na Salita ay nabubuhay, iyan ang Liwanag, kung ano ang sinabi ng Diyos.

Ngayon, ano kaya kung sinabi ng Diyos, sa pasimula, “Magkaroon ng liwanag,” huh, buweno, at may iba pang bagay na lumitaw, kita n'yo, isa lamang malikmata? Kita n'yo, hindi sana ito naging gayon, ganun pa man, kung ano ang sinabi ng Diyos. Hindi, hindi sana ito naging gayon. Ano kaya kung sinabi ng Diyos, “Magkaroon ng Liwanag,” at marami pang hamog ang dumating? Kita n'yo, hindi sana ito naging liwanag. Subalit, ang dahilan kaya ang liwanag ay dumating, iyon ay ang Kanyang Salita na nahayag.

At ngayon, kapag ang Diyos ay nagsabi na ang ganyang mga bagay ay magaganap sa ganitong panahon, at nakita ninyo ito na ginagawa ito, (ano nga ba ito?) ito ay ang Liwanag sa Salita ng Diyos. Ito ay ang Salita na nagiging Liwanag, na inihahayag ang Sarili Nito.

¹¹⁹ Ngayon, sabi nila, “Ano’ng sabi Mo kung sino kami? Aba,” sabi niya, “pinipilit Mong. . . Alam namin na Ikaw ay baliw. Aba, Ikaw ay isang Samaritano; wala Ka sa Iyong tamang pag-iisip. Aba, pipilitin Mong. . . Sino ba ang makapagsasabi. . . Alam namin na Ikaw ay ipinanganak sa kasalanan. Hindi namin alam kung saan Ka nanggaling. Wala kaming talaan ng Iyong pagkakakilanlan sa aming mga pangkat. Aba, Ikaw ay baliw. Mayroon Kang diablo.” Kita n’yo? Sabi, “Aba, Ikaw ay wala sa iyong katinuan.” Ngunit Siya sa katunayan ang totoong, tunay na Liwanag ng Diyos, na nagliliwanag.

At ang nakasisilaw na ningning ang nag-alis, bumulag sa kanilang paningin. “Nasa amin si Moises bilang patnubay namin!”

¹²⁰ Sabi Niya, “Kung si Moises ay inyong pinaniwalaan, dapat ay nakilala ninyo Ako.”

¹²¹ At kung inyong sasampalatayanan si Jesus at ang Biblia, malalaman ninyo ang panahon na ito na inyong kinabubuhayan. Sabi nila, “Buweno, kami ay mga Cristiano. Kami. . .” Kung gayon nga kayo, ay nalalaman ninyo ang mga gawa ni Cristo para sa panahong ito. Kita n’yo, malalaman ninyo ito.

¹²² Sinabi ni Jesus, “Ang lahat ng mga propetang iyon ay nangusap tungkol sa Akin. At kung inyong pinaniwalaan ang mga propetang iyon, aba, makikilala ninyo Ako. Ang Aking mga gawa ang nagpapakilala. Dahil, ano man ang sinabi ng mga ito na gagawin Ko, iyon ay ginagawa Ko. At sino ang hahatol sa Akin ngayon tungkol sa hindi pagsampalataya?”

¹²³ At gayunman hindi pa rin nila ito nakita. Bakit? Ang kanilang mga mata ay nabulagan, ng nakasisilaw na ningning; kita n’yo, ang nakasisilaw na ningning ng iba pang bagay na kanilang tinanggap bilang kung ano nga ang tunay na binigkas na Salita. Ngayon isipin n’yo ito. Isipin n’yo ito. Kanilang sinasabi na sila ay sumasampalataya sa Salitang iyon. Subalit ang kanilang tradisyon ay ibinaling ang kanilang mga mukha mula sa tunay na Salita, patungo sa isang nakasisilaw na ningning, kaya naman hindi nila makita ang tunay na bagay.

Gayon din ito sa panahong ito. Gayon din ito sa bawat kapanahunan. Kita n’yo, ang—ang tunay na Salita ay nagliliwanag, subalit sila ay lubhang naging masyadong maka-tradisyon na, na, hindi na nila makita ang Salita na iyan. Sila ay nakatingin sa nakasisilaw na ningning, at sila ay mga nabubulagan na. Bubulagin kayo ng isang nakasisilaw na ningning. May kislap ng liwanag na lumalabas mula rito. Bubulagin kayo nito. At, ito ay, kapag. . .

¹²⁴ Sinabi ni Jesus, “Kayo ay mga bulag, na nag-aakay sa bulag.” Dapat ay nagawa nila itong makita, ang makita kung Sino Siya. Ngunit hindi nila nagawa, dahil sila ay nabubuhay sa nakasisilaw na ningning na iyon.

125 Ngayon, ang isang nakasisilaw na ningning, katulad ng sinabi ko na, ay isang huwad na liwanag, isang malikmata, isang huwad na pagkaunawa sa tunay na Liwanag. Huwad na pagkaunawa; ito ay isang bagay na—na dapat sana ay katulad Nito kapag tiningnan, subalit ito’y hindi nga Iyan.

126 Ngayon ang tanging paraan para malaman nila ang pagkakaiba, dahil ang mismong mga bagay na ginawa ni Jesus ay nagpatunay kung Sino Siya, na Siya ang Liwanag. Inakala nila na sila ay nasa Liwanag. Ngunit ngayon kung kayo lamang ay titigil sandali at isasaalang-alang kung sino ang nasa Liwanag, kung gayon.

127 Ngayon, sa panahong ito! Kung ang isang gayong padalus-dalos na pagkakamali ay nagawa ng mga taga-simbahan ng panahong iyon, isang padalus-dalos na bagay ang nagawa, mga kapatid, hindi ba ninyo naiisip na panahon na upang tayo ay tumigil at isaalang-alang kung ano ba ang Liwanag? Huwag tayong gumawa ng ganyang padalus-dalos na pagkakamali. Ngunit ginagawa ninyo ito. Ginawa n’yo na ito, kita n’yo, at hindi n’yo ito nalalaman, katulad din naman nila noon. Ngayon tumigil muna sandali at alamin kung ano ang sinasabi ng Salita para sa panahon ngayon.

128 Kung tumigil lamang sana sila at nag-isip, “Heto Siya at tumutupad, nang ayon sa eksaktong nakasulat, nang tugmang-tugma sa kung ano ang sinabi ng Salita na gagawin Niya.”

At hinamon Niya sila, gaya ng paghamon ko sa inyo! Kita n’yo? Kita n’yo? Hinahamon ko kayo na tumingin sa Salita, saliksikin ang Mga Kasulatan, tingnan kung hindi nga ba ito ang panahong iyon. Kita n’yo? “Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, sapagkat iniisip ninyo na sa Mga Iyon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ang Mga Ito’y siyang nagpapatotoo tungkol sa Akin.” Iyon ngang Mga Iyon ang siyang nagpapatotoo ng gawang ito ngayon. Ang mga gawang Ito mismo ang nagpapatotoo na ito nga ay nagaganap, at sinasabi ng Kasulatan na magaganap ito, kaya ito ang Liwanag ng panahong ito. Gayon nga ang sabi ng Salita ng Diyos.

129 Ang inyong mga tradisyon at mga bagay-bagay ang siya mismong sinabi ng Biblia, katulad ng mga iyon na iniiling-iling ang kanilang mga ulo at lumalakad palayo. “Lahat ng mga hapag ay puno ng suka,” ang sabi ng Biblia. At doon nga kung saan sila naroon. Ayaw nila itong paniwalaan. Kanilang iniiling-iling ang kanilang mga ulo. At, mga ginoo, inyo bang napagtatanto? At, mga kapatid, inyo bang napagtatanto ito, na, kapag inyong tinatanggihan ang mismong bagay na pinapatunayan ng Diyos sa inyong harapan, na ginagawa na rin ninyo ang gayon ding bagay na kanilang ginawa, na bumabalik sa inyong mga tradisyunal na suka?

¹³⁰ “Tulad ng aso na bumabalik sa kanyang suka.” Kung ito ay nagbigay sa kanya ng karamdaman sa simula pa lang, ito rin ay magdudulot sa kanya ng sakit sa ikalawang pagkakataon. Kung ang iglesyang Katoliko, dahil naging organisasyon na at itinatag bilang unang organisasyon, ay nagdala ng sakit sa iglesya; gayon din naman ang mga Lutheran, Methodist, at lahat ng iba pa sa kanila, Baptist, Presbyterian, at mga Pentecostal. “Ang aso ay bumabalik sa kanyang suka, at ang baboy ay bumabalik sa kanyang lubluban.” Kita n’yo? Dadako na tayo diyan sa loob lang ng ilang sandali, kung loloobin ng Panginoon.

¹³¹ Nakasisilaw na ningning, lumalakad sa nakasisilaw na ningning, kita n’yo, isang malikmata, isang huwad na pagkaunawa sa tunay na Liwanag. Kanyang pinatunayan na Siya ang Liwanag.

Dahil, Siya, bilang nasa . . . landas sa kakaunting bilang, oh, naku, milyun-milyon ang laban sa Kanya! Wala man lang isang maka-anim ng mga tao, isang maka-siyamnapu ng mga tao, sa ibabaw ng lupa, ang nakaalam na Siya ay narito noon. Wala, sa palagay ko, ni isang—isang maka-isandaan ng mga Judio, o wala pa halos isang maka-limampu nila, o maka-apatnapu nila, sasabihin ko, maaaring mas kaunti pa roon, mula sa Sarili Niyang bansa, ang nakaalam na Siya ay naroon noon. At silang mga nakaalam naman na naroroon Siya, ay itinuring Siyang isang huwad na kung ano, dahil sinabi ng denominasyon sa kanila na iyon nga Siya. Kita n’yo?

Ngunit ganun pa man Siya ang tunay na Liwanag na nabigkas mula pa nang sa Genesis, sa pasimula, at sinabihan sila na saliksikin ang Mga Kasulatan at alamin kung Siya nga ba ay hindi nabubuhay noong panahong iyon mismo; kung Siya, ang mga gawang Kanyang ginawa, ay hindi natupad nang eksakto sa kung ano ba ang ipinangako sa panahon na iyon. Amen! Oh!

¹³² Napakaseryosong bagay ito, kapatid! Tayo ay nabubuhay sa isang matinding panahon.

¹³³ Kanyang pinatunayan na Siya nga ang karapat-dapat. Siya ang mismong Liwanag na sinasabi nilang kanilang sinasamba. Sinabi nila na kanilang sinasamba ang Liwanag na iyon.

At ganoon din naman sa panahong ito. Sinasabi nila na kanilang sinasamba Iyan. Sinasabi iyon ng mga Pentecostal. Ipinamamarali nilang sila nga, at lubhang nabubulagan na anopa’t hindi nila makita ito. Bakit? Sila ay nag-organisa, at, ngunit isang nakasisilaw na ningning sa kanilang mukha. Kita n’yo? Ang isang tradisyon ay ang pinagkaisahang gawin ng mga tao, at sabi, “Kami ay paroroon at gagawin *ito* at *ito*, at *ito* at *iyon*.” Ngayon dadako na tayo sa kung bakit iyan ay kailangang mangyari, kung loloobin ng Panginoon.

¹³⁴ Pansinin ninyo, ang Kanyang mga gawa ay ang buhay na Salita Mismo. Ang Kanyang ginawa ay ang buhay na Salita

Mismo, na nagpapakita na Siya ang Liwanag na iyon na ipinangako magmula pa sa pasimula ng sanlibutan. Siya ang Liwanag na iyon. Ang Kanyang Liwanag sa ipinangakong Salita para sa naturang kapanahunan ay binuhay Ito nang eksakto sa kung ano ang sinabi ng pangako na gagawin Nito, subalit kanila Itong pinihit nang husto hanggang sa hindi na nila Ito magawang makita pa. Kita n'yo? Ngunit Siya ang Liwanag sa kapanahunang iyon.

¹³⁵ Siya ang Liwanag na sinasabi nila na kanilang sinasamba. Inakala nila na sila ay sumasamba sa mismong Diyos na lumikha. Sila ay nabubuhay sa at sumasamba sa nakasisilaw na ningning, at sinabi ni Jesus, “Kayo ay sumasamba sa Akin nang walang kabuluhan, na nagtuturo ng Doktrina ng kanilang mga tradisyon ng tao, at hindi ng Salita.” Siya ang Salita, at Siya ang Salita na nahayag. Dapat ay kanilang nalaman iyan.

¹³⁶ Sana ay makatagos iyan, sa lahat ng dako na maririnig ito, kita n'yo, na ito ay ang Salita na nahayag. “Oh,” sasabihin, “oh, nasa amin ang Salita.” Aba, ang Salita, lahat ng tao'y nagdadala ng Biblia, na nagnanais magdala. Subalit, kapag ang Salita ay napatunayan, ay nahayag!

Aba, sasabihin, “Buweno, sumasampalataya kami!”

¹³⁷ Siyanga, po, sila ay naniwala, nang tuluy-tuloy. Ganoon din naman si Satanas. Ang mga Fariseo na iyon, sino ang maaaring tumuligsa sa kanila, sa hindi pagsampalataya? Ngunit hindi nila sinampalatayanan ang Salita para sa panahong iyon. Sila ay sumasamba sa nakasisilaw na ningning ng iba pang bagay.

Gayon ding bagay ito na kanilang ginagawa ngayon. Kita n'yo? Iniingatan nila ang kay Luther na predik- . . . mga tradisyon, o—o mga tradisyon ni Wesley, at ng iba pa sa kanila, ang tradisyong Pentecostal. Ngunit paano naman ang sa panahon ngayon?

Ang mga Fariseo ay ipinagpapatuloy ang kanilang mga tradisyon. Ngunit kasunod ng kanilang mga tradisyon ay ang tunay na Salita ng Diyos na paparating upang magliwanag, at, nang magliwanag na nga Ito, binulag Nito ang kanilang paningin. Hindi nila Ito makita dahil sa may iba pang bagay silang tinitingnan.

Ganoon din naman ngayon! Itulot nawa ng Diyos na ito ay tumimo sa kaloob-looban, hanggang sa ito ay talagang makuha ng mga taong dapat na sumampalataya rito. Masyado nang huli kaysa sa inaakala ninyo.

¹³⁸ Ang aking anak, na si Billy Paul, nagsasalita siya sa kanyang pagtulog, ngunit hindi naman siya madalas na managinip. Nagkaroon siya noong isang gabi na nagpayanig sa kanya. Sabi niya nanaginip siya na nandoon daw siya sa isang simbahan, at—at sila . . . hindi pa raw ako pumapasok noon sa loob.

Sabi niya, nang ako raw ay pumasok na, ang apoy daw ay lumalabas mula sa mga mata ko, at sinabi ko, “Ang oras ay dumating na. Tapos na.”

At ang lahat daw ay nagsimulang magsigawan, “Paano na! Ang mga anak ko!”

¹³⁹ At maging ang asawa ko’y nagsabing, “Hindi ko mapilit si Sarah na humingi ng pagpapala sa may hapag,” at iba pa. At sabi ko . . .

Sabi niya, “Kailangan kong sunduin si Loyce at—at ang sanggol.”

¹⁴⁰ Sabi ko, “Hindi na makakapunta pa si Loyce ngayon. Ang sanggol ay napakabata pa para makaalam. Billy, ang oras ay narito na. Kailangan na nating umalis.” Sabi ko, “Hatinggabi na ngayon. Bago magbukang-liwayway, si Jesus ay paririto na. Kung hindi ito magkakagayon, kung gayon isa akong bulaang saksi ni Cristo.”

At may isang nagsalita, sabi, “Wala namang sinuman ang nakakaalam ng minuto o oras man.”

¹⁴¹ “Hindi ko sinabing minuto o oras. Ang sabi ko, ‘Anumang sandali sa pagitan ng ngayon at ng pagbubukang-liwayway.’” At sabi ko, “Tayo—tayo na.” . . . ? . . . Sabi ko, “Ngunit tayo ay nasa panahon na. Tayo na.”

At kami ay sumakay na ng kotse, at nagsimula nang umandar, at nagsimula kaming bumagtas paakyat ng bundok. At nang magawa namin, para bang ang liwanag ay kumakalat na sa kalangitan, ngunit madilim naman sa lupa. Sabi niya ako raw ay huminto sa may gilid ng daan, at itinaas ang aking mga kamay nang paganito, ang apoy ay patuloy pa ring lumalabas sa aking mga mata. At sabi niya sinabi ko raw, “Panginoon, ginawa ko ito ayon sa Iyong utos. Ginawa ko ito dahil lamang sa Iyong sinabi sa akin na gawin ko ito sa ganitong paraan. Ginawa ko ang mga bagay na ito ayon sa kung ano ang Iyong sinabi sa akin.”

At ako ay humudyat sa isang malaking bundok na granate; at isang—isang Liwanag, na wala namang mga kamay, ang tumibag ng isang Bato mula sa bundok, na tumitimbang ng daan-daang tonelada, at heto na Itong paparating. Sabi ko, “Ibaling n’yo ang inyong mga ulo; huwag kayong titingin. Matatapos din ito sa ilang sandali lamang.” Sabi, pagkatapos ay dumating sa lahat ng dako ang isang malaking banal na katahimikan, habang ang Batong ito ay dumarating patungo sa lugar na iyon.

¹⁴² Maaaring sobrang huli na kaysa sa ating inaakala. Hayan, kita n’yo, iyan ay eksakto sa Kasulatan, nakita n’yo, “ang Bato, na walang mga kamay, ay natibag mula sa bundok.”

At kaya isa sa mga araw na ito iyan ay magiging ganyan, kapag kayo ay sisigaw para sa isang bagay. Sabi ko sa kanila, “Nagkaroon na kayo ng gayong pagkakataon. Ang Diyos ay

patuloy kayong binigyang-babala, nang paulit-ulit. Oo.” Sabi ko, “Kahit na kung ito ay sarili kong anak, o kahit sino pa man ito, ang oras ay nandito na. Ang maaari ko lang sabihin ay kung ano ang Kanyang sinabi sa akin na sabihin, at ito ay mapaparoon,” at iyon nga.

At—at pagkatapos, biglang-bigla [Si Kapatid na Branham ay biglang ipinalakpak ang kanyang mga kamay nang isang beses—Pat.], heto Siyang dumarating, “ang Bato na natibag mula sa bundok, na hindi sa pamamagitan ng mga kamay.” Nakita ni Daniel iyan, alam n’yo, noon maraming taon na ang nakalipas. Walang alam si Billy tungkol diyan, pero iyon ay isang—iyon ay isang panaginip na ipinadala sa kanya mula sa Panginoon.

¹⁴³ Ngayon, kita n’yo, sinasabi nila na sila raw ay sumasamba sa mismong Diyos na iyan na kanilang ginagawang katatawanan. At ang gayon ding bagay ang siyang bumabalik muli ngayon, sa gayon ding kadahilanan, nabubuhay sa isang nakasisilaw na ningning sa halip na sa Liwanag. Ang mga Dakilang Liwanag ay mayroong liwanag. Hayan.

¹⁴⁴ Masdan kung anong kadiliman ang kinaroroonan natin ngayon! Masdan kung ano ang nangyayari ngayon! Tingnan ninyo ang mga patayan, panggagahasa, alitan! Aba, ang mga iyon ay naganap na. Sa paniwala ko si Billy Graham ang nagsabi, sa kanyang nakaraang pagtitipon, “Sa loob ng sampung taon mula ngayon, bawat mamamayan ng California ay kailangan nang magdala ng baril para maprotektahan ang kanilang mga sarili. Hindi na kayo makapaglagay ng sapat na pagpapatupad ng batas.” Ang mga tao ay sadyang naging baliw na; pamamaril, pagpatay, at mga panggagahasa, lahat na, kita n’yo. Sadyang nagkakagulo na, kita n’yo, sa mga lansangan. Kita n’yo, ito ay isang—ito ay isang panahon na ating kinabubuhayan, isang panahong mala-Sodoma. Kita n’yo?

Ngunit may isang Liwanag na nagliliwanag! Kung sila lamang ay titingin, kung kanila lamang makikita, tumingin sa Salita at makita kung ano nga ba ang dapat na nasa panahong ito, kanilang malalaman kung ano ang sinisikap na maisagawa.

¹⁴⁵ Ngayon, sinasabi nila na sila ay sumasamba sa Liwanag na iyan, gayon din naman na sinabi nila noon na sila ay sumasamba sa Liwanag na iyan, ngunit sila ay sumasamba sa nakasisilaw na ningning ng ibang liwanag sa halip na ng sa tunay. Kita n’yo? Siya ang Liwanag na iyon.

¹⁴⁶ Ang mga kredo at mga tradisyon, sa kanilang bulag na kalagayan, ang nagbaling sa kanila mula sa tunay na Liwanag ng ipinangakong Salita. Ang Salita na pinagtibay ng Diyos, sa pamamagitan ni Jesus, ang Ilaw ng sanlibutan, ay dumating at ginawa ang Salitang iyan na mabuhay mismo nang tugmang-tugma sa buong panahon Niya, nang tugmang-tugma sa mga araw. “Siya ay mahihwalay sa kalagitnaan ng pitumpung

sanlinggo, tama iyan, na siyang tatlo at kalahating taon ng Kanyang propesiya. Ang Mesiyas ay darating, ang Prinsipe, at magpropesiya, at sa tatlo at kalahating mga araw nito, pagkatapos ay mahihawalay na Siya mula sa mga nabubuhay, at gagawa ng pagtutubos.” At sadyang tama iyan. Siya ay nangaral nang tatlo’t kalahating taon. At ang kanilang. . .

¹⁴⁷ At ang mismong Awit na sinabi ni David, “Diyos Ko, Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?” Sa ika-22 Awit, “Ang lahat ng Aking mga buto, pinapansin nila Ako. Kanilang iniiling-iling ang kanilang mga ulo. Nilampasan nila Ako.” Walong daan at limampung taon, bago pa man iyon maganap, nang awitin ni David ang awit na iyon sa Espiritu, at ito ay itinuring na isang propesiya, at ibinigay noon. Inaawit nila ang mga awiting iyon sa templo habang ang siya ring Hain ay nakabayubay sa krus, pati Kanyang mga kamay, at binutasan. “At binutasan nila ang Aking mga kamay at Aking mga paa.” Kita n’yo? Nakita ninyo doon? Kung gayon, bakit? Sila ay nabubuhay sa isang nakasisilaw na ningning. Hindi nila nakita ang Liwanag.

¹⁴⁸ Maiisip ba ninyo ang isang taong matino na ginagawa iyan? Lalong hindi ko kayang isipin na ang isang matinong tao ay tatakbo sa silong at papasok sa may amag, at isasara ang kanyang mga pintuan nang mabuti, at sasabihing, “Tinatanggihan ko na makitang mayroong liwanag.” Ito ay isang kabaliwan.

At ang kanyang espirituwal ay kumawala na, sa kung saan, kapag nakita ng isang tao na ang Biblia ay ipinangako ito, at makita itong nabubuhay mismo sa harapan niya at nahayag, at pagkatapos ay patuloy na namamalagi doon sa mga kredong iyon at mga bagay-bagay na naroon na tinatanggihan Ito. Ito ay isang espirituwal na kapabayaan. Talagang tama iyan.

¹⁴⁹ Narito na Siya ngayon. “Siya ang—Siya ang Ilaw ng sanlibutan, at nakilala ng sanlibutan. . . Siya ay naparito sa Sariling Kanya; ang Sariling Kanya ay hindi siya nakilala. Naparito Siya sa sanlibutan, at ang sanlibutan ay ginawa sa pamamagitan Niya, at ang sanlibutan ay hindi Siya nakilala.” Kita n’yo? “Ngunit ang lahat ng nakakilala sa Kanya, ay pinagkalooban Niya sila ng karapatan na maging mga anak ng Diyos, sa kanila na nagsisisampalataya sa Kanya.”

¹⁵⁰ Tandaan, hindi tayo maaaring mabuhay sa pamamagitan ng liwanag ng kahapon. Ang liwanag ng kahapon ay wala na. Ito ay wala na. Ito, na liwanag kahapon, ay isa lamang alaala. Ang sikat ng araw kahapon ay isa na lang alaala, o, ito ay kasaysayan na. Hindi na tayo maaari pang mabuhay sa liwanag ng kahapon, hindi na. At ang siya rin, bagaman ito ay ang siya ring araw, ang siya ring araw, ngunit bawat araw ito ay nagbibigay ng kanyang lakas nang medyo mas malakas, upang pahinugin ang butil para sa pag-aani. Kita n’yo?

¹⁵¹ Ang araw ay dumarating ngayon, na medyo lalakas nang kaunti. Sa bawat araw ngayon ito ay higit na lalakas nang kaunti, lalakas pa nang kaunti, at hanggang sa wakas ang trigo, na nakahimlay doon, ito ay—ito ay magsisimulang magkabuhay. Matapos ang ilang panahon, ang—ang buhay ay lalabas, pagkatapos ay lalakas pa nang kaunti, lalakas pa nang kaunti. Marso, Abril, Mayo, Hunyo, Hulyo, siya ay nasa anihan na kung gayon, kita ninyo. Ang siya ring araw na sumisikat ngayon, sa—sa Enero o Disyembre, na naroroon sa itaas na pinaliliguan ang niyebe na iyan at tinutunaw ito sa butil na iyon, dinadalhan ito ng tubig; ito ay ang siya ring araw, ngunit ang trigong iyan ay hindi maaaring mabuhay sa gayon ding sikat ng araw sa Hunyo. Kita n'yo, hindi nito magagawa. Kita n'yo, ang araw ay dumarating na may kaunting kalakasan sa bawat araw, at ang butil ay dapat na maging higit pang gumulang upang matanggap ang sikat ng araw.

¹⁵² Iyan ang nangyayari ngayon. Ang butil na naihasik noon sa naunang mga magulang, noon doon sa—kina Luther at Wesley at sa kanila, ito ay nabansot; hindi nito matanggap ang Son [Anak—Tag.]. Pinapatay ito ng Son [Anak]. Ayaw nitong lumaki. Kita n'yo? Ito ay pinutol nito, inalis nito ang kanyang sarili mula sa tangkay, tulad din, at dumako *rito* at ginawa ang sarili nito na isang sariling maliit na bagay. Ito ay naging isang talukap, pagkatapos, at wala nang Buhay dito. Ang butil ay dapat na gumugulang at nagkakaroon ng higit na lakas, habang ang Son [Anak] ay nagiging higit na malakas sa bawat araw.

¹⁵³ Ngayon pagmasdan natin sandali. Pagmamasdan natin ang mga kapanahunan ng iglesya. May pitong kapanahunan ng iglesya. At habang ang mga kapanahunan ng iglesya na iyon, bawat isa, pagmasdan kung papaano Siya nangusap sa mga ito kung ano ang gagawin, kung paano na ang butil ay gugulang at hahantong dito sa huling panahon dito, dito sa huling panahon na ating kinabubuhayan. Kaya ang mga iglesya ay dapat na gawin ang gayon ding bagay, kita n'yo, ang mga iglesya.

¹⁵⁴ Ngayon tingnan n'yo, si Luther ay naghasik ng butil, at si Luther ay isang butil at inihatik niya iyon. Buweno. Ganyan din si Wesley; at, ganoon din, ganyan din ang Pentecostal; ganyan din ang mga Baptist, ang mga Nazarene. Ngunit, nakita ninyo, ngayon si Luther ay hindi na babalik pa at mabubuhay sa liwanag ng unang denominasyon, ang Katoliko. Hindi, po; siya ay ibang liwanag. Iyan ay ang Diyos na pinapahinog ang isang bagay. Ngayon isang maliit na grupo ang lumabas mula riyan, diyan sa rebaybal na Lutheran.

¹⁵⁵ Pagkatapos ay dumating ang rebaybal na kay Wesley, at pagkatapos, doon, aba, hindi sila makabalik at gawin ang gaya ng mga sa Lutheran. Kita n'yo?

At pagkatapos ay dumating ang mga Pentecostal. At pagkatapos ang mga Pentecostal ay nag-organisa at ginawa ang gayon ding bagay, kinuha ang talukap. Pansinin.

¹⁵⁶ Ngunit ang butil ay nagpapatuloy pa rin. Ngayon tayo ay nasa ibang kapanahunan na. Bakit hindi nila Ito matanggap? Bakit hindi nila makita na ang butil ay nahinog na? *Narito* ang ipinangakong Salita para sa panahong ito. [Tinapik ni Kapatid na Branham ang kanyang Biblia—Pat.] Bakit hindi nila ito makita? Dahil sila ay nabubuhay sa nakasisilaw na ningning ng Lutheran, sa nakasisilaw na ningning ng Wesleyan, sa nakasisilaw na ningning ng Baptist, sa nakasisilaw na ningning ng Pentecostal. Sila ay nabubuhay sa nakasisilaw na ningning ng ibang liwanag. Iyan ang dahilan kaya hindi nila matanggap ang Liwanag ng kabuuan ng Salita na pinatutunayan na gaya ng ipinangako ng Diyos. Iyang Pitong Selyo, kung saan ang buong hiwaga ay inihayag, ay babalik at ilalahad kung bakit ang mga hiwagang ito ay ipinahayag nang ganyan; at, ganun pa man, kapag iyan ay pumasok, sila ay higit pang lalayo Dito kaysa sa dati. Wala silang maidadahilan.

¹⁵⁷ Ginawa na ito ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu, sa pamamagitan ng mga kapahayagan. Siya ay—lubusan na Niya itong napatunayan, sa pamamagitan ng siyentipiko at lahat na ng iba pa, na ito ang Katotohanan, na ito ang Katotohanan. At gusto pa rin nilang mabuhay sa nakasisilaw na ningning ng Pentecostal, “Ako ang Assemblies! Ako ang Oneness! Ako ang Church of God! Ako *ito!*” Kita n’yo, nabubuhay sa nakasisilaw na ningning ng kapanahunan na apatnapu, limampung taon na ang nakalilipas. Nabubuhay sa nakasisilaw na ningning ng Lutheran. Nabubuhay sa nakasisilaw na ningning ng Wesley, ng Baptist, ng Presbyterian, o ng kung anong Nazarene, ng ibang kapanahunan ng iglesya na lumipas na at nag-organisa at ginawa ang gayon ding bagay, at tumanggi at tinanggihan ang Liwanag gayong Ito ay tunay na nagliliwanag.

¹⁵⁸ At kayo ay nabubuhay sa isang malikmata. Sinasabi ko iyan nang may pagpipitagan, kita n’yo, ngunit kayo’y . . . hindi para kayo ay saktan, kundi para gisingin kayo. Kayo ay nabubuhay sa isang malikmata.

Ano kaya kung si Jesus, ay magsabi “Aba, kayo ay mga bulag, at kayo ay nag-aakay ng bulag”? Hindi sila maaari. . . Sinikap Niyang sabihin sa kanila; at hindi nila ginawa. Sabi, “Pabayaang ninyo sila. Kung ang bulag ay mag-akay ng bulag, silang lahat ay mangahuhulog sa hukay.” Iyan ang panahon na aking ipinarito! Kung sila man ay magpapasuray-suray, wala na akong magagawa pa riyang. Nagawa ko na ang lahat ng maaari kong gawin. Nagawa ko na nang tamang-tama.

Ginawa ko ito nang ayon sa Iyong utos, Panginoon. Ikaw ang saksi.

Mula pa noong 1933, doon sa ilog, nang ang Liwanag doon na inyong nakita, ay nagliwanag doon, mula noon ay narito na Ito mismo sa tabernakulo at sumaksi sa inyo, sa lahat ng mga taon na ito. At lahat ng mga bagay na sinabi Nito ay nangyari. At sila ay tuluy-tuloy na ganoon pa rin. “Hayaang akayin ng bulag ang kapwa bulag.” Ako ay maghihintay na lamang sa oras na iyon; Siya ay darating, isa sa mga araw na ito.

¹⁵⁹ Pansinin, nabubuhay sa nakasisilaw na ningning ni Luther, nabubuhay sa nakasisilaw na ningning ni Wesley, nabubuhay sa mga nakasisilaw na ningning ng mga iyon doon sa nakalipas na, iyan ang dahilan kaya hindi nila makita ang tunay na Liwanag. Kung sila ay titigil kahit ilang sandali lang, at damputin lamang ang Biblia at basahin Ito, kanilang makikita na ang. . . ito ay ang Liwanag na ipinangako para sa panahong ito.

¹⁶⁰ Ngayon tayo ay dadako na sa ilan sa mga bagay-bagay na ito sa ilang sandali lang. Kanyang ipinangako, ayon sa Malakias 4, na ang mga bagay na ito ay magaganap. Kanyang ipinangako, sa kabuuan ng Mga Kasulatan, na ang mga ito ay magaganap. Kita n’yo?

¹⁶¹ Pansinin din ang Israel, ang ating tipo, sa paglalakbay. Tingnan, kumakain ng manna, na kanilang Liwanag, Buhay, na nagbigay sa kanila ng lakas, Buhay. Tama ba? [Sinasiabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Ang Israel ay hindi maaaring kumain ng manna na kahapon pa nahulog sa kanila. Ito ay narumihan na. Ito ay bulok na. Hindi na ito makabubuti pa sa kanila. Mamamatay sila, dahil dito. Ang manna na pinanatili silang buhay kahapon ay maaaring pumatay sa kanila ngayon. Sinabi ng Biblia na mayroon na itong mikrobyo sa loob nito, marumi na. At ang manna, dapat silang kumuha ng bagong manna araw-araw. Amen.

At ano nga ba ito? Ang mga tao na nabuhay sa manna ni Luther, ni Wesley, at nilang mga mula pa sa nakalipas na panahon, kayo ay kumakain ng narumihan nang bagay na pumapatay sa inyo, sa espirituwal. Ito ang pumapatay sa inyo, patay sa inyong mga tradisyon.

¹⁶² Ang sa kahapon, na manna ni Luther, hindi na gagana pa para sa Methodist. Ang manna ng Methodist ay hindi na gagana pa para sa Pentecostal. Ang manna ng Pentecostal ay hindi na gagana pa para sa panahon ngayon. Nakita n’yo ba ang ibig kong sabihin? Araw-araw iyon ay dumarating, sa bawat araw, nang sariwa, at gayon nga Ito sa buong mga kapanahunan ng iglesya.

Ang manna ni Luther ay ang mensahe ng pag-aaring-ganap. Ang mensahe ni Wesley ay ang kapahayagan ng pagpapabanal. Ang Pentecostal ay ang pagpapanauli ng mga kaloob. Ngunit ito ay ang pagpapakilala ng Pangulong-Bato, ang huling panahon, ang Punongkahoy na Nobya, na siyang salungat sa lahat ng ito,

at ganoon pa man Ito ay ang siya ring Liwanag para sa mga hinog na.

Katulad ng ang siya ring araw, na sumisikat ngayon, ay pahihinugin ang butil para sa pag-aani sa Hulyo. Nakita n'yo ba ang ang ibig kong sabihin? Ngunit ang liwanag ngayon ay hindi na makabubuti doon sa nakaraan na Hulyo. Higit itong mas malakas. Ang trigo ay mas gumugulang na; handa na itong tanggapin iyon. Amen. Tiyak na gayon nga. Hindi nila ito matanggap ngayon; makakaya noon. Ang panahon ay hindi pa tama, noon; ito ay tama ngayon.

¹⁶³ Hindi ka maaaring sumalungat sa kalikasan ng Diyos. Mayroon Siyang batas, at, ang salungatin ang batas na iyan, papatayin nito ang pananim mo. Kailangan mong sumunod nang naaayon sa binigkas na batas ng Diyos, at ang Kanyang mga batas ay ang Kanyang Salita. Anumang kautusan ay isang salita na binigkas. At ang salita ay isang kaisipan na nahayag. Kita n'yo? Ngayon, tayo—alam natin na iyan ay totoo.

¹⁶⁴ Ang isang pangitain ay ano? Ang Salita ng Diyos, o isang bagay na ipinagpauna nang sabihin, o isang paunang-ulat ng isang kaganapan. At ang isang pangitain na nagkaroon noon ang mga propeta, at tinaglay ni Jesus, tinaglay ni Pablo, at nilang lahat, at sinabi ang tungkol sa araw na ito, ay isang paunang-ulat sa kung ano ang magaganap. At dito ay nakikita na natin ang paunang-ulat na nahahayag na, at hindi man lamang ito napagkikilala ng mga tao. Nakita n'yo ba kung ano ang ibig kong sabihin? Ngayon, ang manna ng kahapon. . .

¹⁶⁵ Tingnan n'yo rito. Napansin n'yo ba, ang araw, a-r-a-w, ay naglakbay, mula sa Silangan patungo sa Kanluran, habang ito ay umiikot sa bawat panahon. Napansin n'yo ba iyan? At, pansinin, ang mga kapanahunan ng iglesia ay ganoon din ang bagay na ginawa. Ang ano? Ang araw, a-n. . . a-r-a-w, ay nagsimula sa Silangan. At ang sibilisasyon ay naglakbay kasabay ng araw, ang binigkas na liwanag ng Diyos para sa kanila upang ipamuhay. Sila ay nagsiparoon, na sinusundan ang araw, tingnan kung saan ba ito patungo.

¹⁶⁶ Ang buhay mismo, kapag ikaw ay isinilang, ay tulad ng araw. Nagpapatuloy ka, hanggang doon sa paglubog ng araw, mula sa iyong pagsilang hanggang doon sa paglubog ng araw.

¹⁶⁷ Ang tao ay naglakbay patungong kanluran, sa tuwi-tuwina. Ang pinakamatandang sibilisasyon na mayroon tayo ay ang China, sa silanganing mga bansa. Ang Jerusalem. . . At, pansinin, siya ay patuloy na naglalakbay patungong kanluran sa kanyang pagpapatuloy, at habang ito ay nagpapatuloy nang nagpapatuloy, patungong Kanluran.

¹⁶⁸ Ganoon din na ang kapanahunan ng iglesia ay naglakbay sa gayon ding direksiyon, sa pamamagitan ng S-o-n [A-n-a-k—Tag.] ng Diyos. Tingnan ninyo, si Pablo, ang naunang

iglesya, ay nagsimula sa Silangan; naglakbay ito mula doon, tumawid sa kabila ng—ng—ng—ng dagat, patungong Alemanya. Ito ay gumawa ng tatlong hatak. Tingnan n'yo rito. Mula sa Asya, tuluy-tuloy hanggang sa—sa Palestina, ito ay tumawid sa karagatan patungong Alemanya; iyan ay si Luther. At ito ay tumawid mula kay Luther, paibayong Ingles Kanal, patungo ng Inglatera; sa pamamagitan ni Wesley. At mula kay Wesley, siya ay tumawid na patungong Kanlurang Baybayin, patungong Estados Unidos. At ito, kung ikaw ay magtutuluy-tuloy pa, ay pabalik na ito muli sa Silangan. Ito ang panggaging panahon.

169 Tingnan kung papaano na ang mga kapanahunan ng iglesya ay lumaban. Si Luther. . . Si Pablo, muna, doon sa naunang kapanahunan; pagkatapos ay pumaroon kay Iren- . . . kay Ireneo, at iba pa; tuluy-tuloy hanggang doon sa Pransya; magmula roon, patungong Alemanya; papunta doon sa Inglatera; at patuloy na patungong Kanluran.

At ngayon hindi na tayo maaaring lumayu-layo pa. Ito na ang huling kapanahunan. At ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa huling kapanahunang ito? Kita n'yo, ayon sa heograpiya, sa mga dalubhasa sa pagtatakda ng petsa ng kasaysayan, at halos sa kahit anumang paraan mo ito kunin. Ayon sa Kasulatan, una; ang Kasulatan, siyempre, muna. Ang katibayan, batay sa kasaysayan, sa anumang paraan mo gustong kunin ito, tayo ay nasa pagwawakas na, ang huling kapanahunan ng iglesya.

170 At, masdan, habang ito ay sumusulong ito ay lumalakas nang lumalakas. At gayon din naman ang tunay, na munting maliit na pangkat ng Iglesya ay lumago mula sa pag-aaring-ganap, pagpapabanal, bautismo ng Banal na Espiritu, at ngayon ay sa pagparito na ng Batong-Panakip, na hinuhubog ang sarili nito pataas. Wala nang mga organisasyon pagkatapos nito. Hindi na magkakaroon pa. Kita n'yo, hindi maaari, kita n'yo, tayo ay nasa Kanluran na.

171 Upang ipakita lamang sa inyo, sa pamamagitan ng lahat ng mga tipo at lahat na ng iba pa. At tingnan ninyo ang tatlong pagtalon na iyon, tatlong hatak. Dadako tayo sa mga iyan mamayang gabi, kita n'yo, kita n'yo, kung papaanong tayo ay nasa huling panahon na. Ito lamang ay . . .

172 Ang a-r-a-w ay naglakbay katulad ng A-n-a-k; ang A-n-a-k katulad sa a-r-a-w. Ang iglesya ay dumating sa gayon ding bagay, mula sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya, at iba pa. Ang sibilisasyon ay umusad mismo patungong Kanluran, at ang Iglesya ay umusad mismo patungong Kanluran. At ngayon kung tayo ay uusad nang higit pa kaysa sa kung ano na tayo sa ngayon, babalik na tayo muli sa Silangan. Inyong iwanan ang Baybaying Kanluran, babalik kayo mismo sa China, sa Japan, pabalik mismo muli. Pitong libong milya patawid, babalik kang muli mismo sa Silangan. Kaya, ang Silangan at Kanluran ay

nagtagpo na, iyan na lahat iyon. Tayo ay nasa wakas na. Wala nang natitira pa.

¹⁷³ At ang gayon ding bagay ay naganap, ngayon, na naganap noon doon. Ang gayon ding bagay ay nagtagpo sa Kanluran na nagkatagpo noon sa Silangan. Ang mga tao na nabubuhay sa isang nakasisilaw na ningning ng ibang liwanag na totoong nagsisikap na maipakita ang Liwanag na darating, at tanggihan Ito, dahil natanggap nila ang nakasisilaw na ningning sa halip na ang Liwanag. Oh! “At mayroong dakilang Liwanag sa lupain ng mga Gentil; sa Zabulon, sa Neftali; ng Galilea, . . . sa Galilea, sa lupain ng mga Gentil.”

¹⁷⁴ Ito ang ikapitong kapanahunan ng iglesia. Tandaan, at sa bawat pagkakataon na ang araw na iyan ay nagsimulang sumikat sa Silangan, ay ang siya ring araw na sumisikat sa Kanluran. At ang siya ring Espiritu na dumating sa buong kahabaan ng lahat ng mga kapanahunan, katulad niyan, ay ang siya ring Anak ngayon. Lamang, ano nga ba ito? Katulad ng paghihinog, ang panahon. Ang araw na narito ngayon, ay magiging siya ring araw na magpapahinog ng butil sa taglagas na ito, ngayong taglagas, kita n’yo, ngunit (ano ba ito?) ito ay ang araw na ito na may dagdag pang kung anong magiging tindi pa nito. At ngayon, sa huling kapanahunang ito, ay siyang kung ano sila noon, idagdag pa Ito.

At ganoon pa man ay gusto nila na mamuhay doon sa nakalipas na, tulad ng isang bansot, bababa doon sa isang maamag, na lumang internom- . . . lumang nominasyonal na silong at kredo, at hihilahin pababa ang kanilang mga pantabing, sasabihin, “Sadyang ayaw kong makita Ito. Lahat ng Ito’y walang kabuluhan.” At gayong ang mismong Biblia, na kanilang sinasabing pinaniniwalaan nila, ay ipinapakilala sa pamamagitan ng siya ring Espiritu Santo na nagdadala ng Liwanag sa mga huling araw!

¹⁷⁵ Napansin n’yo ba? At masdan ninyong mabuti doon sa Malakias, kung papaano niya ibinahagi na, “Ang pananampalataya ng mga magulang tungo sa mga anak, at ang mga anak tungo sa mga magulang.” Kita n’yo, ang siya ring Espiritu na kung saan Ito ay itinaas noon doon, kung saan Ito ay naitataas na muli rito, ang gayon ding bagay. Kita n’yo, sadyang gayon din, na tamang-tama, nailalagay pabalik muli mismo. Dahil, bakit? Ang Silangan at ang Kanluran ay nagkatagpo na. Sadyang tamang-tama na nasa harapan na natin mismo, at gayon ma’y hindi nila ito nakikita. Bakit? Hindi kataka-taka na sinabi ni Jesus, “Pabayaang n’yo na lang sila, kung ganoon. Sila’y mga bulag, mga nag-aakay ng bulag, lahat sila ay mangahuhulog sa hukay.”

¹⁷⁶ Ang liwanag ng iba pang mga kapanahunan ay nagpakilala lamang sa Liwanag na ito. Kita n’yo? Ang araw ngayon ay

nagpapakilala lamang, ay siyang pagpapaaninag ng araw na sisikat ngayong Hulyo, o Agosto, kung ang Diyos. . . para sa pag-aani. At ang Son [Anak], nang kay Luther, Martin Luther, at Wesley, at Sankey, Finney, Knox, Calvin, Moody, silang lahat na iba pa, silang mga dakilang lalaki doon noon na nagkaroon ng liwanag na iyon; at si John Smith ng iglesyang Baptist, at si Alexander Campbell, ng iglesyang Campbellite, at ang tinatawag na Disciples of Christ, Christian Church, at kung ano pang pangalang itinatawag nila sa mga iyon. Lahat silang naturang mga lalaki noon, sa kanilang mga kapanahunan, ay nagpapakilala lamang kung magiging ano Ito rito sa katapusan.

¹⁷⁷ At pagkatapos ngayon, ang mga anak, agad-agad pagkatapos nilang mga tagapagtatag, ano ang kanilang ginawa? Hindi sila namalagi sa tangkay. Humiwalay sila mula Rito at ginawa ang kanilang sarili na isang munting talukap dito. Na, ikaw ay lumalayo na mula sa tunay na pinagmumulan ng Buhay, wala kang Buhay. Alisin mo ang talukap mula sa bagay na iyon, at itanim ito rito sa lupa, ito ay mananatili doon at mabubulok. At ganoon kayo, sa pagpipilit na kainin ang bulok na manna na mula pa roon sa nakalipas na mga panahong iyon.

Ang ani ay hinog na! Si Jesus ay naglatag na ng hapag-kainan, kung saan ang mga banal ng Diyos ay pinakakain ng hinog na Pagkain para sa panahong ito, sa pamamagitan ng Liwanag ng Ebanghelyo na nagpapatunay at nagpapatotoo na Siya ay narito ngayon. Amen. Ang mga banal ay kinakain ang naturang Tinapay.

¹⁷⁸ Isipin lamang. Ang lumang talukap ng kahapon, kita n'yo, huwag n'yo itong itanim doon sa nakaraan na. Ito'y bulok na. Hindi na maaari, hindi na ito maaaring makapanatiling kasama rito. Hindi, po. Walang buti itong maidudulot. Hindi ito tutubo. Ito ay wala na sa Buhay; at ang Salita ay Buhay. Tama iyan. Ang talukap ay nahuhulog, ang munting matandang balbas ay natatanggal na, at mga bagay na tulad niyan. Ito'y sadyang nagiging denominasyon na at bumabagsak. Ito ay tumatangging magpatuloy na kasama ng Buhay.

Subalit ang Liwanag ay pinapagtibay ito. Oh, naku! Siyanga, po.

¹⁷⁹ Ang sa kahapon, oh, naku, gaano natin dapat na makita iyan! Kita n'yo, iyan, ang bulok na mga bagay ng kahapon, huwag ninyo itong kainin ngayon. Kita n'yo? Mayroon na itong mga uod sa loob. Alam ba ninyo itong mga maliliit na tinatawag kong wiggletails? Hindi ko alam. Ako—ako ay walang gaanong alam tungkol sa buhay ng mikrobyo, pero ang alam ko lagi namin itong tinatawag na wiggletails. Pumapasok ito sa kahit na anong bagay kapag ito ay medyo nabubulok na. Kita n'yo? Ayaw ko na nito kung ganoon. Kung kayo ay nasisiyahan diyan, sige magpatuloy kayo, pero hindi ako. Ngunit tandaan n'yo. . .

Sasabihin n'yo, "Kung ganoon bakit mabuti naman ito kahapon?"

¹⁸⁰ Kung alam lamang ninyo na ang mismong munting balat na nasa trigo mula pa sa pasimula, kung ito ay mananatili sa butil, patuloy pa nitong bubuuin ang butil. Iyan ang mismong bagay na nagpapabulaklak ng trigo, ay kung ano ang sa kahapon; ngunit kapag inihiwalay nito ang sarili nito mula sa butil, at hindi iyon gumulang, kung gayon ito ay mawawala. Kita n'yo? Ngunit kung ito ay magdaraan sa proseso, ng proseso ng pagbibigay-buhay, na habang ito ay namamatay ito ay humahalo lamang sa ibang bagay pa at nabubuo na ang butil. Kung hindi, saan iyon nagmumula? Amen. Nakuha n'yo ba iyon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

¹⁸¹ Katulad ng Reyna ng Inglatera, minsan, nagpunta siya sa isang malaking kumpanya ng papel, at sabi niya gusto niyang lubos na makita ang mga pagawaan ng papel. Kaya ipinakita nila sa kanya ang mga pagawaan ng papel, ang sa matagal nang panahon bago pa man nila gawin iyon na sapal at kung anu-ano pa, kaya natuklasan nila . . . sa paggawa ng mga papel mula roon. Kaya sila, buwen, makaraan ang isang sandali, siya ay pumasok sa isang silid na walang laman kundi isang malaking lumang tambak ng maruruming basahan, at sinabi niya, "Saan nanggaling ito? Ano ba ito? Oh," sabi niya.

Ang—ang—sinabi ng presidente ng planta, "Ito ang—ang siyang pagmumulan ng gagawin naming papel, itong mga maruruming basahan na ito."

Sabi niya, "Iyan, gagawing papel?"

"Opo." Kaya hindi niya iyon halos mapaniwalaan.

¹⁸² Kaya pagkaalis niya, dinampot ng lalaki ang siya ring maruming tambak ng mga basahang iyon, at ipinadaan ang mga iyon sa isang kung anong proseso, at inilabas ang mga ito na isang malinis, na purong papel, alam n'yo, dumaan sa isang proseso at ginawang tunay . . . At inilagay ang kanyang nakatagilid na anyo ng mukha dito, at ipinadala ito sa kanya, na nagpapakita ng sarili niya rito sa bagay na tinawag niyang "maruruming mga basahan."

¹⁸³ Ngayon iyan na nga iyon. Ang patay na mga bagay ng kahapon, ang mensahe ni Luther, ang mensahe ni Wesley, ang mensaheng Pentecostal, kung ito lamang ay makakaraan sa proseso ng Espiritu Santo ng Diyos at ng Salita na nagpapatunay, maglalabas ito ng larawan ni Jesus Cristo, ang Hari. Amen. Ngunit kung hahayaan mo itong nakalapag, ito ay maruruming mga basahan lang. Kita n'yo?

¹⁸⁴ Ito ay dapat na mahubog na maging ibang bagay pa. Si Luther ay kinailangang mahubog patungo kay Wesley, at si Wesley ay kinailangang mahubog patungo ng Pentecostal, at ang Pentecostal ay kinailangang mahubog patungo kay

Cristo. Dumaraan ito sa isang proseso. Gayon din na ang Ebanghelyo ay dumaan sa isang proseso. Ito ay nagpoproseso. Ang kapanahunan ni Luther, ng pag-aaring-ganap, naniniwala tayo riyan; ang kay Wesley, ng pagpapabanal, naniniwala tayo riyan; ang sa Pentecostal, ng pagpapanauli ng mga kaloob, para sa Banal na Espiritu, tayo ay naniniwala riyan, totoo. Ngunit, hubugin mo itong sama-sama, ano ang makukuha mong kalalabasan nito? Si Jesus, tama, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Oh! Ang kalalabasan nito ay si Jesus.

¹⁸⁵ Kapag ang isang tao sa isang gawaan ng metal ay gumagawa ng kampana, mayroon siyang isang tiyak na tunog na kailangan niyang ilagay dito. Kapag inilalagay niya ang kanyang hulmahan at ibinubuhos ang kanyang bakal, siya ay naglalagay ng tamang dami ng bronse, tamang dami ng asero, tamang dami ng tanso. Bakit? Nalalaman niyang totoo kung gaano lamang ang dami na dapat ilagay, para magawa ito, at mabigyan ito ng tamang tunog.

At iyan ang ginawa ni Jesus sa Kanyang Nobya. Kinailangan Niyang maglagay ng tamang dami ng Luther, tamang dami ng Methodist, at tamang dami ng Presbyterian, tamang dami ng Pentecostal, dito. Subalit ano ang kinalabasan na nagkaroon Siya mula rito? Ang Kanyang Sariling larawan.

Ano nga ito? Katulad lang ng Mensaheng piramide, nakita ninyo, ito ay nabubunton pataas, ito, pumaroon sa maliit na kalipunan, kasama ang Pangulong-Bato. Ang ministeryo ni Jesus Cristo, sa lupa, ay dapat na maging kagaya ng ministeryo na mayroon Siya noon, o kung hindi ay hindi Siya makakaparoon dito. Katulad ng ulo, para sa paa. Ang ulo... Ang paa ay hindi ang ulo, ngunit ang ulo ay nagdadala sa paa, o siya ang nagpapakilos sa paa, ang nagsasabi kung saan ito dapat pumunta. Nakuha n'yo ba ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Napakaganda, ito ang Liwanag sa panahong ito.

¹⁸⁶ Si Wesley ay isang dakilang Liwanag. Katulad ng sinabi Niya patungkol kay Juan Bautista, "Siya ay isang dakilang Liwanag para sa kanyang panahon." Totoo, siya nga.

¹⁸⁷ Hindi. Siyanga, po, ang malilinis na mga basahan... O, ang maruruming mga basahan ng kahapon, kung kayo ay mananatiling ganyan, ito dapat ay... patuloy na magiging maruruming mga basahan lang ito. Nagampanan na nito ang silbi nito, bilang damit, pero ngayon ito'y naging papel na.

Naipaglingkod na ng pag-aaring-ganap ang panahon nito, sa pag-aaring-ganap sa ilalim ni Luther, pagkatapos ito ay kinailangang maging pagpapabanal sa pamamagitan ni Wesley. At ang pagpapabanal ay naipaglingkod na ang panahon nito, hanggang sa ito ay maging ang bautismo ng Banal na Espiritu. At ang bautismo ng Banal na Espiritu ay naipaglingkod na ang panahon nito; hanggang sa ang Banal na Espiritu (na, mayroon

lamang iisang Diyos) ay humahalo na sa Iglesya, at ang Iglesya kay Cristo, at ginagawa nito na si Jesus Cristo ay maipakilala sa lupa, kung ano ang ipinangako Niya rito sa Biblia. Maaaring hindi n'yo paniwalaan ito; hindi ko magagawang ipagawa iyan sa inyo. Ako ay may pananagutan lamang sa Salita. Kita n'yo? Tama iyan.

¹⁸⁸ Kaya nakita n'yo ba ito? Nakikita n'yo ba iyon? Kung ganoon nga, ito ay magiging katulad ng—ng isang lalaki na isang beses ay pumunta sa . . . noong, nagpunta siya doon sa Wales, noong panahon ng rebaybal na Welch. Isang pangkat ng mga lalaki ang nagpunta doon mula sa Estados Unidos. Kaya sila ay nagpunta nga roon, at sabi nila gusto nilang makita kung saang gusali nila idinadaos itong rebaybal na Welch. Marami sa inyo ang nakakaalala sa rebaybal na Welch, isang dakilang rebaybal na naganap sa gitna ng—ng mga mamamayang Welch doon sa Wales. Kaya itong mga lalaking ito, itong mga dakila't bigating mga ministro, at iba pa, ay pumaroon mula sa Estados Unidos, sila na mga doktor ng dibinidad. Gusto nilang pumunta roon at alamin kung anong dakilang bagay ang ginawa ng mga iyon, alam n'yo.

Kaya sila ay naglalakad doon sa kalye, at sinabi nila . . . nakita nila ang isang munting matandang pulis na nakatayo sa isang kanto, na pinapaikut-ikot ang kanyang batuta, alam n'yo, at sumisipol ng—ng isang himno, nang ganyan. Sabi nila, “Buweno, sumisipol lang siya ng isang himno. Maaari tayong lumapit, at makita siya, tingnan natin kung ano ang kanyang gagawin. Aba, tanungin natin siya.”

Kaya sila ay lumapit sa kanya, at sinabi, “Ginoo, saan naroon ang rebaybal ng mga Welch?”

¹⁸⁹ Inalis niya ang kanyang sumbrero; sabi niya, “Mga ginoo, ang rebaybal na Welch ay *dito* sa loob nagaganap,” sa kanyang puso. Oh, iyan nga iyon, siya ang rebaybal na Welch.

O Diyos, kung amin lamang—maunawaan lamang na kami ang larawan ni Jesus Cristo, ang Kanyang Salita na nahayag. Kayo ang larawan ng Kanyang Salita. Kita n'yo?

“Saan ginanap ang rebaybal na Welch? Saang gusali ba ito idinaraos?”

Sinabi niya, “Ginoo, dito po sa aking puso.” Siya ang rebaybal na Welch. Tama iyan.

¹⁹⁰ At ngayon ang Iglesya ay dapat maging si Jesus Cristo na kumikilos dito sa lupa. “Dahil sa Ako ay nabubuhay, kayo rin naman ay mabubuhay; at ang Aking Buhay ay sasainyo. Ang mga gawang ginagawa Ko, ay gagawin din naman ninyo.” Kita n'yo? Ang Iglesya ay dapat ding makarating sa punto na iyon. At Kanyang ipinangako na gagawin nito iyon, at mangyayari nga iyon. Ito ay dapat na dumating sa ganoong paraan. Kaya, nakita

ninyo, iyan ang magaganap. Tayo, tayo ay dapat na maging ganyan.

Siya ang Liwanag.

¹⁹¹ Ganoon din naman na si Noe ang Liwanag sa kanyang panahon. Siya ang Liwanag. Si Noe ang Liwanag na iyon. Siya ang Liwanag upang ano? Upang isakatuparan ang Salita ng Diyos na, “Lilipulin Ko ang tao sa ibabaw ng lupa, na Aking nilikha. Gumawa ka ng isang daong, at ang lahat ng magnanais na makapasok dito ay maliligtas.”

Si Noe ay lumabas doon, at sinabi, “Mayroong isang daan, at iyan ay ang daong.”

¹⁹² Sinabi nila, “Ang matandang baliw na panatiko.” Siya ang Salita noon na nahayag. Si Noe ang Liwanag ng panahong iyon, totoo. Ang kanyang panahon, ang kanyang kapanahunan, pinagliwanag niya ang Liwanag.

¹⁹³ Si Moises ang Liwanag noon ng kanyang panahon. “Tunay na dadalawin Ko kayo,” sabi ng Diyos kay Abraham. “At Ako ay paroroon, at Aking ilalabas ang Aking bayan, sa pamamagitan ng isang malakas na kamay, at Aking ipakikita ang Aking kapangyarihan sa Egipto.”

At nang si Moises doon sa itaas ay makaharap ang nagliliyab na palumpong na iyon doon sa itaas, at natuklasan na ang AKO NGA ay nasa palumpong na iyon, si Moises ay pumaroon, at siya noon ang Liwanag. Amen. Hindi nakapagtataka na nagagawa niyang kumuha ng ilang alabok, at hipan iyon at sabihin, “Magkaroon ng mga pulgas sa lupa.” Taglay niya ang Salita ng Diyos. Ano’ng nangyari? Ang alabok ay nagsimulang hipan ng hangin, at ang mga pulgas ay nagsimulang lumitaw. Alaluya! Bakit? Siya ang kapahayagan ng Liwanag ng Salita ng Diyos, “Aking sasalutin ang Egipto.” Isa siyang propeta. Anumang sabihin niya ay nangyayari. Siya ang Liwanag sa panahong iyon. Siya ang Liwanag ng Diyos.

¹⁹⁴ Maaaring nasa Faraon na ang lahat ng bagay na gusto niyang makamtan, at ang iba pa sa kanila, ang lahat ng mga saserdote ay mayroon ng kung ano ang nais nila, ngunit si Moises ang Liwanag. Bakit? Ipinakikita niya ang Salita ng Diyos, na nahayag. Ipinangako ng Diyos, “Aking ilalabas sila, sa pamamagitan ng isang malakas na kamay, at Ako ay luluwalhatiin.” Iyan nga ang Kanyang ginagawa.

Iyan ang dahilan kung bakit pinatunayan ni Moises na magagawa niyang lumikha. Hindi dahil sa gusto lang niyang lumikha; dahil sinabi ng Diyos sa kanya na gawin niya ito. “At sa pamamagitan niyon, ‘Pumaroon ka sa kongregasyon, sabihin mo, “Bukas . . .” Ang Panginoong Diyos ay nagsalita sa akin ngayun-ngayon lang, ‘Kumuha ka ng isang dakot ng alabok at isabog ito sa papawirin, nang ganito, at tawagin ito.’ Wala nito dito, ngunit magkakaroon nito doon.” Amen!

Oh, umaasa ako na kayo ay hindi tulog. Oh! [Iपालापक ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay nang isang beses—Pat.] Paghahayag!

¹⁹⁵ Sinabi niya, “Ako ay isinugo. Sinabi ng Diyos sa ating mga magulang, tunay na dadalawin Niya tayo rito at ilalabas tayo. Ako ay naparito upang patunayan sa inyo na ang oras ay malapit na. Iwan ninyo ang anumang nasa inyo. Tayo na!” Oo.

¹⁹⁶ Ang iba sa kanila ay nagsabi, “Buweno, sa palagay ko . . .” Sabi ni Dathan, “Sa palagay ko ay wala namang dapat na ipagmadali. Hindi tayo dapat masyadong mangatuwa tungkol dito.” At tila ba ito ay nabigo, apat o limang beses. Ngunit, ganun pa man, ito ay nagpatuloy pa rin.

¹⁹⁷ Naisip nila. Sila ay nagsilabas at nagsabi, “Batuhin natin itong si Moises! Paalisin natin siya sa atin! Hindi natin siya kailangan sa ating—ating pangkat dito!”

Si Moises ay nagpatuloy lamang, ganun pa man, dahil siya ang Buhay, siya ang Liwanag sa panahon na iyon. Ano ang mayroon siya, ano ba iyon? Ang Diyos na naghahayag ng Kanyang ipinangakong Salita sa pamamagitan ni Moises, at si Moses ang Liwanag.

¹⁹⁸ Si Elias ang Liwanag noon. “Lumabas ka roon at manatili sa burol na iyon! Aking iniutos sa mga uwak na pakainin ka.” Amen! Siyanga, po.

¹⁹⁹ Siya ay bumalik na taglay ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. “Maging hamog ay hindi babagsak mula sa Langit hanggang sa tawagin ko na ito.” Amen! “Ang araw ay maaaring sumikat, maaaring tawagin ninyo ang lahat ng mga ulap, at gawin ang anumang bagay na gusto ninyong gawin, ngunit kahit hamog ay hindi darating hanggang sa tawagin ko na ito.” Ano nga ba siya? Ang Liwanag! Aleluya! Siya ang Liwanag. Ang Liwanag! Siya ang Salita ng Diyos na nahayag.

²⁰⁰ Akala nila siya ay baliw, sa pagkakaupo niya doon sa itaas. Mayroon siyang mga kargador na nagpapakain sa kanya; at sila naman nangamamatay na sa gutom. Gusto nilang mabuhay sa kanilang mga tradisyon; magpatuloy kayo. Hindi si Moises, o hindi si Elias, siya ay nabubuhay mismo sa Liwanag. Naroroon sa tabi ng batis, ng Cherith, at sadyang nagsasaya; mayroon siyang pagkain, at may nag-aalaga sa kanya, at lahat na. Akala nila siya ay baliw, ngunit siya ang—siya ang Liwanag.

²⁰¹ Sinasabi nila, “Hoy, ano ba ang nangyayari sa matandang holly-roller na mayroon tayo dito sa tabi-tabi? Aba, alam ninyo kung ano? Isang tao ang nangangaso noong isang araw, at sabi ay nakita raw nila siya na nakaupo roon sa may daan, doon sa pinaka tuktok ng bundok doon. Pustahan tayo ang matandang lalaki na iyon ay halos natutuyot na, sa sandaling ito.” Oh, hindi. Siya noon ang Liwanag. Siya noon ang Liwanag. Siya noon ang Liwanag ng Diyos, noong panahon niya.

²⁰² Si Juan, nang siya ay pumarito sa lupa, at pumaroon sa ilang upang kumuha ng kanyang edukasyon mula sa Diyos, hindi sa seminaryo. Kailangan niyang ipakilala noon ang Mesiyas. Kaya nang siya ay dumating, sinabi ni Jesus, “Siya ay isang maliwanag at nagliliwanag na Ilaw.” Aleluya! Bakit? Siya ang Salita na nahayag.

Gayon nga ang sinabi ni Isaias. Iyan nga iyon. Tama iyan. “Siya ay magsusugo ng isang tinig sa ilang, na sumisigaw, nagsasabing, ‘Ihanda ninyo ang daan ng Panginoon, at pantayin ninyo ang Kanyang pintuan, pantayin ninyo ang daan.’ Siya ay sisigaw, na isang . . . tinig ng isang sumisigaw sa ilang.” Narito siya ay dumating. Ano nga siya? “Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang.”

Ano nga siya? Kapahayagan ng Salita, Liwanag. Ang siya ring Diyos na nangusap sa Genesis; na nangusap nito, at narito dumating ang Liwanag. Gaya ng sabi Niya, “Magkaroon ng Liwanag, para sa araw,” ang araw ay lumitaw; sabi na Siya ay nagsabi na magkakaroon ng “ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang,” narito ito ay dumating. Ito ang Liwanag sa panahon na iyon.

²⁰³ Kanya ring sinabi, sa mga huling araw! Amen! Ito ay ang Liwanag sa panahon na ito, na sumisigaw sa ilang ng Babilonia, “Magsilabas kayo sa kanya, Bayan Ko, upang huwag kayong mangaramay sa kanyang mga kasalanan. Huwag ninyong hipuin ang kanyang maruming bagay! Magsilayo kayo riyon! Magsitakas kayo mula sa poot na darating!”

²⁰⁴ Sinabi ni Juan ang gayon ding bagay. “Ang palakol ay nakalagay na sa ugat ng punongkahoy.” Wala siyang edukasyon, ni hindi nga siya nagsasalita na katulad ng isang mangangaral. Ang kanyang mga sinasabi ay tungkol sa mga serpiyente, at mga kahoy, at mga punongkahoy, at mga palakol, at mga ganung bagay, kung ano ang mga nakagawian na niya, doon sa ilang. Hindi siya pinalaki sa ilang mga dakilang, malaking, mainam na mga bagay na mayroon sila ngayon, na katulad ng mayroon sila sa panahong iyon. Siya ay lumabas na taglay ang sarili niyang pananalita. Hindi siya tumayo at nagsabing, “Ah-man,” at gawin ang lahat nitong mga mararangyang pagyuko. Agad siyang lumabas, palabas sa ilang, na isang baguhan at may kagaspangan. Sinabi, “Huwag kayong magsimulang mag-isip na, ‘Ako ay kabilang *dito* at ako ay kabilang *doon*.’ Makapagpapabangon ang Diyos ng mga anak ni Abraham maging sa mga batong ito.”

²⁰⁵ Huwag ninyong isipin na dahil sa kayo ay Methodist, Baptist, Presbyterian, ay mayroon na kayong mapanghahawakan sa Diyos. Magagawa ng Diyos na kumuha ng mga kontrabandista ng alak at mga patutot mula sa lansangan, na gumawa ng mga

anak ng Diyos mula sa mga tulad nila. Mayroong makikinig Dito, at mayroong sasampalataya Dito.

²⁰⁶ Sinabi niya, rin, “Ang palakol ay nakalagay na sa ugat ng punongkahoy. At bawat punongkahoy na hindi sumasampalataya, ay pinuputol at inihahagis sa apoy.” Kaya nga iyan ang kanyang mensahe. Siya ang Liwanag sa panahon na iyon.

²⁰⁷ Sinabi ni Jesus, “Siya ay isang maliwanag at nagliliwanag na Ilaw, at kayo sa kaunting panahon ay nagnais na lumakad dito.”

²⁰⁸ At ano ang sinabi ni Juan, ang propeta? “Siya ay nakatayo sa kalagitnaan ninyo ngayon. Hindi ako karapat-dapat na magkalag ng tali ng Kanyang sandalyas. At sa sandaling Siya ay dumating na, ako ay aalis na.” Oh, naku! Sapagkat, Siya ang Liwanag.

Walang dalawa o tatlong Liwanag, walang apat o limang magkakaibang mga organisasyon. Mayroon lang isang Liwanag. Walang Methodist, Baptist, Lutheran, Presbyterian. Si Cristo ang Liwanag, at ang Liwanag ay siyang Buhay. At ang Salita na nahayag ay ang Liwanag para sa panahon na iyon.

²⁰⁹ “Magkaroon ng liwanag, at nagkaroon ng liwanag.” Siyanga, po. “Magkaroon ng Liwanag,” at nagkaroon ng Liwanag! Nagsalita Siya na magkakaroon ng Liwanag sa panahon na ito, at nagkaroon nga ng Liwanag. Siya ay darating. Naniniwala ako rito. Tumingin kayo sa mga pangako para sa kapanahunang ito. Oh, naku!

²¹⁰ Bawat Liwanag na kailanman ay nagliwanag, ang mga kapanahunang ito ng iglesia, ating nakikita kung papaano sila. . . Isang—ising kahabag-habag sa paningin ang makita ang ganoon, na tumatanggi. Ang Apocalipsis 3, naisulat ko dito, ang Apocalipsis 3, at alam ko kung ano—kung ano ang aking tinutukoy kung ganoon.

²¹¹ Tumingin kayo sa pangako para sa panahon na ito, kung ano ang ating kinabubuhayan; isang tinanggihang Liwanag. Ano ang ginawa nila? Kanila Itong tinanggihan noon doon. Bakit? Sila ay nabubuhay sa isang nakasisilaw na ningning. Ano ang kanilang ginagawa ngayon? Ang gayon ding bagay.

²¹² Buweno, ikaw—ikaw ba ay Cristiano? “Isa akong Lutheran. Isa akong Baptist. Ako ay Presbyterian.”

Iyan ay wala ni isa mang kahulugan. Maaaring sabihin na rin lamang na ikaw ay isang “baboy, baboy,” o anumang bagay na gusto mong itawag sa sarili mo. Kita n’yo? Iyan, ganyan halos ang ibig nitong sabihin. Ngayon hindi—hindi sa pagwawalang-bahala sa inyo, ngunit kung inyo itong kinukuha sa batayang bahagi nito, tama iyan.

Itinanong ko, “Isang Cristiano?” Iyan ay si Cristo na nasa inyo. At kung si Cristo ay nasa inyo, kung ganoon ang Salita ay

nasa inyo. At kung ganoon na ang Salita ay nasa inyo, kapag ang Liwanag ay nagliliwanag, papaano ninyo lalayuan Ito? Kita n'yo, iyan ang tanong. Iyan na ang naririto ngayon, ang Liwanag. Ang panggabing Liwanag ay nagliliwanag na. Ang Punongkahoy na Nobya ay namumulaklak na.

²¹³ Oh, tandaan, kanilang pinungusan ang matandang Punongkahoy na iyan. “At ang iniwan ng uod, ay kinain ng tipak—tipaklong; at ang iniwan ng tipaklong, ay kinain ng kuliglig.” Ang naiwan ng Methodist, ay kinain ng Baptist; ang iniwan ng Baptist, ay kinain ng Pentecostal. Sabi niya, “Ang Punongkahoy na ito ay,” si Joel doon, “ay pinutol hanggang sa maging isang tuod,” ngunit gusto niyang malaman kung ito ay muli pang mabubuhay. Oh, oo! Inilaan Niya ang punongkahoy na iyon. Inilaan Niya ang Punongkahoy na iyon, siyanga, po, sapagkat ito ay Kanyang Nobya.

At sinabi niya, “‘Aking isasauli,’ sabi ng Panginoon.” Ano iyon? “Aking ibabalik ito, lahat ng kinain ng Lutheran, at ang kinain ng Wesleyan, at nilang lahat. At Aking isasauli iyon, dahil ang lahat ng ito ay naroon pa rin sa ugat ng Punongkahoy.” Kita n'yo?

Ito ay nakahimlay doon sa ilalim ng lupa. Katulad ng dagta na pumaibaba, gaya ng sinabi ko tungkol sa isang kapatid na babae, ito ay nakahimlay doon. At ang trumpeta ng Diyos ay tutunog, balang araw, at silang mga hinirang na Lutheran, mga Methodist, mga Baptist, na walang kinalaman sa alinmang organisasyon. . .

²¹⁴ Si Luther ay hindi nag-organisa ng kahit na ano. Si Moody ay wala ring inorganisa. Ito'y ang mga pangkat ng mga Rickey na 'yon, pagkatapos niya, ang may gawa ng organisasyon, kinuha ang talukap. Si John Smith ay walang inorganisa. Wala kahit sino sa kanila ang gumawa ng organisasyon; iyon ang Liwanag sa panahon na iyon. Si Luther, si Wesley, o wala kahit sino sa kanila; iyon ay ang pangkat na 'yon na sumunod, na nagsidating, ang siyang gumawa ng organisasyon.

²¹⁵ Ang Banal na Espiritu ay hindi nag-organisa ng kahit ano noong pentecostes. Ang pentecostes ay isang karanasan, hindi isang denominasyon. Hindi Ito nag-organisa ng kahit ano. Oh, hindi. Kundi ang taong ipinamamarali na pentecostes siya, ang siyang nag-organisa nito. Iyan ang talukap doon, na naghingalo na. Sa halip na ibakat ito sa papel, at gawin ang buong larawan ni Jesus Cristo na lumitaw; hindi, inilabas nila ang kanilang mga sarili, kaya wala silang kinalaman Dito. Hayaan n'yo lang sila.

²¹⁶ Ngunit ating nakita ngayon, ang Liwanag na ito, ang Punongkahoy na ito, si Cristo, na muling tinanggihan ng iglesya. Bakit? Para sa gayon ding dahilan kaya nila iyon ginawa noong una, ang lumang huwad na nakasisilaw na ningning

ng ibang panahon. At “Siya ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Sinasabi ng Hebreo 13:8 na Siya nga. Siya ay gayon pa rin ngayon katulad Niya noon, dahil Kanyang ginagawa ang gayon ding bagay na Kanyang ginawa noon. Ang siya ring Salita, na si Cristo.

²¹⁷ Makinig, gusto ko na dalhin lamang kayo ngayon, at ito ay maging personal lang. Hindi ko alam, ako ay hindi masyadong makapagpasya kung ipapasara ko na iyan ngayon o hindi, kita n’yo, para sa teyp na iyan. Hahayaan ko lamang itong manatili riyan. Kita n’yo? [Ang kongregasyon ay nangagagalak—Pat.]

²¹⁸ May nais akong itanong sa inyo. Tingnan n’yo, masdan n’yo ito. Kita n’yo, “Siya ay ang siya ring kahapon, at magpakailanman.” Masdan. Ang Kanyang mga gawa, na ginawa Niya, ay inihayag ang sarili nito. Ngayon, makinig nang mabuti. Nang Siya ay tumayo roon, sa Juan 14:12, sinabi Niya, “Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din ninyo. Mas higit kaysa rito ang inyong gagawin, sapagkat Ako ay pupunta sa Aking Ama.” Ngayon, sinabi Niya iyon. “Ang mga Langit at lupa ay lilipas, ngunit ang Salitang iyan ay hindi mabibigo.” Ngayon kung tayo ay nasa huling yugto na ng kapanahunan, saan manggagaling ang mga gawang iyon na “mas higit pang mga gawa?” Kita n’yo? Kita n’yo? Tayo ay naririto na. Wala na tayong. . .

²¹⁹ Makinig, kung ang Romanong kalendaryo ay tama, mayroon tayong-anim. . . mayroon tayong tatlumpu’t anim na taon na natitira. Kada dalawang libong taon, ang daigdig ay humahantong sa kanyang katapusan. Ang unang dalawang libong taon, nasira sa pamamagitan ng tubig; ang pangalawang dalawang libong taon, dumating si Cristo. Ito ay 1964 na ang parating; tatlumpu’t anim na taon. Ngayon, ang kalendaryong astronomiya ng Egipto ay nagsasabing huli na tayo nang labimpitong taon, “ito ay labimpitong taon na mas nauna kaysa roon,” iyan ay mag-iiwan ng labing-siyam na taon na natitira pa.

Sinabi ni Jesus, “Ang gawa ay paiikliin, alang-alang sa Mga Hinirang, o kung hindi ay wala nang laman na maliligtas.” Nasaan na ba tayo?

²²⁰ “Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din ninyo. Gayon ding uri, ngunit mas higit, ang inyong gagawin.” Ngayon masdan. Makinig nang mabuti. Kayo ay mapasa- . . . Dalangin ko na bubuksan ng Diyos ang inyong puso at ang inyong isipan, tungo sa pagkaunawa, para inyong maunawaan nang hindi na ito gaano pang sasabihin dito. Pansinin. Sinabi Niya isang araw. . .

Ating tingnan ang ilang “dakilang” gawa na ginawa Niya. Huminto lamang tayo para sa ilang mga bagay lamang. Tayo ay mag-isip.

Isang beses, sinabi Niya, “Bigyan ninyo sila ng makakain.”

Kanilang sinabi, “Wala kaming maibibigay.”

Sabi, “Ano ang mayroon kayo? Dalhin ninyo sa Akin kung ano ang mayroon kayo.”

At sabi nila, “Mayroon tayong limang tinapay na sebada at dalawang isda.”

Sinabi Niya, “Dalhin ninyo ang mga iyon sa Akin.”

²²¹ At kinuha Niya ang orihinal na limang tinapay na sebada at sinimulang pagpira-pirasuhin ang mga tinapay. At, mula sa orihinal, ay gumawa Siya ng tinapay. Napakain nito ang limang libo. Tama ba? [Sinababi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Pagkatapos ay sinabi Niya, at kumuha Siya ng isang isda, “Ibot ninyo sa Akin ang isda.” Ito ay isda, sa simula pa lang. At kumuha Siya, sa isdang iyon, ng isa pang isda at isa pang isda, at ipinakain sa limang libo. Tama ba? [“Amen.”]

Ngunit sa mga huling araw Siya ay wala nang kahit ano. Binigkas lamang Niya, at sinabi, “Sabihin mong ito ay maparoon,” at naroon nga ito, na dati ay wala naman kahit ano roon. Wala Siya ni isang squirrel; doon ay wala. Sinabi lamang Niya, “Magkaroon,” at nagkaroon nga. Kita n’yo? Oh, ang Kanyang Salita ay walang pagkakamali, at Ito ay dapat na matupad.

²²² Maaari akong magsabi sa inyo ng mga bagay na makapagpapanginig sa inyo. Kita n’yo? Naroon ito kapag sinabi Niyang naroon nga. Hayaan Siyang sabihin ito. Kita n’yo, sadyang eksakto.

²²³ Kita n’yo, ang Silangan, ang Kanluran dito ay nakabalik na at nakatagpo na ang Silangan. Si Moises iyon, na dumampot pa nga ng buhangin, at sinabi, “Magkaroon ng mga pulgas,” at iba pang ganyan, “sa ibabaw ng lupa.” Ngunit sa huling panahong ito ay hindi Siya kumukuha ng kahit anong bagay; kita n’yo, sadyang ang Salita lamang. “Maging ganoon ito,” at nangyari nga. Kung ano ang sinabi, ganyan ito mangyayari.

Gusto kong magpatotoo tungkol sa ilan sa mga bagay na iyon ngayong gabi, kita n’yo, kita n’yo, tungkol sa kung ano ang nangyari, upang makita n’yo na Siya ay Diyos pa rin. Ang Kanyang Mga Salita ay hindi maaaring . . .

“Ang mga gawang ito na ginagawa Ko ay gagawin din ninyo, at higit kaysa rito ang gagawin ninyo. Ako ay kumuha ng isda para gumawa ng isang isda; kayo ay hindi na kailangan pang magkaroon ng isang isda.” Kita n’yo? Siya ay Diyos pa rin, ay ang siyang Anak pa rin. Ang siya ring Anak ng Diyos na kumuha ng isang isda mula sa isang isda, ito ay ang siya pa ring Anak ng Diyos ngayon. “Ang mga gawang ito na Aking ginagawa ay gagawin din ninyo. At higit pa nga kaysa rito ang gagawin ninyo.” Ito ay mapapadakila, “Higit kaysa rito ang

gagawin ninyo.” At ang mga tao ay tinatanggihang makita ito. Huh! “Higit pang mga gawa!”

²²⁴ Isang huwad na liwanag. Alam n’yo, ako ay may naiisip lang. Madalas kong banggitin ang tungkol sa Inglatera, ngunit iniisip ko ang tungkol sa isang huwad na liwanag. Dito hindi pa katagalan, lahat kayo ay naaalala ang pinakamalaking nakawan na—na nagkaroon ang Inglatera, na ginawa. Iyon ay isang pitong-milyong-dolyar na pangho-holdup. Wala akong maisip na nagkaroon ng ganitong bagay sa buong mundo na maikukumpara pa rito. Isang napakalaking pangho-holdup, kamakailan, ng pitong milyong dolyar, na maging ang Scotland Yards ay hindi iyon lubos na maisip.

Alam ba ninyo kung papaano nila iyon ginawa? Sa pamamagitan ng isang huwad na liwanag. Naglagay sila ng ilaw sa riles ng tren, na pambabala, nang tuluy-tuloy hanggang sa ito ay makarating sa isang pulang ilaw, at pinahinto sila. At doon naganap ang nakawan, doon lamang sa tamang lugar. Isang huwad na liwanag ang nagbigay ng pinakamalaking nakawan na nabatid kailanman ng mga bansa. Ninakawan nito ang mga bansa. Sa pinakamalaking holdup, pinakamalaking nakawan, ito ay nagawa sa pamamagitan ng isang huwad na liwanag.

²²⁵ At ang pinakamalaking nakawan na nagkaroon ang iglesya ng Diyos ay isang huwad na liwanag, isang nakasisilaw na ningning, ang kanilang denominasyon. Ninakawan sila nito mula sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kinuha nito mula sa iglesya ang pinaka daluyan ng Buhay. Ninakaw nito sa kanila ang Salita, nang kanilang tanggapin ang kredo sa halip na ang Salita. Ninakawan sila nito.

Oh, sinasabi nila na taglay nila ang Salita. Ang Salita ay ipinamumuhay ang Sarili Nito para sa kapanahunan; ipinapakilala Nito ang Sarili Nito. Sinasabi nila na taglay din nila ang Salita noon doon sa panahon ni Jesus. Ngunit sinabi Nito, “Nakita nila ang isang dakilang Liwanag,” at tinanggihan nila Ito. Nakita nila Ito, ngunit tinanggihan Ito.

²²⁶ Oh, huwad na liwanag, oo, nagdulot ito sa iglesya ng pinakamalaking nakawan na nagkaroon ito. Ang malalamig na mga kredong denominasyonal, kapatid, ay hindi mapapahinog ang isang pinatunayang Salita, isang butil. Ang sabi ng Biblia, sinabi ni Jesus, “Ang Salita ng Diyos ay isang—isang Binhi na itinanim ng isang manghahasik.” Kita n’yo? At ang malalamig na mga kredo ay hindi makapagpapahinog sa Salita na iyan. Hindi, hindi!

Ang malalamig na mga araw ng mga bagyong niyebe ay hindi makapagpapahinog ng trigo. Hindi, talaga! Kinakailangan nito ang init ng sikat ng araw, dahil sa ang binigkas na Salita ng Diyos iyon na gawin ang ganyang bagay.

At kinakailangan ang binigkas na Salita ng Diyos, ngayon, upang ipakita sa mga banal ng Diyos na si Jesus Cristo ay nabubuhay. Na gaya lamang Niya kahapon, ay Siya ngayon. Ang mga kredo at mga denominasyon ay hindi magagawa iyon. Sila ay malalamig at nagwawalang-bahala, at ang butil ay mabubulok doon mismo sa ilalim ng lupa. Hindi ito makalalabas sa ganyang kalagayan.

²²⁷ Iyan ang dahilan, na ngayon, mayroon tayo ng kung ano ang ginagawa natin. Katulad ng ating minamahal na Kapatid na Billy Graham, ang dakilang tagapagsagawa ng mga rebaybal. Sa palagay ko ginagamit ng Diyos ang taong iyan. Ngunit tingnan n'yo ang kanyang ginagawa; pumupunta doon sa kalagitnaan ng mga Baptist at Presbyterian. Ano ang ginagawa mo? Kumukuha ka ng grupo ng mga nakikianib lang sa iglesya.

²²⁸ Nakita ninyo kung saan ang mga Southern Baptist ay nagyayabang doon dahil nasa kanila ang pinakamalalaking mga denominasyon, o, na ang kanilang denominasyon ay lumago nang higit kaysa sa iba pang mga Protestante? Ang mga Katoliko ay kinuha silang lahat, halos, noong nakaraang taon. Nakita n'yo ba ito sa diyaryo? Totoong ginawa nga nito. Huwag kayong mag-alala, kukunin nito silang lahat, dahil pinagsasama-sama nito ang mga Baptist at lahat na, mismo. At silang lahat ay magkakaisa, at hindi nila iyon alam.

Ang konseho ng iglesya, Council of Churches, ay inilalagay silang lahat na gayon ding bagay. Inilagay ng denominasyon . . . Bakit, bakit ninyo gustong manatili sa dako *rito*, o sa dako *roon*? Hangga't inyong tinatanggihan *Ito*, anong pagkakaiba ang magagawa nito? Hindi ba't kayo ay gumagamit lang ng siya ring mga panandang denominasyonal, na kagaya lamang ng sa kayo ay nasa isang dako? Ang isa, ay ang hayop; at ang isa naman, ang tatak. Kaya, hayan na, kaya hindi ito gumagawa ng anumang kaibahan.

²²⁹ Doon siya nanggaling. Itinatak niya ang kanyang selyo ng pagpapatibay, at doon ay tinanggap ninyo ito. At doon niya sila lahat inaakay, diretso mismo doon sa White House, at sa Washington, D.C., at—at sa Council of Churches, at diyan na nga kayo patungo. Kinuha sila pabalik ng mga pari, tamang-tama sa kung ano ang sinabi ng Biblia na gagawin nila. [Si Kapatid na Branham ay tumuktok nang anim na beses sa pulpito—Pat.]

Naku, sana ang orasan na iyan ay hindi tumakbo nang napakabilis! [Sinababi ng kongregasyon, “Sa iyo ang lahat ng oras.”—Pat.]

²³⁰ Ngayon, isipin lamang ninyo ngayon kung nasaan na tayo. Tingnan ang mga pangako para sa panahon na ito, muling tinanggihan. Kung paano na ang mga iglesya ay ginawa ito sa huling araw na ito, ang nakasisilaw na ningning ng denominasyon!

²³¹ Nabubuhay sa huwad na nakasisilaw na ningning ang dahilan kaya hindi Ito nahihinog. Iyan ang dahilan kaya, ang Salitang Ito, ay hindi ninyo nakikita ang mga himala.

²³² Isang pari ang kumapanayam sa akin, hindi pa katagalan, at sinabi niya, “Ginoong Branham,” sabi niya, “papaano ka ba magbautismo?” Isang—isang dalaga na lumabas dito sa iglesyang ito; at tumalikod na ito at nagpakasal sa isang lalaking Katoliko, at pumunta sa simbahang Katoliko. At dadalhin niya ito roon sa iglesya.

²³³ Sabi ko, “Binautismuhan ko siya sa bautismong Cristiano.”

Sabi niya, “Gusto kasing malaman ng Obispo.”

Sabi ko, “Sige, hayun na.”

Sabi, “Ikaw ba ay sumusumpa dito?”

²³⁴ Ang sabi ko, “Hindi ako sumusumpa.” At sinabi niya... “Oo,” sabi, “kung hindi niya matanggap ang aking salita para rito, buweno, iyan ay ayos lang. Dahil, hindi ako sumusumpa. Ang sabi ng Biblia, ‘Huwag kayong sumumpa sa pamamagitan ng kalangitan; ito ay luklukan ng Diyos; ang lupa ay Kanyang tuntungan. Ang inyong oo ay maging “oo,” at ang hindi ay, “hindi.”’” Sabi ko, “Kailangan niyang paniwalaan ang aking sasabihin tungkol dito.”

Sabi, “Buweno, ikaw—ang sabi mo ‘bautismong Cristiano,’ ano ang ibig mong sabihin niyon, ng paglulubog?”

²³⁵ Sabi ko, “Iyan lang ang tanging paraang ginagawa sa pagbaptismo ng Cristiano.” Sabi ko, “Binautismuhan ko siya sa ilog ng Ohio; inilubog ko siya sa tubig, sa Pangalan ni Jesus Cristo, at iniahon siya. Binautismuhan ko siya sa ‘Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo,’ na siyang tanging bautismong Cristiano na mayroon.”

Sabi, “Siyanga, po.” Isinulat niya ito nang ganoon. At sabi niya, “Kataka-taka!” Sabi, “Alam mo, ang iglesyang Katoliko ay dati ring nagbabautismo sa ganyang paraan.”

Sabi ko, “Kailan?”

At sinabi niya. Nagpatuloy siya, at ang pag-uusap ay nagpatuloy sandali. At sinabi niya, “Buweno, kami ang mga orihinal na Katoliko.”

²³⁶ Nalalaman na, naroroon mismo sa—sa mga aklat, alam n’yo, at ang kasaysayan na naroon, sinabi ko, “Tama iyan, ngunit,” sabi ko, “bakit hindi ninyo ito ginagawa ngayon?”

Sabi niya, “May kapangyarihan naman kami para magpatawad ng mga kasalanan.” Sabi, “Si Jesus, hindi ba’t sinabi Niya sa Kanyang mga alagad, ‘Kung inyong patawarin ang mga kasalanan ng sinuman, ang mga iyon ay ipinatatawad sa kanila; at sinumang hindi ninyo patawarin ng mga kasalanan, iyon ay hindi ipinatatawad?’”

Sabi ko, “Siyanga, po. Sinabi Niya.”

Sinabi niya, “Kung ganoon hindi ba iyan nagbibigay ng kapangyarihan sa iglesya? Si Pedro noon ang pangulo ng iglesya.”

²³⁷ Sabi ko, “Kung ang iglesya nga ay magpapatawad ng mga kasalanan sa paraan na ginawa ito ni Pedro.” Sabi ko, “Ngayon, nang sila ay magtanong, ‘Ano ang dapat naming gawin para maligtas?’ Sabi niya, ‘Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan.’” Sabi ko, “Gawin ninyo iyan, at ako ay sasama sa inyo.”

“Oh,” sabi niya, “pinipilit mong ipangatwiran ang Biblia.”

Sabi ko, “Iyan ang Salita.”

Sabi niya, “Ang Diyos ay nasa Kanyang iglesya.”

Sabi ko, “Ang Diyos ay nasa Kanyang Salita. ‘Ang bawat tao, ang mga salita man ng ibang tao, ay isang kasinungalingan; ang sa Kanya ay Katotohanan.’” Kita n’yo?

²³⁸ Kaya walang paraan para makita niya. Ngunit hayun—hayun sila ay pumaroon, doon mismo sa kadiliman. At ang mga Protestante, na libu-libo, ay nangahuhulog dito. Heto sila, tuluy-tuloy hanggang doon sa pagtanggap ng kanilang mga kredo at mga bagay-bagay, na patuloy na mismong nangyayari sa loob. Ang Salita ay dumarating mismo, na pinatutunayan ito, na si Jesus Cristo ay inihahayag ang Kanyang Sarili na, “siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Sa loob ng nakasisilaw na ningning ng kredong iyan, sila ay nagpatuloy mismo patungo doon sa kadiliman. Katulad ng kanilang ginawa noong panahon ni Noe, katulad ng kanilang ginawa sa lahat ng mga panahon, kanila itong ginagawang muli ngayon, patungo mismo doon sa kadiliman! Bakit? Tinatanggihan nila ang Liwanag dahil sa binulag na sila ng kredo.

²³⁹ Oh, napakadilim na panahon na kinaroroonan natin ngayon! Uh-huh! Oo, tinatanggihan nila ang tunay na Walang Hanggang Liwanag ni Cristo, at iyan ang may gawa nito.

²⁴⁰ Ang malalamig na mga denominasyon ay hindi kailanman makapagbibigay ng Buhay sa Salita ng Diyos, dahil ito ay nagbibigay-buhay sa kanilang denominasyon. Mayroon tayong mas maraming nagpapahayag na mga Cristiano ngayon mismo. . . . Tumingin kayo rito, kung ang Cristiano. . . .

Itinanong ko ito sa paring ito. “Kung ang. . . Sasang-ayon ako sa iyo, na ang Iglesyang katoliko ay, doon sa pasimula, sa Pentecostes,” hindi sa Nicaea, Roma. Ang Iglesya ay hindi kailanman nagsimula sa Nicaea, Roma. Ito ay nagsimula sa Pentecostes. Kita n’yo? Sa Jerusalem kung saan nagsimula ang Iglesya. Ngunit sinabi ko. . . .

²⁴¹ Dito, aking tatanggapin na itong mga taong ito, sila na mga alipin noon at mga ganung bagay, na tumanggap ng Banal na Espiritu, nakita ng kanilang mga panginooon ang kanilang mga kapangyarihan at mga ganung bagay, kung ano ang ginagawa nila noon; pagbuhay sa mga patay, pagsasalita sa iba't ibang wika, pagpapalayas ng mga demonyo, paunang pagsasabi ng mga bagay-bagay. At may mga propeta sa kalagitnaan nila, at iba pa, na lumabas na nababalutan ng mga balat ng tupa; kumakain ng mga damo, pumunta doon sa Konseho ng Nicaea na iyan, at iba pa, at napakadakilang mga tao! At hayun sila ay mga nagsilabas nga doon, at pumunta doon sa Konseho ng Nicaea na iyan, na naninindigan para sa Salitang iyan.

Ngunit, doon sa madugong labinlimang araw na iyon, ay tinanggap nila ang “Ama, Anak, at Banal na Espiritu” bilang isang kredo, sa halip na ang doktrina ng Biblia na, “sa Pangalan ni Jesus Cristo.” Sa pamamagitan niyan nagsidating ang lahat ng mga iglesyang Protestante, ipinanganak mismo dito, ang gayaang kaisipan tungkol sa Banal na Espiritu; tinanggap nila, tumatanggap ng komunyong, iniinom ang alak, “Iyan ang *banal na eukaristiya*, na ang ibig sabihin ay, ‘Banal na Espiritu.’” Ang pari ay ibinibigay ito sa inyo.

²⁴² Ngayon, hindi mababasa sa Biblia na, “Nang dumating nga ang Araw ng Pentecostes, hetong dumating ang isang pari sa lansangan, na nakabaliktad ang kuwelyo, ang sabi, ‘Ilabas ang inyong dila at tanggapin ang banal na eukaristiya.’” Hindi, hindi sinabi na, “Lahat kayong mga tao ay magsiparito kayo at ibigay ninyo sa akin ang kanang kamay ng pakikipagkaisa, kayong mga Baptist, mga Methodist, at mga Baptist, isusulat ko ang mga pangalan ninyo. Magdala kayo ng isang liham mula sa kung saan.”

²⁴³ Sabi niya, “Silang lahat ay nasa isang dako, na nangagkakatiyon. At biglang dumating mula sa Langit ang isang ugong na gaya ng sa isang humahagibis na hanging malakas, at pinuno ang buong silid na kanilang kinalalagyan. Silang lahat ay nangapuspos ng Espiritu Santo, at nagsimulang magsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkaloob ng Espiritu na kanilang salitain. At doon. . .” Sila ay nagsiparoon sa lansangan, na pasuray-suray na tulad ng isang taong lasing, si Maria at lahat ng iba pa sa kanila, sa ilalim ng bisa ng Banal na Espiritu.

Aba, sinabi ng mga tao, pinagtawanan sila, at sabi, “Ang mga taong ito ay puno ng bagong alak.” Ano nga ba sila? Binulag na ng isang kredo.

²⁴⁴ Iyang munting pipitsuging mangangaral ay tumayo roon, na nagngangalang Pedro, at sinabi niya, “Kayong mga kalalakihan ng Judea at kayo na nangananahan. . . kayong mga kalalakihan ng Jerusalem, na nangananahan sa Judea, malaman nawa ninyo

ito, at makinig kayo sa aking sasabihin. Sila ay hindi lasing. Ngunit hayaang sabihin ko sa inyo kung ano ang sinabi ng Kasulatan na mangyayari. Ito ang Liwanag. Ito ang Salita na inihahayag.” Amen.

Gayon ding bagay ang nangyayari ngayon, at ginagawa nila ang tulad ng ginagawa ng mga iyon noon, na lumakad palayo at iniling-iling ang kanilang mga ulo. Sabi, “Pabayaan ninyo sila; ang bulag na inaakay ang bulag, silang lahat ay mahuhulog sa hukay.”

²⁴⁵ Oh, kinakailangan si Cristo, ang Buhay na Walang Hanggan, upang dalhin ang Salita ng Buhay tungo sa pagpapatunay, na naging laman. Oh, naku, talaga! Kinakailangan ang Salita . . . kinakailangan ang Banal na Espiritu upang mapakilos ang Salita ng Diyos.

²⁴⁶ Nang sabihin ni Jesus, “Humayo kayo sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng nilikha.” Ngayon tingnan, Marcos 16, ang Kanyang huling utos. “Sa buong sanlibutan, sa buong sanlibutan,” hindi pa ito nakararating doon, kita n’yo. “Sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng nilikha. Ang sumasampalataya,” sa buong sanlibutan, “at mabautismuhan ay maliligtas; ang hindi sumasampalataya ay parurusahan. At lalaki ang mga tandang ito sa mga nananampalataya.”

“Sila ay makikipagkamay sa manganga- . . .”? Hindi. “Sila ay magiging mabuting miyembro ng iglesya”? Hindi.

“Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga demonyo; sila ay mangagsasalita ng mga bagong wika; sila’y magsisihawak ng mga ahas; o, kung makainom ng mga bagay na nakamamatay, hindi ito makasasama sa kanila; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, ang mga ito ay gagaling.” Oh, naku!

²⁴⁷ Gaano kalayo? “Sa lahat ng nilikha.” Gaano karami? “Buong sanlibutan,” hanggang sa Siya ay muling bumalik. “Ang mga tandang ito ay . . .” “Siya na sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa ay kanya ring gagawin. Higit pa rito ang kanyang gagawin, sapagkat Ako ay pareroon sa Aking Ama.”

²⁴⁸ Oh, kung papaanong nagagawa nating lumayo mula Diyan ay hindi ko masabi! Tayo ay nasa higit na kadiliman ngayon kaysa sa kanila noon. Ngayon mayroon na lamang akong ilan pang mga talata rito, pagkatapos gusto kong dumako na sa pagtatapos nang mabilis kung maaa- . . . Tayo ay nasa higit na kadiliman kaysa sa kanila noon.

Alam ko na masyado ko na kayong pinagod dito, nang halos isang oras at kalahati. [Sinababi ng kongregasyon, “Hindi!”—Pat.] Ngunit, kita n’yo, ang teyp na ito ay patuloy na nagrerekord doon sa loob. Kita n’yo? Kita n’yo?

249 Sila ay nasa higit na kadiliman kaysa sa atin. Sinabi ko ang naturang pahayag, iyan. Bakit? Ang mga iglesya, sa nakasisilaw na ningning na ito, ay labis na mapanlinlang, na para bang mukha na itong Katotohanan. Ngayon, hindi ba't sinabi ni Jesus? Tingnan natin sa Mateo 24, kita n'yo. Mateo 24, sinabi ni Jesus na, "Sa mga huling araw, ang dalawang espiritu ay magiging halos magkahawig na anopa't ililigaw kung maaari pati na ang Mga Hinirang." Magkakaroon ng isang hinirang na pangkat na lalabas na magiging ang Iglesya, sa mga huling araw. At itong mga organisasyon, kasama ng kanilang tinatawag na Katotohanan nila, ay magiging halos katulad na ng tunay na Bagay, na anopa't maililigaw nito pati na ang pinaka Hinirang, maging ang mga Pentecostal.

250 Ngayon, alam ninyo na hindi ninyo makukuha ang isang Pentecostal at dayain siya gamit ang kung anong doktrina ng Methodist o Baptist. Hindi mo magagawang sabihin iyan sa kanya. Mas alam niya. At hindi mo rin madadaya ang isang kung anong Baptist gamit ang isang doktrinang Lutheran. Kita n'yo?

At ni hindi rin ninyo magagawang tanggapin ang Mensahe, ang makita ang Mensahe ngayon sa Salita na ito, sa pamamagitan ng isang kung anong doktrinang Pentecostal, isang huwad na "Ama, Anak, Banal na Espiritu," at lahat ng mga bagay na ito na katulad niyan, at naroroon sa kanilang mga kredong iyon na taglay nila ang mga ito sa ganoong maka-organisasyong pagkakaayos. Hindi, talaga. Hindi mo sila kailanman maaaring dayain, dahil ang Hinirang ay hindi maaaring dayain.

251 Ano ba ito? Ano nga ba ito? Pandaraya. Ang mga nakasisilaw na ningning na ito, ano ang ginagawa ng mga ito? Kanilang inaakay ang iglesya patungo sa katayan ng konseho, sa pamamagitan ng kanilang nakasisilaw na ningning. Iyan ang magiging kahuli-hulihang pagpatay, kapag siya at ang Roma ay mag-ugnay-ugnay na. Kapag binuo na nila ang imahe na iyan ng hayop, iyan ang huling pagpatay. At itong mga nakasisilaw na ningning na ito na mayroon kayo ngayon, tingnan ninyo kung ano ang ginagawa nito, inaakay ang mga tao. Isa itong kambing.

252 Ang kambing ay laging inaakay ang tupa patungo sa katayan. Nakita n'yo na iyan sa mga kulungan na katayan. Iyang kambing na iyan ay pupunta doon mismo at aakayin ang tupa, pagkatapos siya ay lulundag palabas at hahayaan ang tupa na tuluy-tuloy na pumasok sa loob. Ganyan ang kanyang ginagawa. Palagi niyang ginagawa.

Ang mga kambing ang umakay kay Jesus, ang Kordero, patungo sa katayan. Ang mga kambing na Romano! Tama iyan.

Iyon ay ang—iyon ay ang mga kambing na denominasyonal ngayon na siyang umaakay sa mga inosenteng tupa patungo sa katayan. Inilalagay ang kanilang mga sarili, ang kanilang mga

pangalan sa mga aklat na iyon doon, at tapos na sila. Iyan ang tatak ng hayop. Sa Pangalan ng Panginoon, sinasabi ko. Pinigil ko iyan nang mahabang panahon. Totoo 'yan. Talagang eksakto 'yan. Ano ang naturang hayop? Ano ang naturang hayop? Ito ay ang herarkiya ng Roma, ang unang organisasyon. Ano ang tatak nito? Ang gayon ding bagay, tamang-tama, ang gayon ding bagay na tamang-tama na ganoon din. Ang katayan, sa nakasisilaw na ningning!

²⁵³ Ngunit sa harap ng kasalukuyang kadiliman, nakita pa rin nating nagliliwanag ang Liwanag ng Diyos. Lubos tayong nagpapasalamat dahil diyan!

²⁵⁴ Makinig kayong mabuti. Nakita na natin ang Liwanag, ang Kanyang Salita na ipinangako Niya para sa panahong ito, na pinatunayan at pinatotohanan. Ito ay ang Katotohanan, ang Liwanag sa panahon na ito. Oh, naku! Ako'y labis na nagagalak. Walang bagay na mali. Wala kahit anong bagay.

²⁵⁵ Dito hindi pa katagalan isang ministro ang nagsasabi na siya ay naroon sa Florida, at bumili siya ng isang—ising kotse, sa palagay ko iyon ay isang Chevrolet yata, at ang naturang sasakyan ay nasira. Hindi niya ito maayos. At pumunta siya sa garahe, at isang munting matandang mekaniko ang gumagawa sa ilalim nito at sa ibabaw nito, at kinakali-kalikot ito; hindi niya ito magawang ayusin. At kanyang—kanyang susubukan ang *ganito*, at hindi iyon umubra. At susubukan niya ang iba pang bagay; hindi iyon umubra. Lalagyan niya ng generator, lalagyan ng *ganito*, at lalagyan ng mga plag, lalagyan ng mga baha-bahaging dugtungan na daluyan ng kuryente; hindi niya magawang mapaandar ang sasakyan. Sadyang hindi niya magawang paandarin ito.

Sa wakas, isang lalaking nakadamit nang maayos ang lumapit. Sabi niya, “Maaari ba kitang bigyan ng kaunting payo?”

²⁵⁶ Ang munting mekaniko naman ay may sapat na pag-iisip para sabihin ang, “Sige po.”

Sabi niya, “Kunin mo *ito*, at dagdagan mo *nito* at *nito*, at,” sabi niya, “pagsamahin mo iyan nang minsan at subukan ito.” At kinuha niya *ito* dinagdagan pa *niyan*, at pinagsama-sama ito, at hayun iyon ay tumakbo.

²⁵⁷ Ang munting mekaniko ay lumingon, at nagsabi, “Naku, sino po ba kayo?” Siya pala ang inhinyero, ang punong inhinyero ng General Motors. Siya ang gumawa ng naturang sasakyan. Siya ang nagdisenyo nito.

²⁵⁸ At, ngayon, kapag tayo ay nangungusap tungkol sa Methodist, Baptist, at Presbyterian. Ang Punong Mekaniko ay narito; ang Nagdisenyo ng Kanyang Salita, ang Lalaking Siyang lumikha ng mga langit at lupa, at nagdisenyo sa Kanyang Iglesya! Siya ba ay may higit na nalalaman tungkol sa kung

ano ang kinakailangan para sa Pag-Agaw, o ang Methodist o Baptist ba na iglesya ang may higit na nalalaman tungkol sa kung ano ang kinakailangan? Siya ang Tagapagdisenyo. Alam Niya kung ano ang kinakailangan. Siya ay maayos na nabibihisan sa Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Aleluya! Siya ay lumalakad sa kalagitnaan natin, ngayon, sa Kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli.

Alam Niya kung ano ang kailangan upang ilagay ang Iglesya sa kaayusan ng Pag-Agaw. Kanya Itong idinisenyo, at inilagay ang mga bahagi nang sama-sama rito sa Biblia. Amen! Hayaan lang ninyo na dumaloy ang Kuryente Dito, ngayon masdan Ito kung papaano Ito magpaandar. Hayaan ang pananampalataya, sa Kanyang ipinangakong Salita sa panahong ito, na dumaloy, at makikita ninyo kung papaano Ito magpaandar. Bakit? Kanyang idinisenyo ang bagay na ito. Kanyang idinisenyo ang Kanyang Iglesya sa pamamagitan ng Salita. Ang mga iyan ang Kanyang inilagay nang sama-sama. Hindi sa pamamagitan ng Methodist, o Baptist, o Presbyterian, o Pentecostal na organisasyon; kundi sa pamamagitan ng Kanyang Salita. “Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos.” Siyanga, po.

²⁵⁹ Magsilabas kayo sa mga nakasisilaw na ningning na iyan, na nasa gitna ng kadiliman, itong madilim na panahon na ating kinabubuhayan ngayon. (Mayroon na lamang mga limang minuto pang natitira.) Sa gitna ng kadiliman, sino ang maglalabas sa munting Nobya? Sino ang nakakaalam tungkol Dito? Ang Punong Tagapagdisenyo. Oh, siyanga. Mula sa lahat ng kalituhan sa nakasisilaw na ningning na ito!

Dito, ang Methodist ay naglalabas ng nakasisilaw na ningning sa isang paraan, ang Baptist ay sa iba naman, ang Presbyterian ay sa iba rin, at ang mga Pentecostal ay sa iba naman, lahat na ng mga nakasisilaw na ningning na ito sa paligid. Sila ay humahayo, inilagay ang pangalan nila sa dako *rito*, sa nakasisilaw na ningning dito; tapos malalaman mo, may isang kung anong bagay doon. At pupunta naman sa *ganito*; at may isang kung anong bagay doon. Pupunta sa *ganito* . . .

²⁶⁰ Katulad ng sinabi ko sa paring iyon, “Kung kayong lahat ang orihinal na iglesya, at kayo ay nagsisunod sa doktrina ng mga lalaking ito na umupong magkakasama noon sa Nicea, bakit wala kayong kapangyarihan na taglay nila doon noon sa pasimula kung ganoon? Kita n’yo? Bakit hindi ninyo ginagawa ang mga bagay na kanilang ginawa noon, na sinabi ni Jesus?”

Sabi, “Oh, mas marami kaming mga tao ngayon. Kami, tayo ay nabubuhay sa iba nang kapanahunan.”

²⁶¹ Sabi ko, “Ngunit ang Salita ay hindi nagbabago. Sabi Niya, ‘Ang mga tandang ito ay lalaki sa kanila sa lahat ng mga

kapanahunan. Ang mga langit at lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Salita ay hindi lilipas.' Iyon na nga."

Sabi niya, "Buweno, ikaw ay nangungusap tungkol sa Biblia."

²⁶² Sabi ko, "Oo, ang Salita, na si Cristo." Tama iyan. At kaya hayan na. Kita n'yo?

²⁶³ At sa nakasisilaw na ningning na ito, ang Methodist ay ipinapakita ang sa kanila, ang Baptist ay ipinapakita ang sa kanila, ang Presbyterian ay ang sa kanila, bawat isa ay lumalago nang lumalago, sa tuwina.

Ang kawawang munting Nobya, nasaan na Siya? Siya ay tumakbo rito sa Pentecostal Oneness, sandali; inilagay Niya ang Kanyang pangalan doon, at sinasabi Niya, buweno . . . Tapos malalaman mo, tingnan ninyo kung ano ang kanilang ginagawa. At sila ay pumunta sa banda rito, at, "Dapat kayong umanib sa amin. Kung hindi kayo kaanib sa iglesya namin, ni hindi man lang kayo kabilang sa Nobya. Kayo ay wala kahit ano pa." Pumunta naman sa banda rito sa Assemblies, at tingnan ninyo kung ano ang mayroon sila; hayan na naman kayo. Pumaroon kayo sa mga Baptist, tingnan n'yo kung ano ang mayroon sila. Tingnan n'yo ang mga Presb- . . .

²⁶⁴ Ano na ang mangyayari sa kawawang Iyon? Kita n'yo? Ngunit Siya ay lilitaw. Huwag kayong mag-alala. Siya ay mapaparoon.

²⁶⁵ Isang lalaki ang nagsabi, dito mga ilang taon na ang nakakaraan. Siya ay nandoon sa New Mexico. Ako ay nagdaos ng isang pagtitipon doon malapit sa Carlsbad Caverns. Narinig na ninyo ang tungkol sa kanila doon, ang dakilang . . . At dinala nila ang isang lalaki at ang asawa nito, at isang pangkat ng mga bata, sumakay sa elevator na ito, bumaba hanggang sa pinakailalim ng hukay. At nang makababa na sila doon, isinara nila ang lahat ng ilaw. At nang isara na nila ang lahat ng mga ilaw, naging napakadilim na.

Pinagawa ko iyan sa kanila rito sa mga harding ito dito, at minsan ay doon sa Colorado, ang aking asawa at ako, doon noon, naroon kami. At binuksan nila ang mga ilaw. Naku, ilagay mo ang kamay mo nang *ganito*, wala kang makikita kahit na ano.

At may isang maliit na batang babae na nakatayo doon, at nagsimula siyang sumigaw, "Oh!" Nagsisisigaw. Siya, siya ay halos mamatay na sa takot, napakadilim noon. Ang kawawang bata ay nangangapa na kung saan-saan, at pinipilit na sumigaw at tawagin ang kanyang tatay, nanay, sa lahat ng dako. Hindi niya talaga matiis iyon, iyon ay napakadilim. Hindi pa siya nakakita ng ganoong kadiliman.

²⁶⁶ At ganyan halos ang nangyayari ngayon. Tama iyan. Napakadilim na hindi mo na alam kung saan pupunta. Pumunta

ka sa Methodist, pumunta ka sa Baptist, pumunta ka sa Presbyterian, lahat ng ito ay pare-pareho lang, kita n'yo, kinakain ang matagal nang patay na iyan, na nabubulok na manna na may mga uod sa loob. Kita n'yo, gayon ding bagay, isang kung anong kredo, "Pumasok at umanib sa *ganito*, at sa iba pa, sa *ganyan*," na lumang kredo at lahat na. Hindi ninyo makikita si Cristo doon sa loob. Kita n'yo? Oh, makikita ninyo ang mga taong may sariling katwiran, . . .? . . . Marami ang mga mabubuting tao na naroon ngayon, sa loob ng mga denominasyong iyon. Ang aking sinasabi ay ang sistema, hindi ang mga tao na naroon. Ngunit, kita n'yo, iyon ang kanilang mga kinakain. Sabihin ninyo sa kanila ang tungkol dito!

At *Narito* ang sariwang Pagkain!

²⁶⁷ At itong munting batang babae na nakatayo doon, sumisigaw siya, nang napakalakas, halos malapit nang maghistrya; halos katulad na ng munting Nobya. Ngunit alam ba ninyo kung ano? Sumigaw ang kanyang munting kapatid na batang lalaki, sabi, "Munti kong kapatid na babae, huwag kang matakot." Dahil, siya ay nakatayo sa tabi mismo ng inhinyero. Sabi, "Mayroon ditong isang lalaki na makapagbubukas ng mga ilaw."

Huwag kang matakot, munti kong Kapatid na babae, may isang Lalaki rito na Siyang makapagbubukas ng Ilaw. Magagawa Niyang bigyang-buhay ang Salitang ito. Hindi natin alam kung papaano Siya darating. Hindi natin alam kung papaano, kung kailan Siya darating. Wala akong alam kahit ano tungkol diyan. Ngunit Siya ay nandito, at magagawa Niyang buksan ang mga Ilaw. Papaano tayo makalalabas mula dito? Hindi ko alam. Ngunit Siya ay naririto, at Siya ang Tanging makapagbubukas ng mga Ilaw. Siyanga, po. Siya lang ang Tanging makagagawa. Siya ang Liwanag. Kanya lamang ipapakilala ang Kanyang Sarili, ganyan kung papaano Niya bubuksan ang Ilaw. Talagang tama.

Kinakailangan si Cristo, para mabuksan ang Kanyang mga Liwanag, pagkatapos ay mahahawi na ang lahat ng kadiliman. Pinaghihiwalay Niya. Hinihila Niya palabas ang Kanyang munting Nobya. "Kukuha Ako ng isang bayan mula sa mga Gentil, para sa Aking Pangalan, na tataglayin ang Aking Pangalan." Ano ang Kanyang Pangalan? Hayan. Hindi Methodist, Baptist, Presbyterian, Lutheran. Ito ay Jesus Cristo. Tama iyan.

²⁶⁸ Siya ang Liwanag, ang Katotohanan; ang Liwanag, at walang kadiliman sa Kanya. At hinahawi Niya ang kadiliman kapag Siya ay dumarating, dahil Siya ang Salita. Ang Salita ay ang Liwanag. Tama iyan. Dahil, binigkas Niya at sinabi, "Magkaroon ng liwanag," iyan ang Salita na naging liwanag.

Kapagka binigkas Niya *Ito*, iyon ang Liwanag ng kapanahunang iyan, sa tuwina.

Ngayon Siya ay naririto, sa—sa hindi sa isang nakasisilaw na ningning; ngunit ang mga tao ay nabubuhay sa nakasisilaw na ningning. Ngunit Siya ang pinatunayang Salita. Siya ang ganap na—na Liwanag sa panahon ng kadiliman. Siyanga, po. Ang lahat ng mga huwad na nakasisilaw na ningning na ito at mga ganung bagay ay maglalaho. Siyanga, po. Siya ay naririto. Huwag kayong matakot. Buksan ang mga Liwanag, ang Kanyang ipinangakong Salita. Ito ay nabubuhay. Ginagawa Nito na . . .

“Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa, ay inyo ring gagawin.” Kung ganoon, ito ay ang Salita. “Kung paanong sinugo Ako ng Ama, ay gayon din naman na sinusugo Ko kayo.” Ang Ama na nagsugo sa Kanya, ay nanahan sa Kanya. Ang Jesus na magsusugo sa inyo, ay mananahan sa inyo. At ang mga gawang Kanyang ginawa noon, ay ginagawa Niya ang gayon ding bagay, dahil (bakit?) ang Salita ay nagkatawang-tao, sa laman ng isang tao, na inihahayag ang Sarili Nito bilang siyang Liwanag sa panahong ito. Hayan na tayo. Hayan na. Ito lamang ay nagpapakita ng daan patungo sa Liwanag, sa naturang Liwanag. Ang matatalinong mga tao, na hindi nabulag ng mga kredo at denominasyon, ay magsisilakad sa loob ng Liwanag na iyan. Oh, naku!

²⁶⁹ May isang Lalaki rito na makapagbubukas ng mga Ilaw, siyanga. Ano ang Kanyang ginagawa? Sa pamamagitan ng pagpapatunay sa Kanyang Salita para sa panahong ito. Si Jesus, ang Anak ng Diyos, na Siyang nangako ng Salita para sa panahong ito, ay naririto mismo kasama natin.

Huwag kayong matakot. Huwag ninyong pansinin kung ano ang kanilang mga ginagawa; kapag ginawa ninyo, kayo ay lalakad sa kadiliman.

Maging matalino kayo. “Sila na mga kumikilos sa matalinong paraan,” sabi ni Daniel, “sa mga huling araw na ito, ay gagawa ng kabayanihan para sa kanilang Diyos.” Kita n’yo? Kita n’yo? Sila ay lalakad sa Liwanag, na tulad Niya na nasa Liwanag.

²⁷⁰ Huwag kayong mag-alala. Maaaring madilim, na para bang pupuwersahin nila tayo, ang bawat isa. Lahat ng mga ito, nakita ninyo ang kanilang lumabas na proklamasyon, “Lahat ng mga maliliit na iglesyang ito at mga bagay-bagay ay dapat na magsipasok ngayon. Kailangan ninyong pumasok,” kung hindi ay pagsasarhan nila kayo. Gagawin nila iyon.

²⁷¹ Ngayon gusto nating matamaan iyan nang husto, ngayong gabi, kapag nakarating ako sa pagkakataong ito, kita n’yo.

²⁷² Ngayon, sila, “Magsasara na tayo.” Kailangan na kabilang kayo sa kanila, o hindi. Kayo ay—kayo ay nasa loob niyan, o

kayo ay wala nang magagawa pa, ni hindi kayo makabibili o makapagbebenta man. Hayan na. Huwag kayong mangangahas na manalangin para sa mga maysakit. Kung kayo ay mahuhuli na nagmiministeryo sa kahit sinong taong may sakit o sinuman na may espirituwal na bagay doon, kayo ay saklaw ng isang batas pederal, para bitayin. Talagang tama iyan. Kita n'yo? Alam n'yo iyan. Tama iyan. Nasa mga dokumento nila iyon. Siyanga, po. Kaya, hindi ninyo ito maaaring gawin, kailangang kayo ay makabilang sa kulto.

Kapatid, may sasabihin ako sa iyo. Mabuti pa'y tanggapin mo na si Cristo nang tiyak sa iyong puso ngayon mismo, dahil darating ang panahon kung saan talagang kakailanganin mo iyan. Ikaw ay nasa labas na sa panahong iyon. Tandaan ninyo, kapag ang tatak na iyan ay nailagay na, mananatili na siyang lagi doon. Kita n'yo? Kaya, huwag ninyo itong gagawin. Huwag ninyong paniniwalaan ang mga bagay na iyan. Kayo ay pumasok na mismo kay Cristo ngayon mismo, ang Salita. Siyanga, po.

²⁷³ Pinatutunayan ang Salita, at ipinapakita na ito ay ang Liwanag sa panahon na ito. Ganyan natin nalalaman na Siya ang Liwanag, dahil Siya ay ang Liwanag na inihahayag ang Sarili Nito sa laman.

Papaano natin malalaman? Siya ang Salita ng Diyos na nagkatawang-tao. Nakita ninyo, ang Salita ng Diyos ay ipinapakita ang Sarili Nito, pinatutunayan ang Kanyang Sarili, kapag ang Mesiyas ay dumating, iyan ay kung ano ang Kanyang gagawin.

²⁷⁴ Sinabi ng babae, sa may balon, “Kapag dumating ang Mesiyas, ay gagawin Niya ang mga bagay na ito. Ikaw na marahil ang Propetang iyon, na siyang Salita, na una nang sinasabi sa amin ang mga bagay na ito.”

²⁷⁵ Sinabi Niya, “Ako nga Siya.” Kita n'yo? Iyon ay sapat na. Ang Liwanag ay nagliwanag sa ipinangakong Salita. Hayun ang Liwanag.

²⁷⁶ Agad siyang nagtungo sa bayan, sabi, “Halikayo, tingnan ninyo ang isang Lalaki Na nagsabi sa akin ng mga bagay na aking ginawa. Hindi ba't ito ang mismong Mesiyas?” Hayun na. Kita n'yo? Kahit ano pa ang sabihin ng iba, alam niya na iyon nga ang Mesiyas.

²⁷⁷ Tandaan, sa bawat kapanahunan, sa panahon ng kadiliman, ang Diyos ay dati nang laging taglay ang Kanyang Salita upang ihiwalay ang Liwanag mula sa dilim.

Mayroon Siya Nito noong panahon ni Luther, nang ang iglesyang Katoliko ay mayroon nang lahat-lahat na; isinugo Niya si Luther bilang isang nagliliwanag na Liwanag, at inihiwalay ni Luther ang Katotohanan mula sa kadiliman.

At nang ang mga Lutheran ay nagkaligaw-ligaw na, gumawa Siya ng isang John Wesley, at inihwalay niya ang Liwanag mula sa kadiliman.

At noong panahon ng pentecostes, nang ang Wesleyan ay maging labis na . . . at ang Methodist ay nagkagulo-gulo na, at ang Baptist, at Presbyterian, isinugo Niya ang mensahe na pentecostal upang ihiwalay ang Liwanag mula sa kadiliman.

Ang Pentecostal ay bumalik mismo doon sa kadiliman muli, katulad niyan, sa kanilang organisasyon, dinala ang kanilang mga kredo at mga ganung bagay.

Ngayon ang panahon ay dumating na para mapagtibay ang Salitang ito. Isinusugo Niya ang Liwanag, ang Salita na nahayag, katulad ng ginawa Niya noong pasimula; isinusugo ang Salita, at pinatutunayan Nito ang Sarili Nito. Mayroong Liwanag, at lagi Siyang naghiiwalay. Katulad din naman ngayon, bilang Walang Hanggang munting mga Liwanag sa pasimula.

²⁷⁸ Habang nakatingin sa inyo mga anak, gaya ng sabi ko, ako ay lampas na sa oras ngayon nang limang minuto. Ngunit hayaang sabihin ko sa inyo itong isang bagay na ito.

May isang Lalaki na naririto! Huwag kayong matakot, kahit ano pa ang sabihin nila. Nakita ko na itong umabot sa isang punto kung saan hindi ko na alam kung saan susunod na kikilos, subalit Siya ay laging naririto. Ang hindi nabibigong Presensiya, Siya ay laging nariryan. Magagawa Niyang buksan ang Ilaw. Siyanga, po. Siya ay naghiihintay lamang, tinitingnan kung ano ang inyong gagawin. Magagawa Niyang kalabitan ang switch anumang oras Niya gustuhin. Siyanga, po.

²⁷⁹ May isang Lalaki rito na makapagbubukas ng mga Ilaw. “Silang mga naroon sa mga dako ng anino ng kamatayan,” ang iba sa kanila ay nasa ilalim ng kanser, ang iba sa kanila ay nasa ilalim ng kamatayan ng denominasyon, ang iba sa kanila ay nasa ilalim ng mga kredo ng kamatayan, ang iba sa kanila ay nasa ilalim ng kamatayang hatid ng mga tradi-tradisyon, at lahat ng mga uring iyon ng kamatayan, “at nakakita sila ng isang dakilang Ilaw.” Ang Lalaki na nagpakislap ng mga Liwanag noon, ay ang Siya Ring nagsabi, sa pasimula, “Magkaroon ng liwanag.” Ang siya ring Diyos na iyon, “kahapon, ngayon, at magpakailanman,” Siya ay naririto ngayon, dito mismo ngayon. Huwag kayong matakot. Magagawa Niyang buksan ang mga Ilaw.

Kapag ang pag-uusig ay dumating na, huwag kayong matakot. Mayroong Liwanag, na nagsabi na Kanyang aagawin palayo ang Kanyang bayan. Hindi Siya daraan sa kapighatian. Hindi Siya kailanman mapupunta roon. Sinabi Niya na hindi Siya maparoroon. Siya ay aagawin papalayo. “Papaano nila iyon gagawin, Kapatid na Branham? Para bang napakadilim!”

Kahit gaano pa dumilim nang dumilim, hindi mo makita ang kamay mo sa iyong harapan, tandaan lamang, na may isang Lalaki rito na makapagbubukas ng Ilaw. Kanyang Aagawin ang Iglesyang iyan.

Sasabihin mo, “Buweno, ako’y nasa mismong . . .”

²⁸⁰ Oo, sina Shadrac, Meshac, at Abednego, ay naroon na noon mismo sa naglalagablab na pugon, ngunit may isang Lalaki doon Na makapagpapahihip ng hangin. Siyanga, po. Ang humahagibis na Hanging malakas na iyon na bumaba noong Araw ng Pentecostes, muli Niya Itong binuksan at pinaypayan ang lahat ng simoy ng hangin palayo sa kanila, ang lahat ng apoy. May isang Lalaki noon doon; Siya ay tinawag na “ikaapat na Lalaki.”

²⁸¹ Mayroong Isa rito ngayon. Siya ang Kaisa-isang iyon. Aleluya! Nasa Kanyang mga kamay ang switch ng Ilaw. “Silang mga naroon sa mga dako ng anino ng kamatayan, isang dakilang Liwanag ang lumitaw.” Huwag ninyo Itong tanggihan. Tanggapin ninyo Ito, sa Pangalan ng Panginoon. Habang ating iniyuyuko ang ating mga ulo sa ilang sandali lamang.

We’ll walk in the Light, beautiful Light,
Come where the dewdrops of mercy are bright;
Shine all around us by day and by night,
Jesus, the Light of the world.

We’ll walk in the Light, it’s such a beautiful
Light,
It comes where the dewdrops of mercy are
bright;
Shine all around us by day and by night,
Jesus, the Light of the world.

Come, ye saints of Light, proclaim,
Jesus, the Light of the world;
Then the bells of Heaven will ring,
Jesus, the Light . . .

Ano ito? Ang pinatotohanang Salita ay si Jesus ngayon. Siya ang Salita.

We’ll walk in this Light, it’s such a beautiful
light,
It comes where the dewdrops of mercy are
bright;
Oh, shine all around us by day and by night,
Jesus, the Light of . . .

²⁸² Habang nakayuko ang inyong mga ulo. Iniisip ko kung ilan dito ang gustong lumakad sa Liwanag na ito, sa ilalim ng pangunguna ng Espiritu Santo, ang pinatotohanang Salita sa panahon na ito? Kita n’yo? Ang Salita na ipinangako ng Diyos sa panahon na ito, ang makita Ito na nahahayag!

Hindi ba't iyan ang kung ano Siya noon sa pasimula? Siya ang Salita. Ang Anak na Lalaki ay isinilang; Siya ang Salita. Siya ang Mesiyas; Siya ang pinatunayang Salita. Kaya nga ang Salita, binigkas ng Diyos ang sim-. . . ang katapusan magmula pa sa pasimula.

²⁸³ Ngayon mayroong Salita para sa panahong ito, at naririto Siya na pinatutunayan ang Salitang iyan.

Sa gitna ng kalituhan, kadiliman at mga nakasisilaw na ningning, ito ay halos katulad na katulad Nito, ngunit hindi naman Ito iyon. Hindi nito pinatutunayan na Ito nga iyon; ang kredito.

²⁸⁴ Sinabi ni Jesus, "Kung Ako ay nagpapalayas ng mga demonyo sa pamamagitan ng daliri ng Diyos, sa pamamagitan nino ninyo pinalalayas ang mga ito?" Hindi naman nila pinalayas ang mga iyon. Kita n'yo? "Ngunit, hindi, kung Ako ay nagpapalayas ng demonyo sa pamamagitan ng daliri ng Diyos, kung ganoon ang Kaharian ng Diyos ay lumapit na sa inyo."

Oh, isipin natin 'yon, habang itinataas natin ang ating mga kamay. Dahan-dahan ngayon, at isipin, nang totoong tahimik.

We'll walk in this Light, this is such a beautiful
Light,
And it comes where the dewdrops of. . .

Gawin ninyo ang inyong pagpapahayag. Manampalataya kayo sa Diyos ngayon.

Shine all around us by day and by night,
Jesus, the Light of the world.

We'll walk in the Light, it's such a beautiful
Light,
It comes where the dewdrops of mercy are
bright;
Shine all around us by day and by night,
Jesus, the Light of the world.

²⁸⁵ Habang sila ay patuloy na tumutugtog, may gusto akong itanong. Ang bawat kapanahunan ay naging gayon din. Noong panahon ni Noe, silang mga tumanggi sa Liwanag, ano ang kanilang ginawa? Nagsilabas sila patungo sa paghatol ng Diyos. Ano ang nangyari kay Faraon noong panahon ng Liwanag ng nagliliyab na mababang punong kahoy, na nakay Moises noon? Lumakad patungo sa dagat ng kamatayan. Ano ang nangyari kay Dathan na nakapag-umpisa na at pagkatapos ay tinanggihan ang Liwanag? Lumakad patungo sa bitak ng lupa; nilamon siya nito. Ano ang nangyari sa lahat ng mga kapanahunan, doon sa mga nabigong lumakad sa Liwanag, sa Liwanag sa panahong iyon?

Ito ay si Jesus sa lahat ng panahon. Ito ay si Jesus noong panahon ng mga taong iyon. Ito ay si Jesus sa araw na ito, dahil

Siya ang Salita, at ang Salita ang gumagawa ng Liwanag. Ito ang Liwanag sa panahon na ito.

Isipin n'yo iyon ngayon, nang totoong tahimik, habang tayo ay may katapatan, tanungin, kayo ba ay lumalakad sa Liwanag? Habang inihihiging natin itong muli. [Si Kapatid na Branham at ang kongregasyon ay nagsimulang ihiging ang, *Jesus, The Light Of The World*—Pat.]

. . . beautiful Light,
Comes where the dewdrop of mercy are bright;
Shine all around us by day and by night,
O Jesus, the Light of the world.

Magsitayo tayo ngayon.

²⁸⁶ Dalangin ko sa Makalangit na Ama na hayaan ang Mensaheng ito na tumagos nang malalim sa mga puso ng mga taong naririto, at doon sa mga makaririnig Nito sa pamamagitan ng teyp. At nawa ang Liwanag ay dumating sa Salita, ang Binhi, at pasibulin ang bawat itinalagang Binhi na naitanim dito sa iba't ibang mga nakasisilaw na ningning at mga organisasyon. Makakita nawa sila na gaya ni Nicodemo, kahit na sila ay kailangan pang “dumating nang gabi,” ay magsiparoon pa rin sa Liwanag. Ipagkaloob Mo po ito, Ama.

²⁸⁷ May dumating nawa na dakilang usaping ito, ng Batong ito na natibag mula sa bundok, nang hindi ginamitan ng mga kamay. Dudurugin nito nang husto ang mga kaharian ng mga Gentil na ito, ang lahat ng mga kahariang ito, espirituwal na mga kaharian at natural na mga kaharian. At ang naturang Bato ay sasakop sa buong lupa; ito ay magiging isang dinalisay na gawain. Sila na mga dinurog ng Bato ay pupulbusin; sila na nahulog sa ibabaw ng Bato na iyan ay magkakaroon ng matatag na saligan.

²⁸⁸ O Cristo, pahintulutan Mo po ako, bilang Iyong lingkod, na mamatay sa ibabaw ng Batong ito, sa Batong ito ng Iyong Salita. Panginoong Diyos, pahintulutan akong manindigan, katulad ni David, at nilang mga mandirigma ng unang panahon na nanindigan para kay David, pahintulutan akong manindigan para sa Salitang ito ngayon habang aking nakikita na Ito ay tinanggihan ng mga denominasyon. Ito ay nakahimlay dito sa isang munting pahingahan sa isang kung saang dako. O Diyos, ako . . . Ipagkaloob na kami ay magkaroon ng kalakasan at katapangan, at ng Espiritu Santo, upang manindigan, sapagkat ang mga oras ay padilim na nang padilim.

Ngunit itulot nawa na lagi naming alalahanin na Ikaw ay naririto upang buksan ang Ilaw. Sa anumang oras na gustuhin Mo, maaari Mo pong buksan ang Ilaw, Ama. Kaya dalangin po namin . . .

²⁸⁹ Katulad ng Iyong sinabi, “Kayo ang mga Ilaw ng sanlibutan.” Ipagkaloob Mo po, Panginoon, na ang aming mga Liwanag, na para sa Iyong gawain, ay magliwanag nang

napakaliwanag sa iba, nang sa gayon ay makita nila ang Liwanag ng Ebanghelyo habang ipinamumuhay namin ito, Panginoon, sa araw-araw, na ipinapakita sa kanila ang Buhay ni Jesus Cristo gaya nang Siya ay narito pa noon sa lupa; puspos ng kapakumbabaan at pagkamagiliw, gayunman ay kasama ng Salita na naipamumuhay sa pamamagitan Niya mismo. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

Sapagkat, kami ay umaasa sa Iyo, ang dakilang Iyon na may taglay na switch sa kamay. Hawak Mo po ang mundo sa Iyong kamay. Hawak Mo po ang lahat ng mga bagay sa Iyong kamay, at pinananatili ang mundo sa pamamagitan ng Iyong Salita.

O Ama, tulutan kaming tanggapin ang Salita; maaari po ba, pakiusap, Panginoon? Nawa iyan ang maging patotoo at siyang nais ng bawat puso na naririto.

²⁹⁰ Ama, habang aming inaawit ang mga himno na ito. . . Nang si David ay umawit ng mga himno, ang mga ito ay naging propesiya. Ang mga iyon ay mga propesiya, at ang mga ito ay Iyong kinilala, na propesiya. Habang inaawit namin ito, Panginoon, itulot na mapasa aming puso rin ito, habang aming inaawit ang, “We’ll walk in this Light.” Maging gayon nawa ito, Panginoon.

Ito ay isang magandang Liwanag. Ito ay ang Salita. Ito ay si Cristo na nabubuhay sa kalagitnaan natin. Hindi sa kung ano Siya noon; kung ano Siya ngayon, at, alam namin na kung ano Siya noon ay ipinapakita lamang kung ano Siya ngayon. At kami ay dumadalangin, Ama, na mauunawaan ng mga tao at lalakad dito sa magandang Liwanag na ito. Amin itong hinihiling sa Pangalan ni Jesus.

²⁹¹ At habang tayo ay nananatiling nakatayo nang ilang sandali, nais kong umawit tayong lahat.

²⁹² Ngayon dito sa loob ay mayroong Presbyterian, Methodist, Katoliko. Ito ay isang magkakahalang mga nagsidalò, pagdating sa denominasyonal.

²⁹³ Ngayon tandaan, dapat na malaman, na ako ay hindi nagsasalita ng laban sa mga tao na nasa mga nakasisilaw na ningning na ito. Ngunit napatunayan ko na ito, sa Biblia, na ang mga ito ay mga nakasisilaw na ningning. Kung hindi, si Cristo ay gagawin ang katulad ng Kanyang ipinangako na gagawin, sa kanila. Kita n’yo? Ngunit kanila Itong tinatanggihan. Kita n’yo? At kapag kayo ay nakarating doon, ano ang inyong matatagpuan? Isang “umanib ka sa iglesya, bigkasin mo ang kredo.” At ano ang kinahihinatnan nito? Pagdating ninyo sa dulo ng daan, matutuklasan ninyo na ito pala ay isang huwad, isang malikmata.

Si Cristo ang Salita. Siya ang Liwanag. Mabuhay na ngayon, habang maaari pa kayong mabuhay. Mabuhay kayo para sa isang bagay.

²⁹⁴ Para sa ano ka nabubuhay? Para ikaw ay mamatay. Bawat isa sa inyo, para saan at naghahanapbuhay ka? Para makakain. Ano ang dahilan at ikaw ay kumakain? Para mabuhay. Ano ang dahilan at nabubuhay ka? Para mamatay.

Kaya nga bakit hindi kayo mamuhay para mabuhay? Bakit hindi mamuhay para mabuhay? Kung ganoon, ang tanging paraan para kayo ay mabuhay ay tanggapin ang Salita. Sapagkat, “Ang tao ay hindi lamang sa tinapay nabubuhay,” kung ano ang ating nakukuha mula sa sarili nating pinagpaguran, “kundi sa pamamagitan ng bawat Salita na lumalabas sa bibig ng Diyos.” Ngayon ang Salita ng bibig ng Diyos ay pinapatunayan na mismo dito sa ating harapan, sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Mamuhay kayo sa pamamagitan Nito, maaari ba?

²⁹⁵ Ngayon nais ko, habang inaawit natin itong muli, tayo lamang bawat isa ay tumayo lamang sa ating lugar, abutin at hawakan ang mga kamay ng iba, at sabihin, “Kapatid, tayo nang lumakad sa Liwanag na ito,” habang ating inaawit ang *Walk In The Light*. Maaari ba? Ipanalangin ninyo ang bawat isa habang kayo ay nagkakapit-kamay, habang inaawit natin ito nang sabay-sabay; na nakapikit ang ating mga mata, hangga’t maaari.

We'll walk in the Light, such a beautiful Light,
It comes where the dewdrops of mercy are
bright;
Shine all around us by day and by night, (Sino
Ito?)
Jesus, the Light of the world.

Ngayon itaas natin ang ating mga kamay.

We'll walk in the Light, it's a beautiful Light,
Come where the dewdrops of mercy are bright;
Shine all around us by day and by night,
O Jesus, the Light of the world.
Come, all ye saints of Light, proclaim, (Ano nga
ito?)
Jesus, the Light of the world;
Then the bells of Heaven will ring,
Jesus, the Light of the world.

Lahat tayo, awitin natin ito nang malakas ngayon.

We'll walk in the Light, and it's a beautiful
Light,
Come where the dewdrops of mercy are bright;
Shine all around us by day and by night,
Jesus, the Light of the world.

²⁹⁶ Habang nakayuko ang ating mga ulo ngayon. Alalahanin noong ang Israel ay nasa kanilang paglalakbay, na kumakain ng

bagong manna araw-araw, sila ay lumakad sa Liwanag ng isang Haliging Apoy. Ang Haliging Apoy na Iyan ay si Jesus Cristo. Sinasabi ng Biblia na Iyon nga. At ngayon Siya ay kasama natin; Ito ay nasa sa atin. Alam natin na Siya ay kasama natin; ang siya ring Haliging Apoy, na ginagawa ang gayon ding mga bagay na Kanyang ginawa noong Siya ay naririto pa noon sa lupa, upang tuparin ang Kanyang Salita.

²⁹⁷ Sa ating pag-alis dito, ating tandaan, ingatan natin sa ating mga puso ang awiting iyan habang tayo ay pauwi sa ating mga tahanan, habang ang mga gulong ay humihiging ng isang awitin. Bago kayo kumain ng hapunan, iyuko ang inyong ulo at pasalamatang ang Diyos sa pagpapadala ng liwanag upang magdala ng pagkain sa ibabaw ng lupa, para sa inyong pisikal na katawan. Pagkatapos ay pasalamatang ang Diyos sa pagpapadala ng espirituwal na Liwanag, ang Kanyang Salita, upang Kanyang mabigyan ng Pagkain ang kaluluwa. “Sapagkat hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salita na lumalabas sa bibig ng Diyos.”

²⁹⁸ Patuloy lamang ninyong awitin ang himno na ito sa inyong mga sarili, sa inyong tahanan, sa kalagitnaan ng inyong mga kamag-anak, at makipagtagpo sa amin dito ng mga alas-sais y medya, mamayang gabi, para sa mga prayer card at iba pa. Magkita-kita tayo mamaya. Hanggang sa muli, iyuko ang inyong mga ulo.

²⁹⁹ Aking hihilingin kay Kapatid na Neville kung siya ay aakyat na rito ngayon, ang pastor, at pauwiin tayo sa isang salita ng panalangin.



MAY ISANG LALAKI RITO NA MAKAPAGBUBUKAS NG ILAW TAG63-1229M
(There Is A Man Here That Can Turn On The Light)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Disyembre 29, 1963, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org